



L.A. Care
HEALTH PLAN®

Handbook ng Miyembro

Ang dapat mong malaman tungkol sa iyong mga benepisyo

L.A. Care Health Plan

Ebidensya ng Saklaw (EOC) at Form ng Pagbubunyag

2018



Iba pang wika at format

Iba pang wika

Makukuha mo sa ibang wika nang libre ang Handbook ng Miyembro na ito at iba pang dokumento ng plano. Tawagan ang Member Services ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Toll free ang tawag.

Iba pang format

Makukuha mo ang impormasyong ito nang libre sa iba pang pantulong na tawag, gaya ng braille, 18 point font na malaking print at sa audio. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Toll free ang tawag.

Mga serbisyo ng interpreter

Hindi ka maaaring gumamit ng kapamilya, kaibigan o partikular dito, isang menor de edad bilang interpreter. Para sa libreng interpreter, panglinggwistika at pangkulturang serbisyo at tulong na available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, o upang makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tawagan ang Member Services ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Toll free ang tawag. Mangyaring tumawag sa Member Services nang hindi bababa sa sampung araw ng negosyo bago ang iyong appointment upang makahiling ng mga panglinggwistika at pangkulturang serbisyo. Pakitawagan ang Member Services kung magbabago ang iyong appointment.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Iba pang wika at format

- Free language assistance services are available. You can request interpreting or translation services, information in your language or in another format, or auxiliary aids and services. Call L.A. Care at **1-888-839-9909 (TTY 711)**, 24 hours a day, 7 days a week, including holidays. The call is free.
- Los servicios de asistencia de idiomas están disponibles de forma gratuita. Puede solicitar servicios de traducción e interpretación, información en su idioma o en otro formato, o servicios o dispositivos auxiliares. Llame a L.A. Care al **1-888-839-9909 (TTY 711)**, las 24 horas del día, los 7 días de la semana, incluso los días festivos. La llamada es gratuita.

• خدمات المساعدة اللغوية متاحة مجاناً. يمكنك طلب خدمات الترجمة الفورية أو الترجمة التحريرية أو معلومات بلغتك أو بتنسيق آخر أو مساعدات وخدمات إضافية. اتصل بـ L.A. Care على الرقم **1-888-839-9909 (TTY 711)** على مدار الساعة وطوال أيام الأسبوع، بما في ذلك أيام العطلات. المكالمات مجانية.

- Տրամադրելի են լեզվական օգնության անվճար ծառայություններ: Կարող եք խնդրել բանավոր թարգմանչական կամ թարգմանչական ծառայություններ, Ձեր լեզվով կամ տարբեր ձևաչափով տեղեկություն, կամ օժանդակ օգնություններ և ծառայություններ: Զանգահարեք L.A. Care **1-888-839-9909** համարով (TTY 711), օրը 24 ժամ, շաբաթը 7 օր, ներառյալ տոնական օրերը: Այս հեռախոսազանգն անվճար է:
- 提供免費語言協助服務。您可申請口譯或翻譯服務，您使用之語言版本或其他格式的資訊，或輔助援助和服務。請致電 L.A. Care 電話 **1-888-839-9909 (TTY 711)**，服務時間為每週 7 天，每天 24 小時（包含假日）。上述電話均為免費。

• خدمات رایگان امداد زبانی موجود می باشد. می توانید برای خدمات ترجمه شفاهی یا کتبی، اطلاعات به زبان خودتان یا فرمت دیگر، یا امدادها و خدمات اضافی درخواست کنید. با L.A. Care به شماره **1-888-839-9909 (TTY 711)** در 24 ساعت شبانهروز و 7 روز هفته شامل روزهای تعطیل تماس بگیرید. این تماس رایگان است.

- मुफ्त भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। आप दुभाषिया या अनुवाद सेवाओं, आपकी भाषा या किसी अन्य प्रारूप में जानकारी, या सहायक उपकरणों और सेवाओं के लिए अनुरोध कर सकते हैं। आप L.A. Care को **1-888-839-9909 (TTY 711)** नंबर पर फ़ोन करें, दिन में 24 घंटे, सप्ताह में 7 दिन, छुट्टियों सहित। कॉल मुफ्त है।
- Muaj kev pab txhais lus pub dawb rau koj. Koj tuaj yeem thov kom muab cov ntaub ntawv txhais ua lus lossis txhais ua ntawv rau koj lossis muab txhais ua lwm yam lossis muab khoom pab thiab lwm yam kev pab cuam. Hu rau L.A. Care ntawm tus xov tooj **1-888-839-9909 (TTY 711)**, tuaj yeem hu tau txhua txhua 24 teev hauv ib hnub, 7 hnub hauv ib vij thiab suab nrog cov hnub so tib si, tus xov tooj no hu dawb xwb.
- 言語支援サービスを無料でご利用いただけます。通訳・翻訳サービス、日本語や他の形式での情報、補助具・サービスをリクエストすることができます。L.A. Careまでフリーダイヤル **1-888-839-9909 (TTY 711)**にてご連絡ください。祝休日を含め毎日 24 時間、年中無休で受け付けています。



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909 (TTY: 711)**.

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- សេវាជំនួយខាងភាសា គឺមានដោយឥតគិតថ្លៃ។ អ្នកអាចស្នើសុំសេវាបកប្រែផ្ទាល់មាត់ ឬការបកប្រែ ស្នើសុំព័ត៌មាន ជាភាសាខ្មែរ ឬជាទម្រង់មួយទៀត ឬជំនួយប្រាម៉ែត្រ និងសេវា។ ទូរស័ព្ទទៅ L.A. Care តាមលេខ **1-888-839-9909** (TTY **711**) បាន 24 ម៉ោងមួយថ្ងៃ 7 ថ្ងៃ មួយអាទិត្យ រួមទាំងថ្ងៃបុណ្យផង។ ការហៅនេះគឺឥតគិតថ្លៃឡើយ។
- 무료 언어 지원 서비스를 이용하실 수 있습니다. 귀하는 통역 또는 번역 서비스, 귀하가 사용하는 언어 또는 기타 다른 형식으로 된 정보 또는 보조 지원 및 서비스 등을 요청하실 수 있습니다. 공휴일을 포함해 주 7 일, 하루 24 시간 동안 L.A. Care, **1-888-839-9909** (TTY **711**) 번으로 문의하십시오. 이 전화는 무료로 이용하실 수 있습니다.
- ພາສາອັງກິດ ມີບໍລິການຊ່ວຍເຫຼືອດ້ານພາສາໂດຍບໍ່ເສຍຄ່າ. ທ່ານສາມາດຂໍຮັບບໍລິການນາຍພາສາ ຫຼື ແບບພາສາໄດ້, ສໍາລັບຂໍ້ມູນໃນພາສາຂອງທ່ານ ຫຼື ໃນຮູບແບບອື່ນ, ຫຼື ເຄື່ອງມືຊ່ວຍເຫຼືອ ແລະ ບໍລິການເສີມ. ໃຫ້ໂທຫາ L.A. Care ໄດ້ທີ **1-888-839-9909** (TTY **711**), 24 ຊົ່ວໂມງຕໍ່ມື້, 7 ມື້ຕໍ່ອາທິດ, ວອມເຖິງວັນພັກຕ່າງໆ. ການໂທແມ່ນບໍ່ເສຍຄ່າ.
- ਮੁਫਤ ਭਾਸ਼ਾ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾਵਾਂ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਤੁਸੀਂ ਦੁਬਾਰੀਆਂ ਜਾਂ ਅਨੁਵਾਦ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਜਾਂ ਕਿਸੇ ਹੋਰ ਫੋਰਮੈਟ ਵਿੱਚ ਜਾਣਕਾਰੀ, ਜਾਂ ਸਹਾਇਕ ਉਪਕਰਣਾਂ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ ਲਈ ਬੇਨਤੀ ਕਰ ਸਕਦੇ ਹੋ। L.A. Care ਨੂੰ **1-888-839-9909** (TTY **711**) ਨੰਬਰ ਉੱਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ, ਇੱਕ ਦਿਨ ਵਿੱਚ 24 ਘੰਟੇ, ਹਫ਼ਤੇ ਵਿੱਚ 7 ਦਿਨ, ਛੁੱਟੀਆਂ ਸਮੇਤ। ਕਾਲ ਮੁਫਤ ਹੈ।
- Мы предоставляем бесплатные услуги перевода. У Вас есть возможность подать запрос о предоставлении устных и письменных услуг перевода, информации на Вашем языке или в другом формате, а также вспомогательных средств и услуг. Звоните в L.A. Care по телефону **1-888-839-9909** (TTY **711**) 24 часа в сутки, 7 дней в неделю, включая праздничные дни. Этот звонок является бесплатным.
- Available ang mga libheng serbisyo ng tulong sa wika. Maaari kang humiling ng mga serbisyo ng pag-interpret o pagsasalang-wika, impormasyon na nasa iyong wika o nasa ibang format, o mga karagdagang tulong at serbisyo. Tawagan ang L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday. Libre ang tawag.
- มีบริการช่วยเหลือภาษาฟรี คุณสามารถขอรับบริการการแปลหรือล่าม ข้อมูลในภาษาของคุณหรือในรูปแบบอื่น หรือความช่วยเหลือและบริการเสริมต่าง ๆ ได้ โทร L.A. Care ที่ **1-888-839-9909** (TTY **711**) ตลอด 24 ชั่วโมง 7 วันต่อสัปดาห์รวมทั้งวันหยุด โทรฟรี
- Có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho quý vị. Quý vị có thể yêu cầu dịch vụ biên dịch hoặc phiên dịch, thông tin bằng ngôn ngữ của quý vị hoặc bằng các định dạng khác, hay các dịch vụ và thiết bị hỗ trợ ngôn ngữ. Xin vui lòng gọi L.A. Care tại **1-888-839-9909** (TTY **711**), 24 giờ một ngày, 7 ngày một tuần, kể cả ngày lễ. Cuộc gọi này miễn phí.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).
Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.
O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Abiso laban sa pandidiskrimina

Labag sa batas ang pandidiskrimina. Sumusunod ang L.A. Care sa mga naaangkop na pederal at Pang-estadong karapatang sibil at hindi nandidiskrimina (nambabalewala o nagtatrato ng mga tao sa ibang paraan) sa batayan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, paniniwala, ninuno, relihiyon, wika, edad, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, katayuan ng kalusugan, pisikal o mental na kapansanan, o pagiging kaisa ng sinuman o ng anumang pangkat gaya ng tinutukoy sa Penal Code 422.56, at ibibigay ng L.A. Care ang lahat ng Nasasaklawang Serbisyo sa paraang naaangkop sa wika at kultura. L.A. Care:

- Nagbibigay ng mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang mabisang makipag-ugnayan sa amin, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong sign language interpreter
 - Nakasulat na impormasyon na nasa ibang format (braille, malalaking print, audio, naa-access na electronic format, at iba pang format)
- Nagbibigay ng mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Member Services Department sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Kung naniniwala kang nabigo ang L.A. Care na ibigay ang mga serbisyong ito o nadiskrimina ka sa iba pang paraan sa batayan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, paniniwala, ninuno, relihiyon, wika, edad, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, katayuan ng kalusugan, pisikal o mental na kapansanan, o pagiging kaisa ng sinuman o ng anumang pangkat gaya ng tinutukoy sa Penal Code 422.56, maaari kang maghain ng karaingan sa:

Civil Rights Coordinator
c/o Compliance Department
L.A. Care Health Plan
1055 West 7th Street, 10th Floor
Los Angeles, CA 90017
(213) 694-1250 ext. #6758
Email: civilrightscordinator@lacare.org

Maaari mong itawag ang isang karaingan/reklamo sa Member Services ng L.A. Care – **1-888-839-9909 (TTY: 711)**



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909 (TTY: 711)**.

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Maaari kang maghain ng karainan nang personal, o sa pamamagitan ng liham o email. Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng karainan, handang tumulong sa iyo ang Civil Rights Coordinator.

Maaari ka ring maghain ng reklamo hinggil sa mga karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights, sa electronic na paraan sa pamamagitan ng Office for Civil Rights Complaint Portal, na makikita sa <https://ocrportal.hhs.gov>, o sa pamamagitan ng liham o telepono sa:

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201
1-800-368-1019, 800-537-7697 (TDD)

Makakakuha ng mga form sa pagrereklamo sa <https://www.hhs.gov/ocr/filing-with-ocr>.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).
Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo,
kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.
O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Maligayang Pagdating sa L.A. Care!

Salamat sa pagsali sa L.A. Care. Ang L.A. Care ay planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal. Nakikipagtulungan ang L.A. Care sa Estado ng California upang matulungan kang matanggap ang pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo. Nakikipagtulungan din ang L.A. Care sa apat (4) na Health Plan Partner (ang L.A. Care ay itinuturing din na isang “Health Plan Partner”) upang magbigay ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa aming mga miyembro. Kapag sumali ang isang miyembro ng Medi-Cal sa L.A. Care, maaaring piliin ng miyembro na makatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng anumang Health Plan Partner na nakalista sa ibaba hangga’t available ang piniling plano:

- Anthem Blue Cross
- Care1st Health Plan
- Kaiser Permanente
- L.A. Care Health Plan

Handbook ng Miyembro

Nakasaad sa Handbook ng Miyembro na ito ang tungkol sa iyong saklaw sa ilalim ng L.A. Care. Pakibasa ito nang mabuti at buo. Makakatulong ito sa iyo na unawain at gamitin ang iyong mga benepisyo at serbisyo. Ipinapaliwanag din nito ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng L.A. Care. Kung mayroon kang mga espesyal na pangangailangang pangkalusugan, tiyaking basahin ang lahat ng seksyong naaangkop sa iyo.

Ang Handbook ng Miyembro na ito ay tinatawag ding Pinagsamang Ebidensya ng Saklaw (Evidence of Coverage, EOC) at Form ng Pagbubunyag. Buod ito ng mga panuntunan at patakaran ng L.A. Care at nakabatay sa kontrata sa pagitan ng L.A. Care at DHCS. Kung gusto mong malaman ang mga eksaktong termino at kundisyon ng saklaw, maaari kang humingi ng kopya ng kumpletong kontrata sa Member Services ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711) upang humingi ng kopya ng kontrata sa pagitan ng L.A. Care at DHCS. Maaari ka ring humingi ng isa pang kopya ng Handbook ng Miyembro nang libre o bisitahin ang website ng L.A. Care sa **lacare.org** upang makita ang Handbook ng Miyembro. Maaari ka ring humiling ng libreng kopya ng mga hindi pagmamay-aring klinikal at pang-administratibong patakaran at pamamaraan ng L.A. Care, o kung paano ma-access ang impormasyong ito sa website ng L.A. Care.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Makipag-ugnayan sa amin

Narito ang L.A. Care para tumulong. Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

Maaari ka ring bumisita anumang oras online sa **lacare.org**.

Salamat,
L.A. Care
1055 W. 7th Street
10th Floor
Los Angeles, CA 90017



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).
Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo,
kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.
O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Talaan ng mga nilalaman

1. Pagsisimula bilang miyembro	10
Paano makatanggap ng tulong	10
Sino ang maaaring maging miyembro	10
Mga identification (ID) card	11
Mga paraan upang makisangkot bilang miyembro	11
2. Tungkol sa iyong planong pangkalusugan	13
Pangkalahatang-ideya ng plano	13
Paano gumagana ang iyong plano	14
Pagbabago ng planong pangkalusugan	15
Pagpapatuloy ng pangangalaga	16
Mga gastusin	18
3. Paano makatanggap ng pangangalaga	20
Pagtanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan	20
Saan maaaring tumanggap ng pangangalaga	24
Network ng provider	25
Provider ng pangunahing pangangalaga (PCP)	27
4. Mga benepisyo at serbisyo	34
Ang nasasaklawan ng iyong planong pangkalusugan	34
Mga benepisyo mula sa Medi-Cal	35
Mga benepisyo sa Inisyatiba sa Nakaayos na Pangangalaga (CCI)	46
Ang hindi nasasaklawan ng iyong planong pangkalusugan	47
Iba pang programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal	49
Pag-aayos ng mga benepisyo	50
5. Mga karapatan at responsibilidad	51
Iyong mga karapatan	51
Iyong mga responsibilidad	52
Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado	53
Abiso tungkol sa mga batas	59
Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang huling magbabayad	60
Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian	60
Abiso ng Pagkilos	60
6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema	61
Mga reklamo	62
Mga apela	63
Ang gagawin kung hindi ka sang-ayon sa pasya sa apela	64



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR)	64
Mga Pagdinig ng Estado	65
Panloloko, pagsayang at pag-abuso	66
7. Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman	68
Mahahalagang numero ng telepono	68
Mga salitang dapat malaman	71
8. Mga tip para sa mga miyembro ng L.A. Care	81



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).
 Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo,
 kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.
 O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

1. Pagsisimula bilang miyembro

Paano makatanggap ng tulong

Gusto ng L.A. Care na maging masaya ka sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang anumang tanong o alalahanin tungkol sa iyong pangangalaga, gusto itong malaman ng L.A. Care!

Member services

Narito ang Member Services ng L.A. Care para tulungan ka. Magagawa ng L.A. Care na:

- Sagutin ang iyong mga tanong tungkol sa iyong planong pangkalusugan at nasasaklawang serbisyo
- Tulungan kang pumili ng provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP)
- Ipaalam sa iyo kung saan matatanggap ang pangangalagang kailangan mo
- Mag-alok ng mga serbisyo ng interpreter kung hindi ka nagsasalita ng wikang Ingles
- Mag-alok ng impormasyon sa ibang wika at format
- Mag-alok ng kapalit na bagong ID card
- Tulungan ka sa pagpapalit ng planong pangkalusugan mula sa L.A. Care patungo sa ibang planong pangkalusugan
- Magsagot ng mga tanong tungkol sa bill mula sa isang provider
- Magsagot ng mga tanong tungkol sa mga problemang hindi mo malutas

Kung kailangan mo ng tulong, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

Maaari ka ring bumisita anumang oras online sa lcare.org.

Sino ang maaaring maging miyembro

Kwalipikado ka para sa L.A. Care dahil kwalipikado ka para sa Medi-Cal at nakatira ka sa Los Angeles County. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong saklaw sa Medi-Cal o tungkol sa kung kailan mo kailangang i-renew ang iyong Medi-Cal, pakitawagan ang kawani ng Medi-Cal na nag-aasikaso sa iyong plano. Maaari ka ring tumawag sa Los Angeles Department of Public Social Services sa **1-866-613-3777**. Maaari ka ring maging kwalipikado para sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Social Security. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Social Security o Supplemental Social Income, tumawag sa Social Security Administration sa **1-800-772-1213**. Para sa mga tanong tungkol sa pagpapatala, tumawag sa Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Options, HCO) sa **1-800-430-4263** (TTY: **1-800-430-7077**). O kaya bumisita sa www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lcare.org.



Ang Transitional na Medi-Cal ay tinatawag ding "Medi-Cal para sa mga nagtatrabaho." Makakakuha ka ng transitional na Medi-Cal kung hihinto ka sa pagkuha ng Medi-Cal dahil:

- Nagsimula kang kumita nang mas malaki.
- Nagsimula nang makatanggap ang iyong pamilya ng mas maraming suporta para sa anak o asawa.

Maaari kang magtanong tungkol sa pagiging kwalipikado para sa Medi-Cal sa iyong lokal na county health and human services office. Hanapin ang iyong tanggapan sa iyong lugar sa www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx. O kaya tumawag sa Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan sa **1-800-430-4263** (TTY: **1-800-430-7077**).

Mga identification (ID) card

Bilang miyembro ng L.A. Care, makakatanggap ka ng L.A. Care ID card. Dapat mong ipakita ang iyong L.A. Care ID card at iyong Identification Card ng Mga Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC) sa Medi-Cal sa tuwing kumukuha ka ng anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o inireresetang gamot. Dapat mong dalhin ang lahat ng iyong health card sa lahat ng pagkakataon. Narito ang isang halimbawang L.A. Care ID card upang ipakita sa iyo ang magiging hitsura ng sa iyo:



Kung hindi mo matatanggap ang iyong L.A. Care ID card sa loob ng ilang linggo pagkatapos ng pagpapatala, o kung ang iyong card ay nasira, nawala o ninakaw, tumawag kaagad sa Member Services. Magpapadala sa iyo ng bagong card ang L.A. Care. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Mga paraan upang makisangkot bilang miyembro

Gustong malaman ng L.A. Care ang iyong saloobin. Kada taon, nagkakaroon ng pulong sa L.A. Care upang pag-usapan ang tungkol sa mga bahaging tumatakbo nang maayos at kung paano mapapahusay ang L.A. Care. Iniimbita ang mga miyembro na dulo. Pumunta sa pulong!

L.A. Care Public Advisory Committee

Ang L.A. Care ay may pangkat na tinatawag na L.A. Care Public Advisory Committee. Binubuo ang pangkat na ito ng mga empleyado at miyembro na tulad mo ng L.A. Care. Pinag-uusapan ng pangkat kung paano mapapahusay ang mga patakan ng L.A. Care at pananagutan nito ang:



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

1 | Pagsisimula bilang isang miyembro

- Pagtalakay ng mga isyu tungkol sa Miyembro at planong pangkalusugan.

Kung gusto mong maging bahagi ng pangkat na ito, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Mga L.A. Care Regional Community Advisory Committee (RCAC)

May labin-isang L.A. Care Regional Community Advisory Committee (RCAC) sa Los Angeles County (binibigkas ang RCAC bilang “rack”). Layunin nilang hikayatin ang mga miyembro na magbigay sa L.A. Care Board of Governors ng saloobin na maaaring makaapekto sa mga patakaran, pamamaraan, programa at kasanayan.

Ang mga miyembro ng RCAC ay:

- Nagtatalakay tungkol sa mga isyu sa kalusugan at serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na nakakaapekto sa mga miyembro ng L.A. Care.
- Nagpapayo sa L.A. Care Board of Governors.
- Nagtuturo at nagbibigay-kakayahan sa komunidad tungkol sa mga isyu sa pangangalagang pangkalusugan.

Nagpupulong ang mga RCAC minsan sa isang buwan. Kasama sa mga RCAC ang mga miyembro ng L.A. Care, mga organisasyong nasa komunidad na nakikipagtulungan sa mga miyembro ng L.A. Care, at mga provider ng pangangalagang pangkalusugan. Upang matuto pa tungkol sa mga RCAC, tumawag sa L.A. Care Community Outreach and Engagement Department nang toll-free sa **1-888-LA-CARE2** (1-888-522-2732).

Mga pagpupulong ng Board of Governors

Nagpapasya ang Board of Governors pagdating sa mga patakaran para sa L.A. Care. Maaaring dumalo ang sinuman sa mga pulong na ito. Nagpupulong ang Board of Governors tuwing unang Huwebes ng buwan sa ganap na 2 p.m. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon, tumawag sa L.A. Care sa **1-213-694-1250**.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

2. Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

Pangkalahatang-ideya ng planong pangkalusugan

Ang L.A. Care ay planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal sa Los Angeles County. Nakikipagtulungan ang L.A. Care sa Estado ng California upang tulungan kang matanggap mo ang kailangan mong pangangalagang pangkalusugan.

Maaari kang makipag-usap sa isa sa mga kinatawan ng Member Services ng L.A. Care upang matuto pa tungkol sa planong pangkalusugan at kung paano ito gagana para sa iyo. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Kailan nagsisimula at natatapos ang iyong saklaw

Kapag nagpatala ka sa L.A. Care, dapat kang makatanggap ng ID card ng miyembro ng L.A. Care sa loob ng dalawang linggo mula sa pagpapatala. Pakipakita ang card na ito sa tuwing tatanggap ka ng anumang serbisyong napapailalim sa L.A. Care.

Magkakaroon ng bisa ang pagsaklaw sa ika-1 araw ng buwan pagkatapos makumpleto ang pagpapatala sa isang planong pangkalusugan. Tingnan ang ID card ng miyembro ng L.A. Care na ipinadala sa iyo para sa petsa ng pagsisimula ng pagsaklaw ng insurance.

Maaari mong hilingin na tapusin ang iyong saklaw sa L.A. Care at pumili ng ibang planong pangkalusugan anumang oras. Para sa tulong sa pagpili ng bagong plano, tumawag sa Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan sa **1-800-430-4263** (TTY: **1-800-430-7077**). O kaya bumisita sa www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov. Maaari mo ring hilinging tapusin ang iyong Medi-Cal.

Kung minsan, hindi ka na maseserbisuhan ng L.A. Care. Dapat tapusin ng L.A. Care ang iyong saklaw kung:

- Lumipat ka sa labas ng bansa o ikaw ay napiit sa kulungan
- Wala ka nang Medi-Cal
- Kwalipikado ka para sa ilang partikular na waiver program
- Kailangan mo ng major organ transplant (hindi kasama ang mga bato)
- Mayroon kang ibang saklaw na pangkalusugan na maaaring itinataguyod o hindi ng gobyerno.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

Kung ikaw ay isang mandatoryo o boluntaryong miyembro, maaari ka ring maalis sa pagkakatala sa L.A. Care, kahit ayaw mong umalis, kung:

- Lumahok ka sa anumang pandaraya na may kinalaman sa mga serbisyo, benepisyo o pasilidad ng plano.
- Walang kakayahan ang L.A. Care, sa mabuting kadahilanan, na magbigay sa iyo ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Gagawin ng L.A. Care ang lahat ng makakaya nito upang maibigay ang mga kinakailangang serbisyo. Kung magpapakita ka ng mapagbantang pag-uugali sa ibang miyembro, provider, kawani ng provider o kawani ng L.A. Care, maaaring irekomenda ng L.A. Care na alisin ka sa pagkakatala sa L.A. Care. Kasama sa mga mapagbantang pag-uugali ang:
 - Pagsasagawa ng kapani-paniwalang banta ng karahasan, na itinuturing bilang sinasadya at kusang-loob na pahayag o pagkilos na magbibigay sa isang makatuwirang tao ng pangamba sa kanyang kaligtasan, o sa kaligtasan ng ibang tao
 - Karahasang labag sa batas
 - Nakakaligalig na pagbabantay, tinatawag ding “stalking” na kusang-loob, may masamang hangarin at paulit-ulit na pagsunod sa mga provider, kawani ng provider, o kawani ng L.A. Care
 - Mga mapagbantang tawag sa telepono, liham o iba pang uri ng mapagbantang nakasulat o electronic na pakikipag-ugnayan para sa mga provider, kawani ng provider, o kawani ng L.A. Care
 - Hindi awtorisadong pagkakaroon o hindi angkop na paggamit ng baril, armas o anumang iba pang mapanganib na gamit sa lugar ng provider o ng L.A. Care
 - Sinasadyang pagsira o pagbabantang pagsira ng ari-ariang pagmamay-ari, pinapatakbo, o kinokontrol ng mga provider, planong pangkalusugan, o L.A. Care

Kung ikaw ay American Indian, may karapatan kang makatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga pasilidad ng serbisyong pangkalusugan para sa Mga Indian. Maaari ka ring manatili o umalis sa L.A. Care habang tumatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga lokasyong ito. Ang mga American Indian ay may karapatang huwag magpatala sa isang managed care plan ng Medi-Cal o maaaring iwan ang kanilang mga planong pangkalusugan at bumalik sa regular (fee-for-service) na Medi-Cal anumang oras at para sa anumang dahilan. Upang matuto pa, pakitawagan ang Indian Health Services sa **1-916-930-3927** o bisitahin ang website ng Indian Health Services sa **www.ihs.gov**.

Paano gumagana ang iyong plano

Ang L.A. Care ay isang planong pangkalusugan na nakakontrata sa DHCS. Ang L.A. Care ay isang pinamamahalaang plano sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga pinamamahalaang plano sa pangangalaga ay matipid na paggamit ng mga mapagkukunan sa pangangalagang pangkalusugan na nagpapahusay sa pag-access sa pangangalagang pangkalusugan at nagtitityak sa kalidad ng pangangalaga. Nakikipagtulungan ang L.A. Care sa mga doktor, ospital, parmasya at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa pinagseserbisyuhang lugar ng L.A. Care upang makapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa iyo, ang miyembro.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Sasabihin sa iyo ng kinatawan ng Member Services ng L.A. Care kung paano gumagana ang L.A. Care, paano matatanggap ang pangangalagang kailangan mo, paano magpaikedyul ng mga appointment sa provider, at kung paano malalaman kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo sa transportasyon.

Upang matuto pa, tumawag sa Member Services ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY: 711). Makakakita ka rin ng impormasyon sa serbisyo online sa [lacare.org](https://www.lacare.org).

Pagbabago ng planong pangkalusugan

Maaari kang umalis sa L.A. Care at sumali sa ibang planong pangkalusugan anumang oras. Tumawag sa Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan sa **1-800-430-4263** (TTY: **1-800-430-7077**) upang pumili ng bagong plano. Maaari kang tumawag sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes, o bisitahin ang <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>.

Nagtatagal nang 45 araw upang maproseso ang iyong kahilingan na umalis sa L.A. Care. Upang malaman kung naaprubahan ng Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan ang iyong kahilingan, tumawag sa **1-800-430-4263** (TTY: **1-800-430-7077**).

Kung gusto mong umalis sa L.A. Care nang mas maaga, maaari kang humiling sa Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan ng pinabilis (mabilis) na pag-alis sa pagkakatala. Kung natutugunan ng dahilan para sa iyong kahilingan ang mga panuntunan para sa pinabilis na pag-alis sa pagkakatala, makakatanggap ka ng liham na naalis ka na sa pagkakatala.

Kabilang sa mga benepisyaryo na maaaring humiling ng pinabilis na pag-alis sa pagkakatala ang, ngunit hindi limitado sa, mga batang nakakatanggap ng serbisyo sa ilalim ng Foster Care o Mga Programa sa Tulong sa Pag-aampon (Adoption Assistance Programs); mga Miyembrong may espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga major organ transplant; at mga Miyembrong nakatala na sa ibang Medi-Cal, Medicare o komersyal na pinamamahalang plano sa pangangalaga.

Maaari mong hilinging umalis sa L.A. Care nang personal sa iyong lokal na county health and human services office. Hanapin ang tanggapan sa iyong lugar sa www.dhcs.ca.gov/services/medical/Pages/CountyOffices.aspx. O kaya tumawag sa Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan sa **1-800-430-4263** (TTY: **1-800-430-7077**).

Mga mag-aaral ng kolehiyo na lumipat sa ibang county

Kung lilipat ka sa ibang county sa California upang magkolehiyo, sasaklawin ng L.A. Care ang mga serbisyo sa emergency sa iyong bagong county. Available ang mga serbisyo sa emergency sa lahat ng nagpatala sa Medi-Cal sa buong bansa, saanman ang kanilang tirahang county.

Kung nakatala ka sa Medi-Cal at mag-aaral ng kolehiyo sa ibang county, hindi mo na kailangang mag-apply para sa Medi-Cal sa county na iyon. Hindi na kailangan ng bagong aplikasyon sa Medi-Cal hangga't wala ka pang 21 taong gulang, pansamantala lang na mawawalay sa tahanan, at itinuturing pa ring dependent sa buwis ng sambahayan.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](https://www.lacare.org).

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

May dalawang opsyon na available sa iyo kung pansamantala kang mawawalay sa iyong tahanan upang mag-aral ng kolehiyo. Maaari mong:

- Abisuhan ng iyong lokal na tanggapan ng social services ng county na pansamantala kang lilipat upang mag-aral sa kolehiyo at ibigay ang iyong address sa bagong county. I-update ng county ang mga talaan ng kaso para sa iyong bagong address at county code sa database ng Estado. Kung walang L.A. Care sa bagong county, kakailanganin mong magbago ng planong pangkalusugan sa mga available na opsyon sa bagong county. Para sa mga karagdagang tanong at upang maiwasan ang pagkaantala ng pagpapatala sa bagong planong pangkalusugan, dapat kang makipag-ugnayan sa Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan sa **1-800-430-4263** (TTY: **1-800-430-7077**) para sa tulong sa pagpapatala.

O KAYA

- Piliing hindi baguhin ang iyong planong pangkalusugan kapag pansamantala kang lumipat upang mag-aral sa kolehiyo sa ibang county. Access sa mga serbisyo sa emergency room ang maaari mong tanggapin sa bagong county. Para sa regular o pang-iwas na pangangalagang pangkalusugan, kakailanganin mong gamitin ang regular na network ng mga provider ng L.A. Care na matatagpuan sa tinitirhang county ng pamilya. Pagbubukod ito dito kung ang L.A. Care ay tumatakbo sa iyong bagong tirahang county, gaya ng inialalarawan sa itaas.

Pagpapatuloy ng pangangalaga

Kung nakakakita ka ngayon ng mga provider na wala sa network ng L.A. Care, sa ilang kaso, maaari mong mapanatili ang pagpapatuloy sa kanila sa loob ng hanggang 12 buwan. Kung hindi sasali ang iyong mga provider sa network ng L.A. Care sa pagtatapos ng 12 buwan, kakailanganin mong lumipat sa mga provider na nasa network ng L.A. Care. Maaari kang patuloy na magpatingin sa iyong mga provider kapag:

- Natukoy ng L.A. Care na mayroon ka nang dating kaugnayan sa iyong provider na wala sa network. Ang ibig sabihin ng dati nang kaugnayan ay nagpatingin ka sa PCP o espesyalista na wala sa network nang kahit isang beses lang sa panahon ng 12 buwan bago ang petsa ng iyong unang pagpapatala sa L.A. Care para sa hindi pang-emergency na pagbisita.
- Handa ang iyong provider na wala sa network na tanggapin ang mas mataas na halaga ng kontrata ng L.A. Care o ang rate ng Medi-Cal FFS.
- Natutugunan ng iyong provider na wala sa network ang naaangkop na pampropesyonal na pamantayan ng L.A. Care at walang isyu sa kalidad ng pangangalaga na dahilan ng hindi pagiging kwalipikado.
- Ang iyong provider na wala sa network ay aprubadong provider ng California state Plan; at
- Nagbibigay ang provider ng nauugnay na impormasyon sa paggamot sa L.A. Care.

Ang mga miyembro, kanilang awtorisadong kinatawan, o provider ay maaaring humiling ng direktang kahilingan para sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa L.A. Care sa pamamagitan ng pagsulat o pagtawag sa telepono.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Anumang oras, maaaring magbago ang miyembro ng provider patungo sa provider na miyembro ng network ng L.A. Care.

Mga provider na aalis sa L.A. Care

Kung aalis sa L.A. Care ang iyong provider, maaari ka pa ring makatanggap ng mga serbisyo mula sa provider na iyo. Ito ay isa pang uri ng pagpapatuloy ng pangangalaga. Nagbibigay ang L.A. Care ng pagpapatuloy ng pangangalaga para sa:

- **Mga Acute na Kundisyon:** Isang medikal na kundisyon na nauugnay sa biglaang paglabas ng mga sintomas dahil sa karamdaman, pinsala o iba pang medikal na problema na nangangailangan ng mabilis na medikal na pansin at may limitadong tagal. Ibinibigay ang Pagpapatuloy ng Pangangalaga (Continuity of Care, COC) sa tagal ng acute na kundisyon
- **Mga Hindi Gumagaling na Kundisyon:** Isang medikal na kundisyon, karaniwang mabagal ang paglubha at matagal, at maliban pa sa malubhang hindi gumagaling na kundisyon, na nangangailangan ng patuloy na pangangalaga. Ibinibigay ang COC sa tagal ng hindi gumagaling na kundisyon ngunit hindi dapat lumampas ng 90 araw mula sa petsa ng pagtatapos ng kontrata.
- **Mga Malubhang Hindi Gumagaling na Kundisyon:** Isang medikal na kundisyon dahil sa sakit, karamdaman, o iba pang problemang medikal o medikal na kapansanan na malubha at hindi gumagaling kung hindi ganap na gagamutin o lumulubha sa loob ng mas matagal na yugto ng panahon o nangangailangan ng patuloy na paggamot upang maiwasan ang remisyon o paglubha. Ibinibigay ang COC sa tagal ng hindi gumagaling na kundisyon ngunit hindi dapat lumampas ng 12 buwan mula sa petsa ng pagtatapos ng kontrata o 12 buwan mula sa petsa ng bisa ng saklaw.
- **Pagbubuntis:** Ibinibigay ang COC sa tatlong trimester ng pagbubuntis (ibig sabihin, sa buong panahon ng pagbubuntis) at kasunod na panahon ng postpartum.
- **Mga Walang Lunas na Karamdaman:** Pinatunayan ng doktor ang kundisyong medikal ng isang indibidwal, at may prognosis na ang buhay niya ay tatagala na lang ng isang taon o mas sandali pa, kung masusunod ang natural na progreso ng sakit. Ibibigay ang pagtatapos ng mga nasasaklawang serbisyo sa tagal ng walang lunas na karamdaman.
- **Pangangalaga sa Bagong Silang na sanggol:** Sa pagitan ng pagkasilang at edad na 36 na buwan, ibinibigay ang COC ngunit hindi dapat lumampas ng 12 buwan mula sa petsa ng pagtatapos ng kontrata.
- **Pagsasagawa ng Operasyon o Iba Pang Pamamaraan:** Awtorisado ng plano bilang bahagi ng isang naisadokumentong paraan ng paggamot at inirekomenda at naisadokumento ng provider na mangyayari sa loob ng 180 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagtatapos ng kontrata.
- **Acute na Kundisyon sa Kalusugan ng Pag-iisip:** Isang kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip na nauugnay sa biglaang paglabas ng mga sintomas na nangangailangan ng mabilis na pansin para sa kalusugan ng pag-iisip at may limitadong tagal. Kailangan ng panahon ng transisyon ng 90 araw o sa buong acute na panahon ng karamdaman, alinman ang mas maikli, upang maipagpatuloy ang paraan ng paggamot sa hindi kalahok na espesyalista sa kalusugan ng pag-iisip.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

- Malubhang Hindi Gumagaling na Kundisyon sa Kalusugan ng Pag-iisip: Isang kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip na malubha, at nangangailangan ng patuloy na paggamot upang maiwasan ang remisyon o paglubha. Kailangan ng panahon ng transisyon ng 90 araw o sa buong acute na panahon ng karamdaman, alinman ang mas maikli, upang maipagpatuloy ang paraan ng paggamot sa hindi kalahok na espesyalista sa kalusugan ng pag-iisip.

Hindi nagbibigay ang L.A. Care ng pagpapatuloy ng pangangalaga kapag:

- Ang provider ay hindi handa na ipagpatuloy ang panggagamot sa miyembro o hindi handang tanggapin ang pagbabayad o iba pang mga tuntunin ng L.A. Care
- Ang miyembro ay nakatalaga sa isang pangkat ng provider, at hindi sa isang indibidwal na provider, at nagpatuloy sa pag-access sa mga provider sa nakakontratang pangkat.
- Tinapos ng L.A. Care ang isang kontrata batay sa isang propesyonal na pagsusuring pagkilos, gaya ng tinukoy sa Health Care Quality Improvement Act of 1986 (ayon sa pagkakaamyenda), 42 U.S.C. §11101 et seq., o batay sa isang medikal na pandisiplinang dahilan o rason gaya ng tinutukoy sa California Business and Professions Code 805, o batay sa panloloko o iba pang kriminal na aktibidad.
- Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyo
- Ang Pagpapatuloy ng Pangangalaga ay para sa Durable Medical Equipment (Matibay na Medikal na Kagamitan), transportasyon, o iba pang mga ancillary na serbisyo, o mga na-carve out na serbisyo.

Upang matuto pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga at mga kwalipikasyon sa pagiging karapat-dapat, tumawag sa Member Services ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Mga Gastusin

Mga gastusin ng miyembro

Naglilingkod ang L.A. Care sa mga tao na kwalipikado para sa Medi-Cal. **Walang** kailangang bayaran ang mga miyembro ng L.A. Care para sa mga nasasaklawang serbisyo. Hindi ka magkakaroon ng mga premium o nababawas. Para sa listahan ng mga nasasaklawang serbisyo, tingnan ang “Mga benepisyo at serbisyo.”

Maaaring kailanganin mong magbayad ng bahagi sa gastusin kada buwan. Ang halaga ng iyong bahagi sa gastusin ay depende sa iyong kita at mga mapagkukunan. Kada buwan, babayaran mo ang sarili mong mga medikal na bill hanggang sa maabot ng mga ibinayad mo ang iyong bahagi sa gastusin. Pagkatapos nito, sasaklawin na ng L.A. Care ang pangangalaga mo para sa buwang iyon. Hindi ka masasaklawan ng L.A. Care hanggang sa nabayaran mo ang buong bahagi sa gastusin para sa buwang iyon.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Paano binabayaran ang tagabigay ng serbisyo

Nagbabayad ang L.A. Care sa mga provider sa mga paraang ito:

- Mga capitasyon na pagbabayad
 - Nagbabayad ang L.A. Care sa ilang provider ng nakatakdang halaga ng pera kada buwan para sa bawat miyembro ng L.A. Care. Tinatawag itong capitasyon na pagbabayad. Nagtutulungan ang L.A. Care at mga provider upang mapagpasyahan ang halaga ng bayad.
- Mga pagbabayad na singil para sa serbisyo
 - May ilang provider na nagbibigay ng pangangalaga sa mga miyembro ng L.A. Care at pagkatapos ay nagpapadala ng bill sa L.A. Care para sa mga serbisyong ibinigay nila. Tinatawag itong singil para sa serbisyo na pagbabayad. Nagtutulungan ang L.A. Care at mga provider upang mapagpasyahan kung magkano ang bawat serbisyo.

Upang matuto pa tungkol sa kung paano binabayaran ng L.A. Care ang mga provider, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Mga Programa sa Insentibo para sa Provider:

Ang L.A. Care ay may mga programa sa insentibo para sa provider upang mapahusay ang iyong pangangalaga at iyong karanasan sa mga provider ng L.A. Care. Tumutulong ang mga programang ito upang mapahusay ang:

- Kalidad ng pangangalaga
- Access at availability ng pangangalaga at mga serbisyo
- Mga ibinibigay na paggamot
- Kasiyahan ng miyembro

Upang matuto pa tungkol sa mga programang ito, tumawag sa Member Services ng L.A. Care.

Paghiling sa L.A. Care na magbayad ng bill

Kung makatanggap ka ng bill para sa isang nasasaklawang serbisyo, tumawag kaagad sa member services sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Kung nagbayad ka para sa serbisyo na sa palagay mo ay dapat saklawin ng L.A. Care, maaari kang maghain ng claim. Gamitin ang form para sa claim at sumulat sa L.A. Care kung bakit kinalangan mong magbayad. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711) upang humingi ng form para sa claim. Susuriin ng L.A. Care ang iyong claim kung malaman kung maaari mong mabawi ang ibinayad mo.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

3. Paano makatanggap ng pangangalaga

Pagtanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

PAKIBASA ANG SUMUSUNOD NA IMPORMASYON NANG SA GAYON AY MALAMAN MO KUNG KANINO O SA ANONG PANGKAT NG MGA PROVIDER MAAARING MAKAKUHA NG PANGANGALAGANG PANGAKALUSUGAN.

Maaari kang magsimulang makatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng iyong saklaw. Palaging dalhin ang iyong L.A. Care ID card at Medi-Cal BIC card. Huwag hayaan ang kahit na sino na gamitin ang iyong L.A. Care ID card o BIC card.

Dapat pumili ang mga bagong miyembro ng provider sa pangunahing pangangalaga (PCP) sa network ng L.A. Care. Ang network ng L.A. Care ay pangkat ng mga doktor, ospital at iba pang provider na nakikipagtulungan sa L.A. Care. Dapat kang pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula sa panahon na ikaw ay naging miyembro ng L.A. Care. Kung hindi ka makakapili ng PCP, ang L.A. Care ang pipili para sa iyo.

Maaari kang pumuli ng isang PCP o iba't ibang PCP para sa lahat ng miyembro ng pamilya na nasa L.A. Care.

Kung mayroon kang doktor na gusto mong panatilihin, o kung gusto mong maghanap ng bagong PCP, maaari kang tumingin sa Direktoryo ng Provider. May listahan ito ng lahat ng PCP na nasa network ng L.A. Care. Ang Direktoryo ng Provider ay may iba pang impormasyon upang matulungan kang pumili. Kung kailangan mo ng Direktoryo ng Provider, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Makikita mo rin ang Direktoryo ng Provider sa website ng L.A. Care sa **lacare.org**.

Kung hindi mo makuha ang pangangalagang kinakailangan mo mula sa isang kalahok na provider sa network ng L.A. Care, dapat humiling ang iyong PCP ng pag-apruba sa pagpapadala sa iyo sa isang provider na wala sa network.

Basahin ang natitirang bahagi ng kabanatang ito upang matuto pa tungkol sa mga PCP, sa Direktoryo ng Provider at network ng provider.

Paunang pagsusuri sa kalusugan (IHA)

Inirerekomenda ng L.A. Care na makipagkita ka sa iyong bagong PCP sa unang 90 araw bilang bagong miyembro ng L.A. Care para sa isang paunang pagsusuri sa kalusugan (initial health assessment, IHA). Layunin ng IHA na matulungan ang iyong PCP na malaman ang kasaysayan at pangangailangan ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang tanungin ng iyong PCP tungkol sa kasaysayan ng iyong kalusugan o maaaring hilingin sa iyo na magsagot ng palatanungan.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Sasabihin din sa iyo ng PCP mo ang tungkol sa pagpapayo at klase para sa pangkalusugang kaalaman na maaaring makatulong sa iyo.

Kapag tumawag ka upang ipaiskedyul ang iyong IHA, sabihin sa sasagot sa iyo sa telepono na miyembro ka ng L.A. Care. Ibigay ang iyong L.A. Care ID number.

Dalhin ang iyong BIC at L.A. Care ID card sa iyong appointment. Mainam na magdala ng listahan ng mga gamot at tanong mo sa iyong pagbisita. Maging handa na makipag-usap sa iyong PCP tungkol sa iyong mga pangangailan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.

Tiyaking tawagan ang tanggapan ng iyong PCP kung mahuhuli ka o hindi ka makakapunta sa iyong appointment.

Karaniwang pangangalaga

Ang routing na pangangalagan ay regular na pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang pang-iwas na pangangalaga, na tinatawag ding wellness o well na pangangalaga. Nakakatulong ito na sa iyo na mapanatili kang malakas at nakakatulong upang makaiwas ka sa pagkakasakit. Kabilang sa pang-iwas na pangangalaga ang mga regular na checkup at pangkalusugang kaalaman at pagpapayo. Bukod pa sa pang-iwas na pangangalaga, kabilang din sa routine na pangangalaga ang pangangalaga kapag may sakit ka. Nasasaklawan ng L.A. Care ang routine na pangangalaga mula sa iyong PCP.

Gagawin ng iyong PCP ang sumusunod:

- Pagbibigay sa iyo ang lahat ng iyong routine na pangangalaga, kabilang ang mga regular na checkup, bakuna, paggamot, inireresetang gamot at payong medikal
- Pagpapanatili ng iyong mga talaang pangakalusugan
- Pag-refer (pagpapadala) sa iyo sa mga espesyalista kung kinakailangan
- Pag-order ng mga X-ray, mammogram o pagsusuri sa laboratoryo kung kailangan mo ang mga ito

Sa tuwing kailangan mo ng routine na pangangalaga, tatawagan mo ang iyong PCP para sa appointment. Tiyaking matatawagan mo ang iyong PCP bago ka tumanggap ng medikal na pangangalaga, maliban kung isa itong emergency. Para sa emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Upang matuto pa tungkol sa pangangalaga at serbisyong pangakalusugan na nasasaklawan ng iyong plano, at kung ano ang hindi nasasaklawan nito, basahin ang Kabanata 4 sa handbook na ito.

Agarang pangangalaga

Ang agarang pangangalaga ay pangangalaga na kailangan mo sa loob ng 24 na oras, ngunit **hindi** ito emergency o nakakamatay. Ang mga pangangailan sa agarang pangangalaga ay maaaring sipon o masakit na lalamunan, lagnat, pananakit sa tainga o na-sprain na kalamnan.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

3 | Paano makatanggap ng pangangalaga

Para sa agarang pangangalaga, tumawag sa iyong PCP. Kung hindi mo makaugnayan ang PCP, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Bilang alternatibo, maaari kang tumawag sa Nurse Advice Line, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa **1-800-249-3619** (TTY: **711**) o makipag-chat nang libre sa nurse online. Pakibisita ang **lacare.org** at mag-log on sa pag-sign in ng miyembro, upang ma-access ang function sa pakikipag-chat sa nurse.

Kung kailanga mo ng agarang pangangalaga sa labas ng pinagseserbisyuhang lugar, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad sa agarang pangangalaga. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon).

Kung ang iyong pangangalaga ay alalahanin sa agarang pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip, makipag-ugnayan sa Mental Health Plans ng county sa toll-free na numero ng telepono na available 24 na oras sa isang araw 7 araw sa isang linggo. Upang malaman ang toll-free na numero ng telepono ng lahat ng bansa online, bisitahin ang <http://dmh.lacounty.gov/wps/portal/dmh>.

Pang-emergency na pangangalaga

Para sa emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER). Para sa emergency na pangangalaga, **hindi** mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon).

Ang emergency na pangangalaga ay para sa pang-emergency na kundisyong medikal. Para ito sa karamdaman o pinsala na masasabi ng isang makatuwiran at karaniwang tao (hindi propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na may katamtamang kaalaman sa kalusugan at gamot, na kung hindi mo matatanggap ang pangangalaga kaagad, ang iyong kalusugan (o ang kalusugan ng iyong hindi pa isinisilang na sanggol) ay mailalagay sa kapahamakan, o maaaring malagay sa matinding panganib ang paggana ng katawan, organ ng katawan o bahagi ng katawan. Kabilang sa mga halimbawa ang:

- Paghilab ng tiyan bago manganak
- Nabaling buto
- Matinding pananakit, lalo na sa dibdib
- Matinding pagkalapnos ng balat
- Overdose sa gamot
- Pagkahimatay
- Matinding pagdurugo
- Psychiatric na emergency na kundisyon

Huwag pumunta sa ER para sa routine na pangangalaga. Dapat kang makatanggap ng routine na pangangalaga mula sa iyong PCP, na lubos na nakakakilala sa iyo. Kung hindi ka sigurado kung nakakaranas ka ng emergency, tumawag sa iyong PCP. Maaari ka ring tumawag sa 24/7 Nurse Advice Line sa **1-800-249-3619** (TTY: **711**).

Kung kailangan mo ng emergency na pangangalaga nang malayo ka sa iyo, pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER), kahit pa wala ito sa network ng L.A. Care. Kung pupunta ka sa ER, hilingin sa kanila na tumawag sa L.A. Care. Ikaw o ang ospital kung saan ka tinanggap ay dapat tumawag sa L.A. Care sa loob ng 24 oras pagkatapos mong makatanggap ng emergency na pangangalaga.

Kung kailangan mo ng transportasyon sa emergency, tumawag sa **911**. Hindi mo kailangang tanungin mun ang iyong PCP o L.A. Care bago ka pumunta sa ER.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Kung kailangan mo ng pangangalaga sa ospital na wala sa network pagkatapos ng iyong emergency (post-stabilization na pangangalaga), tatawagan ng ospital ang L.A. Care.

Tandaan: Hindi ka dapat tumawag sa **911** maliban kung nakakaranas ka ng emergency. Kumuha lang ng emergency na pangangalaga para sa isang emergency, at hindi para sa routine na pangangalaga o simpleng karamdaman tulad ng sipon o sakit ng lalamunan. Kung isa itong emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Sensitibong pangangalaga

Mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad

Maaari kang magpatingin sa doktor nang walang pahintulot mula sa iyong mga magulang o tagapag-alaga para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Kalusugan ng pag-iisip ng outpatient (mga menor de edad lang na 12 taong gulang o mas matanda) para sa:
 - Sekswal o pisikal na pang-aabuso
 - Kapag maaari mong masaktan ang iyong sarili o ang iba
- Pagbubuntis
- Pagpaplano ng pamilya (maliban sa sterilization)
- Sekswal na pag-atake, kabilang ang rape
- Pagsusuri para sa HIV/AIDS (mga menor de edad lang na 12 taong gulang o mas matanda)
- Mga impeksyon na naipapasa sa pamamagitan ng pagkikipagtalik (mga menor de edad lang na 12 taong gulang o mas matanda)
- Pag-abuso sa bawal na gamot o alak (mga menor de edad lang na 12 taong gulang o mas matanda)

Ang doktor o klinika na nagbibigay ng Mga Serbisyo sa Pahintulot ng Menor de Edad na ito ay hindi kailangang maging bahagi ng network ng L.A. Care at hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP upang makatanggap ng mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinika na nagbibigay ng mga ganitong serbisyo, maaari kang tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Maaari ka ring tumawag sa 24/7 Nurse Advice Line sa **1-800-249-3619** (TTY: **711**).

Maaaring makipag-usap nang pribado ang mga menor de edad sa isang kinatawan tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 Nurse Advice Line sa **1-800-249-3619** (TTY: **711**).

Mga sensitibong serbisyo sa nasa hustong gulang

Bilang nasa hustong gulang, maaaring hindi mo gustuhin na magpatingin sa iyong PCP para sa sensitibo o pribadong pangangalaga. Kung gayon, maaari kang pumili ng sinumang doktor o anumang klinika para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Pagpaplano ng pamilya
- Pagsusuri sa HIV/AIDS
- Mga impeksyon naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

3 | Paano makatanggap ng pangangalaga

Ang doktor o klinika ay maaaring hindi bahagi ng network ng L.A. Care. Hindi ka kailangang i-refer ng iyong PCP para sa ganitong uri ng serbisyo. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinika na nagbibigay ng mga ganitong serbisyo, maaari kang tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711). Maaari ka ring tumawag sa 24/7 Nurse Advice Line sa **1-800-249-3619** (TTY: 711).

Mga paunang direktiba

Isang legal na form ang isang paunang direktiba sa kalusugan. Dito, maaari mong ilista ang pangangalagang kalusugan na gusto mo kung sakaling hindi ka makakapagsalita o makakapagpasya sa hinaharap. Maaari mong ilista ang pangangalagang **ayaw** mong matanggap. Maaari mong pangalanan ang isang tao, gaya ng iyong asawa, na magpapasya sa iyo para sa iyong pangangalagang pangkalusugan, kung hindi mo ito magagawa.

Maaari kang makakuha ng form ng paunang direktiba sa mga botika, ospital, tanggapan ng abogado at tanggapan ng doktor. Maaaring kailanganin mong magbayad para sa form. Maaari ka ring makakuha at makapag-download ng libreng form online. Maaari mong hilingin sa iyong kapamilya, PCP o sa sinuman na tulongan ka sa pagsagot ng form.

May karapatan kang ipalagay ang iyong paunang direktiba sa iyong mga talaang medikal. May karapatan kang baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.

May karapatan kang malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa batas hinggil sa paunang direktiba. Sasabihin sa iyo ng L.A. Care ang tungkol sa mga pagbabago sa batas ng estado nang hindi lalampas sa 90 araw pagkatapos ng pagbabago.

Saan makatanggap ng pangangalaga

Matatanggap mo ang karamihan ng iyong pangangalaga mula sa iyong PCP. Ibibigay ng iyong PCP ang lahat ng iyong routine na pang-iwas (wellness) na pangangalaga. Sa iyong PCP ka rin magpapatingin kung may sakit ka. Tiyaking tawagan ang iyong PCP bago ka tumanggap ng medikal na pangangalaga. Ire-refer (ipapadala) ka ng iyong PCP sa mga espesyalista kung kailangan mo nito.

Upang makatanggap ng tulong sa iyong mga tanong tungkol sa kalusugan, maaari ka ring tumawag sa 24/7 Nurse Advice Line sa **1-800-249-3619** (TTY: 711).

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga, tumawag sa iyong PCP. Ang agarang pangangalaga ay pangangalaga na kailangan mo sa lalong madaling panahon, ngunit hindi ito isang emergency. Kabilang dito ang pangangalaga para sa sipon, sakit ng lalamunan, lagnat, pananakit ng tainga o na-sprain na kalamnan.

Para sa mga emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

May ilang ospital at iba pang provider na hindi nagbibigay ng isa o higit pa ng sumusunod na serbisyo na maaaring nasasaklawan ng iyong kontrata sa plano at maaaring kailanganin mo o ng iyong pamilya: pagpapalano ng pamilya; mga serbisyo sa pag-iwas sa pagbubuntis, kabilang ang emergency na pag-iwas sa pagbubuntis; sterilization, kabilang nag tubal ligation sa sandali ng labor at delivery; mga paggamot



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

sa infertility; o pagpapalaglag ng bata. Dapat kang kumuha ng karagdagang impormasyon bago ka magpatala. Tumawag sa iyong gustong doktor, medikal na pangkat, hiwalay na samahan sa practice, o klinika, o tumawag sa Member Services ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**) upang matiyak na makukuha mo ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo.

Direktoryo ng Provider

Nakalista sa Direktoryo ng Provider ng L.A. Care ang mga provider na kasama sa network ng L.A. Care. Ang network ay pangkata ng mga provider na nakikipagtulungan sa L.A. Care.

Nakalista sa Direktoryo ng Provider ng L.A. Care ang mga ospital, parmasya, PCP, espesyalista, nurse practitioner, nurse midwife, physician assistant, provider sa pagpapalano ng pamilya, Pederal na Kwalipikadong Health Center (Federally Qualified Health Center, FQHC) at Pangkalusugang Klinika sa Rural na Lugar (Rural Health Clinic, RHC).

Ang Direktoryo ng Provider ay may mga pangalan, address ng provider, numero ng telepono, oras ng negosyo at ginagamit na wika. Nakasaad dito kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang isang provider. Nagbibigay ito ng antas ng pisikal na accessibility para sa gusali.

Makikita mo ang online na Direktoryo ng Provider sa **lacare.org**.

Kung kailangan mo ng naka-print na Direktoryo ng Provider, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Network ng provider

Ang network ng provider ay pangkat ng mga doktor, ospital at iba pang provider na nakikipagtulungan sa L.A. Care. Matatanggap mo ang mga nasasaklawang serbisyo sa pamamagitan ng network ng L.A. Care.

Kung ang iyong provider sa network, kabilang ang isang PCP, ospital o iba pang provider, ay may moral na pagtangga sa pagbibigay sa iyo ng nasasaklawang serbisyo, gaya ng pagpapalano ng pamilya o pagpapalaglag ng bata, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Tingnan ang Kabanata 4 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga moral na pagtangga.

Kung ang iyong provider ay may moral na pagtangga, maaari ka niyang tulungan sa paghahanap ng ibang provider na makapagbigay sa iyo ng mga kailangan mong serbisyo. Maaari ding makipagtulungan sa iyo ang L.A. Care upang makahanap ng provider.

Nasa network

Gagamit ka ng mga provider sa network ng L.A. Care para sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Makatanggap ka ng pang-iwas at routine na pangangalaga mula sa iyong PCP. Gagamit ka rin ng mga espesyalista, ospital at iba pang provider sa network ng L.A. Care.

Upang makakuha ng Direktoryo ng Provider ng mga provider na nasa network, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Makakakita ka rin ng Direktoryo ng Provider online sa **lacare.org**.

Para sa pangangalaga sa emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

3 | Paano makatanggap ng pangangalaga

Maliban sa emergency na pangangalaga, maaaring kailanganin mong magbayad para sa pangangalaga mula sa provider na wala sa network.

Wala sa network

Ang mga provider na wala sa network ay iyong mga walang kasunduang makipagtulungan sa L.A. Care. Maliban sa emergency na pangangalaga o agarang pangangalaga, maaaring kailanganin mong magbayad para sa pangangalaga mula sa provider na wala sa network.

Kung kailangan mo ng nasasaklawang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, maaari mong makuha ang mga ito nang libre hangga't ang mga ito ay medikal na kinakailangan, hindi available sa network, at kukuha ka ng paunang pag-apruba.

Kung nagbayad ka para sa serbisyo na sa palagay mo ay dapat saklawin ng L.A. Care, maaari kang maghain ng claim. Gamitin ang form para sa claim at sumulat sa L.A. Care kung bakit kinalangan mong magbayad. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**) upang humingi ng form para sa claim. Susuriin ng L.A. Care ang iyong claim kung malaman kung maaari mong mabawi ang ibinayad mo.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga serbisyo na wala sa network, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Kung nasa labas ka ng pinagseserbisyuhang lugar ng L.A. Care at kailangan mo ng pangangalaga na **hindi** emergency o agarang pangangalaga, tumawag kaagad sa iyong PCP. Bilang alternatibo, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Para sa pangangalaga sa emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Sinasaklaw ng L.A. Care ang emergency care na wala sa network. Kung pupunta ka sa Canada o Mexico at kailangan ng mga serbisyo na nangangailangan ng pagpapaospital, sasaklawin ng L.A. Care ang iyong pangangalaga. Kung nagbibiyahe ka sa ibang bansa sa labas ng Canada o Mexico at kailangan mo ng emergency na pangangalaga, hindi sasaklawin ng L.A. Care ang iyong pangangalaga, sa karamihan ng kaso.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa wala sa network o wala sa pinagseserbisyuhang lugar na pangangalaga, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Kung sarado ang tanggapan, o kung gusto mo ng tulong mula sa isang kinatawan, tumawag sa 24/7 Nurse Advice Line sa **1-800-249-3619** (TTY: **711**).

Mga Delegated na Modelong Pinamamahalang Plano sa Pangangalaga (MCP)

Nakikipagtulungan ang L.A. Care sa malaking bilang ng mga doktor, espesyalista, parmasya, ospital at iba pang provider sa pangangalagang pangkalusugan. Ang ilan sa mga provider na ito ay nasa pangkat na tinatawag na “network,” o “medikal na pangkat.”

Kapag pumili ka ng provider ng pangunahing pangangalaga, (PCP), pipili ka rin ng network. Ang ibig sabihin nito ay ire-refer ka ng iyong PCP sa mga espesyalista at serbisyo na nauugnay sa kanyang medikal na pangkat. Kung pumupunta ka na sa isang espesyalista o kung gusto mong gumamit ng partikular na ospital, makipag-usap sa iyong PCP o tumawag sa Member Services ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Tutulungan ka ng Member Services na makita ang provider na iyon, kung kwalipikado ka para sa Pagpapatuloy ng Pangangalaga. Upang matuto pa tungkol sa Pagpapatuloy ng Pangangalaga, pumunta sa seksyong “Pagpapatuloy ng Pangangalaga” sa handbook na ito.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Mga Doctor

Pipili ka ng PCP mula sa Direktoryo ng Provider ng L.A. Care. Ang iyong PCP ay dapat isang kalahok na provider. Ang ibig sabihin nito, nasa network ng L.A. Care ang provider. Upang makakuha ng kopya ng Direktoryo ng Provider ng L.A. Care, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Dapat ka ring tumawag sa L.A. Care kung gusto mong matiyak na ang gusto mong PCP ay tumatanggap ng mga bagong pasyente. Kung nagpapatingin ka na sa doktor bago ka maging miyembro ng L.A. Care, maaari kang patuloy na magpatingin sa doktor na iyon sa loob ng limitadong panahon. Tinatawag ito na pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaari kang magbasa pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa handbook na ito. Upang matuto pa, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Kung kailangan mo ng espesyalista, bibigyan ka ng iyong PCP ng referral sa espesyalista sa network ng L.A. Care. Tandaan, kung hindi ka pipili ng PCP, L.A. Care ang pipili para sa iyo. Alam mong pinakamainam dapat ang para sa iyong pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamainam kung ikaw ang pipili.

Kung gusto mong baguhin ang iyong PCP, dapat kang pumili ng PCP mula sa Direktoryo ng Provider ng L.A. Care. Tiyaking tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP. Upang baguhin ang iyong PCP, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Mga Ospital

Sa isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

Kung hindi emergency ang nararanasan mo, at kailangan mo ng pangangalaga sa ospital, ang PCP mo ang magpapasya kung sa aling ospital ka dapat pumunta. Kakailanganin mong pumunta sa ospital na nasa network. Nakalista sa Direktoryo ng Provider ang mga ospital na nasa network ng L.A. Care. Kabilang sa nasasaklawan ng L.A. Care ang pangangalaga sa ospital na, ngunit hindi limitado sa:

- Mga serbisyo para sa mga pasyenteng nananatili sa ospital
- Intensive na pangangalaga
- Mga serbisyo sa pasyenteng panglabasan sa ospital
- Mga Serbisyo sa Operasyon (Bariatric, Reconstructive Surgery, atbp.)

Provider ng pangunahing pangangalaga (PCP)

Dapat kang pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula sa pagpapatala sa L.A. Care. Depende sa iyong edad at kasarian, maaari kang pumili ng general practitioner, Ob/Gyn, family practitioner, internist o pediatrician bilang iyong pangunahing doktor sa pangangalaga. Maaari ding tumayo bilang iyong provider ng pangunahing pangangalaga ang isang nurse practitioner (NP), physician assistant (PA) o certified nurse midwife. Kung pipili ka ng NP, PA o certified nurse midwife, itatalaga ka na doktor upang mapangasiwaan ang iyong pangangalaga.

Maaari ka ring pumili ng Pederal na Kwalipikadong Health Center (FQHC) o Pangkalusugang Klinika sa Rural na Lugar (RHC) bilang iyong PCP. Ang mga health center na ito ay matatagpuan sa mga lugar na walang maraming serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

3 | Paano makatanggap ng pangangalaga

Depende sa uri ng provider, maaari kang pumili ng isang PCP para sa iyong buong pamilya na mga miyembro ng L.A. Care. Kung hindi ka pipili ng PCP sa loob ng 30 araw, magtatalaga sa iyo ng PCP ang L.A. Care. Kung itinalaga ka sa isang PCP at gusto mong itong ipabago, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Mangyayari ang pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan.

Gagawin ng iyong PCP ang sumusunod:

- Pag-alam sa iyong kasaysayan at pangangailangang pangkalusugan
- Pagpapanatili ng iyong mga talaang pangakalusugan
- Pagbibigay ang pang-iwas at routine na pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo
- Pag-refer (pagpapadala) sa iyo sa isang espesyalista kung kailangan mo nito
- Pag-aayos ng pangangalaga sa ospital kung kailangan mo ito

Maaari kang tumingin sa Direktoryo ng Provider upang makahanap ng PCP sa network ng L.A. Care. Ang Direktoryo ng Provider ay may listahan ng mga FQHC at RHC na nakikipagtulungan sa L.A. Care.

Makikita mo ang Direktoryo ng Provider ng L.A. Care online sa **lacare.org**. Maaari ka ring tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Maaari ka ring tumawag upang malaman kung ang gusto mong PCP ay tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Mga mapagpipiliang doktor at provider

Alam mong pinakamainam dapat ang para sa iyong pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamainam kung ikaw ang pipili ng iyong PCP.

Pinakamainam na manatili sa isang PCP nang sa gayon ay malaman niya ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Gayunpaman, kung gusto mong magbago sa bagong PCP, maaari kang magpabago anumang oras. Dapat kang pumili ng PCP na nasa network ng provider ng L.A. Care at tumatanggap ng mga bagong pasyente. Ang bago mong pipiliin ang magiging PCP mo sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos mong itong ipabago. Upang baguhin ang iyong PCP, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Maaari mong hilingin sa L.A. Care na baguhin ang iyong PCP kung hindi na tumatanggap ng mga bagong pasyente ang iyong PCP, umalis sa network ng L.A. Care o hindi nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyente nasa iyong edad. Maaari ding hilingin sa iyo ng L.A. Care o iyong PCP na magbago sa bagong PCP kung hindi ka nagkakapalagayan ng loob o nagkakasunod ng iyong PCP, o kung hindi ka nakakapunta o nahuhuli sa mga appointment. Kung kailangan ng L.A. Care na baguhin ang iyong PCP, sasabihin ito sa iyo ng L.A. Care sa pamamagitan ng liham.

Kung magbabago ka ng PCP, makakatanggap ka ng bagong ID card ng miyembro ng L.A. Care sa mail. Nakasaad dito ang pangalan ng iyong bagong PCP. Tumawag sa member services kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagkuha ng bagong ID card.

Mga appointment at pagbisita

Kapag kailangan mo ng pangangalagang pangkalusugan:

- Tumawag sa iyong PCP
- Ihanda ang iyong L.A. Care ID number sa pagtawag



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Mag-iwan ng mensahe, sabihin ang iyong pangalan at numero ng telepono kung sarado ang tanggapan
- Dalhin ang iyong BIC at L.A. Care ID card sa iyong appointment
- Pumunta sa takdang oras ng iyong appointment
- Tumawag kaagad kung hindi ka makakapunta o mahuhuli sa iyong appointment
- Ihand ang iyong mga tanong at impormasyong medikal kung sakaling kailanganin mo ang mga ito

Kung nakakaranas ka ng emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Pagbabayad

Hindi mo kailangang magbayad para sa mga nasasaklawang serbisyo. Sa karamihan ng kaso, hindi ka makakatanggap ng bill mula sa isang provider. Maaari kang makatanggap ng Paliwanag ng Mga Benepisyo (Explanation of Benefits, EOB) o statement mula sa provider. Ang mga EOB at statement ay hindi mga bill.

Kung makakatanggap ka ng bill, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Sabihin sa L.A. Care ang halagang sinisingil, petsa ng serbisyo at dahilan para sa bill. **Hindi** mo pananagutan ang pagbabayad sa provider para sa anumang halagang dapat bayaran ng L.A. Care para sa anumang nasasaklawang serbisyo.

Kung makakatanggap ka ng bill o kung hinihiling sa iyo na magbayad ng co-pay at sa palagay mo ay hindi mo dapat bayaran ito, maaari ka ring maghain ng form para sa claim. Kakailanganin mong sabihin sa L.A. Care sa pamamagitan ng pagsulat kung bakit kinailangan mong magbayad para sa o serbisyo. Babasahin ng L.A. Care ang iyong claim at magpapasya sila kung maaari kang bayaran para dito. Para sa mga tanong o upang humiling ng form para sa claim, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Mga Referral

Bibigyan ka ng iyong PCP ng referral upang maipadala ka sa isang espesyalista kung kailangan mo ito. Ang isang espesyalista ay doktor na may karagdagang edukasyon sa isang larangan ng medisina. Makikipagtulungan sa iyo ang iyong PCP sa pagpili ng espesyalista. Maaari kang tulungan ng tanggapan ng iyong PCP upang maitakda ang oras ng pagpapatingin sa espesyalista.

Kabilang sa iba pang serbisyo na maaaring mangailangan ng referral ang mga nasa tanggapan na pamamaraan, X-ray, pagsusuri sa laboratoryo, espesyal na paggamot, pangangalaga sa tahanan, at opsyonal na pananatili sa isang pasilidad.

Maaari kang bigyan ng iyong PCP ng form na dadalhin sa espesyalista. Sasagutan ng espesyalista ang form at ipapabalik sa iyong PCP. Gagamutin ka ng espesyalista hangga't sa palagay niya ay kailangan mo ng paggamot.

Kung mayroon kang problemang pangkalusugan na nangangailangan ng espesyal na pangangalagang medikal sa loob ng mahabang panahon, maaari kang mangailangan ng pangmatagalang referral. Ang ibig sabihin nito, maaari kang magpatingin sa iisang espesyalista sa loob ng mas mahabang yugto ng panahon nang hindi kinakailangang kumuha ng bagong referral.

Kung nagkakaproblema ka sa pagkuha ng pangmatagalang referral o kung gusto mong magkaroon ng kopya ng patakaran sa referral ng L.A. Care, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

3 | Paano makatanggap ng pangangalaga

Hindi mo kailangang ng referral para sa:

- Mga pagpapatingin sa doktor na PCP
- Mga pagbisita sa Ob/Gyn
- Mga agaran o emergency na pangangalaga
- Pagpapalano ng pamilya (Upang matuto pa, tumawag sa California Family Planning Information and Referral Service sa **1-800-942-1054**)
- Pagsusuri at pagpapayo para sa HIV (mga menor de edad lang na 12 taong gulang o mas matanda)
- Paggamot para sa mga impeksyon na naipapasa sa pamamamagitan ng pagkikipagtalik (mga menor de edad lang na 12 taong gulang o mas matanda)
- Acupuncture
- Mga serbisyo sa gulugod (chiropractic)
- Mga serbisyo sa paa
- Pangangala sa kalusugan ng pag-iisip gaya ng pakikipag-usap sa therapist o sinumang nagreseta ng mga gamot para sa kalusugan ng pag-iisip

Hindi kailangan ng mga menor de edad ng referral para sa:

- Kalusugan ng pag-iisip ng outpatient (mga menor de edad lang na 12 taong gulang o mas matanda) para sa:
 - Sekswal o pisikal na pang-aabuso
 - Kapag maaari mong masaktan ang iyong sarili o ang iba
- Pangangalaga sa pagbubuntis
- Pangangalaga pagkatapos ng sekswal na pag-atake, kabilang ang rape
- Paggamot para sa pag-abuso sa bawal na gamot o alak (mga menor de edad lang na 12 taong gulang o mas matanda)

Paunang pag-apruba

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganin ng iyong PCP o espesyalista na humingi ng pahintulot sa L.A. Care bago mo matanggap ang pangangalaga. Tinatawag itong paghiling ng paunang awtorisasyon o paunang pag-apruba. Ang ibig sabihin nito ay dapat tiyakin ng L.A. Care na ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan.

Ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan kung makatuwiran at kinakailangan ito sa pagprotekta ng iyong buhay, pagkakaiwas mo sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman o kapansanan, o pagpapahupa ng matinding pananakit.

Ang mga sumusunod na serbisyo ay nangangailangan ng paunang pag-apruba sa lahat ng pagkakataon, kahit pa matanggap mo ang mga ito sa provider na nasa network ng L.A. Care:



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Pagpapaospital
- Mga serbisyong wala sa pinagseserbisyuhang lugar ng L.A. Care
- Operasyon ng outpatient
- Pangmatagalang therapy
- Mga espesyal na paggamot

Hindi mo kailanman kailangan ng paunang pag-apruba para sa emergency na pangangalaga, kahit pa wala ito sa network. Kabilang dito ang panganganak.

Para sa ilang serbisyo, kailangan mo ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon). Alinsunod sa Health and Safety Code Section 1367.01(h)(2), magpapasya ang L.A. Care para sa mga routine na paunang pag-apruba sa loob ng 5 araw ng trabaho mula sa kung kailan natanggap ng L.A. Care ang impormasyon na makatuwirang kinakailangan upang makapagpasya.

Para sa mga kahilingan kung saan isinaad ng provider o pinagpasyahan ng L.A. Care na ang karaniwang yugto ng panahon ay maaaring ganap na maglagay sa alanganin sa buhay o kalusugan o kakayahang magkaroon, makapagpanatili, o makapagbalik ng pinakamahusay na pagganap, gagawa ang L.A. Care ng pinabilis (mabilis) na pagpapasya sa awtorisasyon. Magbibigay sa iyo ang L.A. Care ng abiso ayon sa kinakailangan ng iyong kundisyong pangkalusugan at hindi lalampas ng 72 oras pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa mga serbisyo.

Hindi binabayaran ng L.A. Care ang mga tagasuri upang tanggihan ang pagbibigay ng mga saklaw o serbisyo. Kung hindi aaprubahan o kung babaguhin ng L.A. Care ang kahilingan, magpapadala ang L.A. Care sa iyo ng liham na Abiso sa Pagkilos (Notice of Action, NOA). Nakasaad sa liham na NOA kung paano maghain ng apela kung hindi ka sang-ayon sa pasya.

Makikipag-ugnayan ang L.A. Care sa iyo kung kailangan ng L.A. Care ng higit pang panahon sa pagsusuri ng iyong kahilingan.

Mga pangalawang opinyon

Maaaring gustuhin mo ng pangalawang opinyon tungkol sa pangangalagang sinasabi ng iyong provider na kailangan mo o tungkol sa iyong diagnosis o plano sa paggamot. Halimbawa, maaaring gustuhin mo ng pangalawang opinyon kung hindi ka sigurado sa pangangailangan mo ng inirerekomandang paggamot o operasyon o kung sinubukan mong sundin ang isang plano sa paggamot at hindi ito naging mabisa.

Upang makakuha ng pangalawang opinyon, tumawag sa iyong PCP. Maaari kang i-refer ng iyong PCP sa isang provider na nasa network para sa pangalawang opinyon. Maaari ka ring tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Ang L.A. Care ang magbabayad para sa pangalawang opinyon kung ikaw o ang iyong provider na nasa network ay hihiling para dito at kukuha ka ng pangalawang opinyon mula sa provider na nasa network. Hindi mo kailangan ng pahintulot mula sa L.A. Care upang makakuha ng pangalawang opinyon mula sa provider na nasa network.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

3 | Paano makatanggap ng pangangalaga

Kung walang provider sa network ng L.A. Care na makapagbibigay sa iyo ng pangalawang opinyon, ang L.A. Care ang magbabayad para sa pangalawang opinyon mula sa provider na wala sa network. Sasabihin sa iyo ng L.A. Care sa loob ng 5 araw ng negosyo kung aaprubahan ang pipiliin mong provider para sa pangalawang opinyon. Kung mayroon kang hindi gumagaling na karamdaman o maaaring mawala ng kamay o paa o mahalagang bahagi ng katawan, magpapasya ang L.A. Care sa loob ng 72 araw.

Kung tatanggihan ng L.A. Care ang iyong kahilingan para sa pangalawang opinyon, maaari kang maghain ng apela. Upang matuto pa tungkol sa mga apela, pumunta sa pahina 63 ng handbook na ito.

Mga espesyalista para sa kalusugan ng kababaihan

Maaari kang pumunta sa espesyalista para sa kalusugan ng mga kababaihan na nasa network para sa nasasaklawang pangangalaga na kinakailangan sa pagbibigay ng routine at pang-iwas na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng mga kababaihan. Hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP upang matanggap ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng espesyalista sa kalusugan ng mga kababaihan, maaari kang tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Maaari ka ring tumawag sa 24/7 Nurse Advice Line sa **1-800-249-3619** (TTY: **711**).



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Napapanahong pag-access sa pangangalaga

Uri ng Appointment	Dapat Makuha ang Appointment Sa Loob ng
Mga appointment sa agarang pangangalaga na hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon)	48 oras
Mga appointment sa agarang pangangalaga na nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon)	96 na oras
Mga hindi agarang appointment sa pangunahing pangangalaga	10 araw ng negosyo
Hindi agarang espesyalista	15 araw ng negosyo
Hindi agarang provider para sa kalusugan ng pag-iisip (hindi doktor)	10 araw ng negosyo
Hindi agarang appointment para sa mga ancillary na serbisyo para sa diagnosis o paggamot ng pinsala, karamdaman, o iba pang kundisyong pangkalusugan	15 araw ng negosyo
Tagal ng paghihintay sa telepono sa mga karaniwang oras ng negosyo	10 minuto
Triage – 24/7 na mga serbisyo	24/7 na mga serbisyo – Hindi lalampas ng 30 minuto



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

4. Mga benepisyo at serbisyo

Ang nasasaklawan ng iyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag sa seksyong ito ang lahat ng iyong nasasaklawang serbisyo bilang miyembro ng L.A. Care. Libre ang iyong mga nasasaklawang serbisyo hangga't medikal na kinakailangan ang mga ito. Ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan kung makatuwiran at kinakailangan ito sa pagprotekta ng iyong buhay, pagkakaiwas mo sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman o kapansanan, o pagpapahupa ng sakit dahil sa na-diagnose na sakit, karamdaman o pinsala.

Iniaalok ng L.A. Care ang mga ganitong uri ng serbisyo:

- Mga serbisyo sa outpatient (ambulatory)
- Mga pang-emergency na serbisyo
- Hospice at palliative na pangangalaga
- Pagpapaospital
- Pag-aalaga sa buntis at bagong silang na sanggol
- Mga gamot na kailangan ng reseta
- Mga rehabilitative at habilitative na serbisyo at device
- Mga serbisyo ng laboratoryo
- Mga pang-iwas at wellness na serbisyo at pangangasiwan ng hindi gumagaling na sakit
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip
- Mga serbisyo sa problema sa paggamit ng bawal na gamot
- Mga pediatric na serbisyo
- Mga serbisyo para sa paningin
- Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (non-emergency medical transportation, NEMT)
- Hindi medikal na transportasyon (non-medical transportation, NMT)
- Mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports, LTSS)
- Mga Serbisyo para sa Transgender

Basahin ang bawat seksyon sa ibaba upang matuto pa tungkol sa mga serbisyong maaari mong matanggap.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Mga benepisyo mula sa Medi-Cal

Mga serbisyo sa outpatient (ambulatory)

- **Pangangalaga laban sa allergy**
Nasasaklawan ng L.A. Care ang pagsusuri at paggamot sa allergy, kabilang ang allergy desensitization, hyposensitization, o immunotherapy.
- **Mga serbisyo sa gulugod (chiropractic)**
Nagsasaklaw ang L.A. Care ng dalawang chiropractic na serbisyo kada buwan, limitado sa paggamot sa gulugod sa pamamagitan ng manual na manipulasyon.
- **Mga serbisyo sa dialysis/hemodialysis**
Nagsasaklaw ang L.A. Care ng mga dialysis na paggamot. Nagsasaklaw din ang L.A. Care ng mga serbisyo sa hemodialysis (chronic dialysis) kung aaprubahan ito ng iyong PCP at ng L.A. Care.
- **Operasyon ng outpatient**
Nagsasaklaw ang L.A. Care ng mga operasyong pamamaraan para sa outpatient, maliban sa mga kinakailangan para sa mga diagnostic na layunin o para sa emergency na pangangalaga, pamamaraang maituturing na opsyonal; at nangangailangan ang mga tinukoy na medikal na pamamaraan para sa outpatient ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon).
- **Mga serbisyo ng anesthesiologist**
Nagsasaklaw ang L.A. Care ng mga serbisyo sa anesthesia na medikal na kinakailangan kapag tumanggap ka ng pangangalaga para sa outpatient.
- **Mga serbisyo ng doktor**
Nagsasaklaw ang L.A. Care ng mga serbisyo ng doktor na medikal na kinakailangan.
- **Mga podiatry na serbisyo (para sa paa)**
Nagsasaklaw ang L.A. Care ng mga podiatry na serbisyo na medikal na kinakailangan. Para sa mga podiatry na serbisyo, maaaring kailanganin ang pag-apruba mula sa L.A. Care at/o iyong doktor. Limitado ang mga podiatry na serbisyo sa medikal at pang-operasyon na serbisyo upang magamot ang mga problema sa paa, bukong-bukong, o litid na naipit sa paa, na kasunod ng o nagpapakumpika sa mga medikal na hindi gumagaling na sakit, o nakakaapekto sa iyong kakayahang maglakad.
- **Mga paggamot na therapy**
Nagsasaklaw ang L.A. Care ng iba't ibang paggamot na therapy, kabilang ang:
 - Chemotherapy
 - Radiation therapy



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Mga pang-emergency na serbisyo

- ***Mga serbisyo para sa inpatient at outpatient na kinakailangan sa paggamot sa medikal na emergency***

Nasasaklawan ng L.A. Care ang lahat ng serbisyo na kinakailangan sa paggamot sa medikal na emergency. Ang medikal na emergency ay isang kundisyong medikal na may kasamang matinding kirot o seryosong pinsala sa katawan. Masyadong malubha ang kundisyon na kung hindi ito makakatanggap ng agarang medikal na pansin, aasahan ng sinumang may katamtamang kaalaman sa kalusugan at medisina na magresulta ito sa:

- Malubhang panganib sa iyong kalusugan; **o**
- Malubhang kapahamakan sa mga paggana ng katawan; **o**
- Malubhang paghina ng anumang organo o bahagi ng katawan; **o**
- Sa kaso ng buntis na babae na nasa aktibong labor, ang ibig sabihin, labor sa oras na mangyayari ang alinman sa sumusunod:
 - Walang sapat na panahon upang ligtas kang mailipat sa ibang ospital bago ang iyong panganganak.
 - Ang paglipat ay maaaring maging mapanganib sa kalusugan o kaligtasan mo o sa iyong hindi pa naisisilang na anak.

- ***Mga serbisyo sa transportasyon sa emergency***

Nagsasaklaw ang L.A. Care ng mga serbisyo ng ambulansya upang matulungan kang makarating sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa mga sitwasyon ng emergency. Ang ibig sabihin, sapat ang lubha ng iyong kundisyon na ang ibang paraan ng pagpunta sa lugar ng pangangalaga ay maaaring maging mapanganib sa iyong kalusugan o buhay.

- ***Mga serbisyo sa emergency room***

Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga serbisyo sa emergency room na kinakailangan sa paggamot sa medikal na emergency. Tandaan, ang medikal na emergency ay kundisyong medikal na matindi ang sakit at malubha ang pinsala. Ang kundisyon ay talagang malubha na, kung hindi ito mabibigyan ng agarang medikal na pansin, maaari itong magresulta sa malubhang panganib sa iyong kalusugan at katawan.

Hospice at palliative na pangangalaga

Nasasaklawan ng L.A. Care ang hospice na pangangalaga, pati na rin ang palliative na pangangalaga na nakakabawas sa pisikal, emosyonal, social at ispiritwal na kawalan ng ginhawa para sa miyembrong may malubhang karamdaman.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Pagpapaospital

- **Mga serbisyo ng anesthesiologist**
Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga serbisyo ng anesthesiologist sa mga pananatili sa ospital. Ang anesthesiologist ay provider na may espesyalisasyon sa pagbibigay ng anesthesia sa mga pasyente. Ang anesthesia ay uri ng gamot na ginagamit sa ilang medikal na pamamaraan.
- **Mga serbisyo sa ospital para sa inpatient**
Nasasaklawan ng L.A. Care ang pangangalaga sa ospital para sa inpatient kapag ikaw ay naospital.
- **Mga serbisyo sa operasyon**
Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga operasyong isinasagawa sa ospital.

Pangangalaga sa buntis at bagong silang na sanggol

Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga serbisyonang ito sa mga buntis at bagong silang na sanggol:

- Kaalaman sa pagpapasuso
- Pangangalaga sa panganganak at pagkatapos manganak
- Mga serbisyo ng nurse midwife
- Pangangalaga bago manganak
- Mga serbisyo sa birthing center

Mga inireresetang Gamot

Mga nasasaklawang gamot

Ang iyong provider ay maaaring magreseta sa iyo ng mga gamot na nasa listahan ng pinipiling gamot (preferred drug list, PDL) sa L.A. Care. Kung minsan, tinatawag itong pormularyo. Ligtas at mabisa ang mga gamot sa pormularyo. Ina-update ng pangkat ng mga doktor at pharmacist ang listahang ito.

- Ang pag-update sa listahang ito ay nakakatulong na makatiyak na ang mga gamot dito ay ligtas at mabisa.
- Kung sa palagay ng iyong doktor ay kailangan mo ng gamot na wala sa listahang ito, kakailanganin ng iyong doktor na tumawag sa L.A. Care upang humiling ng paunang pag-apruba bago mo matanggap ang gamot.

Upang malaman kung ang isang gamot ay nasa PDL o upang makakuha ng kopya ng pormularyo, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711). Maaari mo ring bisitahin ang website ng L.A. Care sa www.lacare.org/members/member-services/pharmacy-services.

Kung minsan, kailangang aprubahan ng L.A. Care ang isang gamot na iniresetan ng provider. Susuriin at magpapasya ang L.A. Care para sa mga kahilingang ito sa loob ng 24 na oras.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Maaari kang bigyan ng pharmacist o emergency room ng ospital ng para sa 72 oras na supply sa emergency kung sa palagay nila ay kailangan mo nito. Magbabayad ang L.A. Care para sa supply sa emergency.
- Kung hindi ang sasabihin ng L.A. Care para sa kahilingan, magpapadala sa iyo ang L.A. Care ng liham na nagbibigay-alam sa iyo kung bakit at anong iba pang gamot o paggamot ang maaari mong subukan.

Mga parmacya

Kung ikaw ay kumukuha o muling kumukuha ng inireresetang gamot, dapat mong kunin ang iyong inireresetang gamot sa parmacya na nakikipagtulugan sa L.A. Care. Makakakita ka ng listahan ng mga parmacya na nakikipagtulugan sa L.A. Care sa Direktoryo ng Provider ng L.A. Care sa lacare.org. Maaari ka ring makahanap ng parmacya na malapit sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Kapag nakapili ka na ng parmacya, dalhin ang iyong reseta sa parmacya. Ibigay sa parmacya ang iyong reseta kasama ng iyong L.A. Care ID card. Tiyaking alam ng parmacya ang tungkol sa lahat ng gamot na ginagamit mo at anumang allergy na mayroon ka. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong reseta, tiyaking magtanong sa pharmacist.

Mga rehabilitative at habilitative na serbisyo at device

Nasasaklawan ng plano ang:

- **Acupuncture**

Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga serbisyo sa acupuncture upang maiwasan, mabago, o mapahupa ang pagkakaroon ng matindi, hindi nawawalang sakit na nagreresulta sa pangkalahatan at natukoy na kundisyong medikal. Ang mga serbisyo sa acupuncture para sa outpatient (mayroon man o walang electric na stimulation ng mga karayom), ay limitado sa dalawang serbisyo sa anumang isang buwan at maibibigay ang mga karagdagang serbisyo sa pamamagitan ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) ng L.A. Care bilang medikal na kinakailangan.

- **Mga paggamot sa kalusugan ng pag-uugali**

Kabilang sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health treatment, BHT) ang mga programa sa serbisyo at paggamot, gaya ng mga programa sa applied na pagsusuri sa pag-uugali at interbensyon na batay sa patunay sa pag-uugali ng gawi ng isang indibidwal na nagpapaunlad o nagbabalik sa dati, hanggang sa pinakamahusay na antas nito.

Ang mga BHT serbisyo ay nagtuturo ng mga serbisyo sa pamamagitan ng paggamit ng obserbasyon at reinforcemant sa pag-uugali, o sa pamamagitan ng pag-prompt upang maituro ang bawat hakbang na tina-target na pag-uugali. Ang mga BHT na serbisyo ay nakabatay sa mapagkakatiwalaang patunay at hindi eksperimental ang mga ito. Kabilang sa mga halimbawa ng mga BHT na serbisyo ang mga interbensyon sa pag-uugali, mga package sa cognitive na interbensyon sa pag-uugali, komprehensibong paggamot sa pag-uugali at applied na pagsusuri ng pag-uugali.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Ang mga BHT na serbisyo ay dapat medikal na kinakailangan, inirekomenda ng lisensyadong doktor o psychologist, inaprubahan ng plano, at ibinigay sa paraan na sumusunod sa inaprubahang plano sa paggamot.

- **Rehabilitasyon para sa puso**
Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga rehabilitative na serbisyo sa puso para sa mga inpatient at outpatient.
- **Matibay na medikal na kagamitan**
Nasasaklawan ng L.A. Care ang pagbili o pagrenta ng mga medikal na supply, equipment at iba pang serbisyo sa pamamagitan ng reseta mula sa doktor.
- **Mga hearing aid**
Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga hearing aid kung nasuri ka sa pagkawala ng pandinig at nakatanggap ng reseta mula sa iyong doktor. Maaari ding saklawin ng L.A. Care ang mga pagrenta, pagpapalit, at ang mga baterya ng hearing para sa iyong unang hearing aid.
- **Mga serbisyo sa kalusugan sa bahay**
Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga serbisyong ibinibigay sa iyong bahay, kapag inireseta ng iyong doktor.
- **Mga medikal na supply, equipment at appliance**
Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga medikal na supply na aprubado ng doktor, kabilang ang mga naka-implant na hearing device.
- **Occupational therapy**
Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga serbisyo sa occupational therapy, kabilang ang serbisyo sa pagsusuri sa occupational therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, pagtuturo at pagkonsulta
- **Orthotics/prostheses**
Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga orthotic at prosthetic na appliance at serbisyo na medikal na kinakailangan at inireseta ng iyong doktor.
- **Physical therapy**
Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga serbisyo sa physical therapy, kabilang ang serbisyo sa pagsusuri sa physical therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, pagtuturo, pagkonsulta, at paglalagay ng mga ipinapahid na gamot.
- **Pulmonary na rehabilitasyon**
Nasasaklawan L.A. Care ang pulmonary na rehabilitasyon na medikal na kinakailangan at inireseta ng doktor.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

4 | Mga benepisyo at serbisyo

- **Mga serbisyo sa pasilidad ng sanay na pangangalaga**

Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga serbisyo sa pasilidad ng sanay na pangangalaga ayon sa medikal na kinakailangan, kung baldado ka at nangangailangan ng mataas na antas ng pangangalaga. Kabilang sa mga serbisyong ito ang silid at pananatili sa isang lisensyadong pasilidad na may pangangalaga sa sanay na pangangalaga sa 24 na oras kada araw na batayan.

- **Speech therapy**

Nasasaklawan ng L.A. Care ang speech therapy na medikal na kinakailangan. Maaari kang magkaroon ng mga limitasyon sa bilang ng pagbista na maaari mong gawin sa isang buwan.

Mga serbisyo sa laboratoryo

Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga serbisyo sa laboratoryo at x-ray para sa outpatient at inpatient. Nasasaklawan ang iba't ibang advanced na pamamaraan sa pagkuha ng imahe batay sa pangangailangang medikal dito.

Mga pang-iwas at wellness na serbisyo at pangangasiwan ng hindi gumagaling na sakit

Nasasaklawan ng L.A. Care ang:

- Mga inirerekomendang bakuna ng Advisory Committee para sa Mga Kasanayan sa Pagbabakuna
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya
- Mga rekomendasyon sa Bright Futures ng Health Resources and Service Administration
- Mga pang-iwas na serbisyo para sa mga kababaihan na inirerekomenda ng Institute of Medicine
- Mga serbisyo sa paghinto sa paninigarilyo
- Mga inirerekomendang pang-iwas na serbisyo ng Task Force A and B ng United States Preventive Services

Ibinibigay ang mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya sa mga miyembrong nasa edad na maaaring magkaanak upang mabigyang-daan sila na matukoy ang bilang at pagitan ng pag-aanak. Kasama sa mga serbisyong ito ang lahat ng pamamaraan ng pagkontrol ng pagbubuntis na inaprubahan ng Food and Drug Administration. Bilang miyembro, pipili ka ng doktor na malapit sa iyo at makapagbibigay ng mga kailangan mong serbisyo.

Available para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya ang mga PCP at espesyalistang Ob/Gyn ng plano. Para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, maaari ka ring pumili ng doktor o klinika na hindi konektado sa L.A. Care nang hindi nangangailangan ng pagkuha ng paunang pag-apruba mula sa L.A. Care. Babayaran ng L.A. Care ang PCP o klinika para sa mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya na iyong natanggap.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip

Nasasaklawan ng L.A. Care ang:

- **Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng outpatient**

- Nasasaklawan ng L.A. Care ang isang miyembro para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip. Hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP upang makapagpatingin sa isang espesyalista na nasa network ng L.A. Care. Matutukoy ng espesyalista sa kalusugan ng pag-iisip ang antas ng iyong problema. Kung matutukoy sa iyong screening sa kalusugan ng pag-iisip na ikaw ay nasa mild o moderate na distress o may problema sa pagganap ng pag-iisip, emosyon, o pag-uugali, maaaring magbigay ang L.A. Care ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip.

Nasasaklawan naming ang mga serbisyonang ito sa kalusugan ng pag-iisip:

- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng outpatient
- Indibidwal o pampangkat na pagsusuri at paggamot (psychotherapy) sa kalusugan ng pag-iisip
- Psychological na pagsusuri kapag klinikal na natukoy na dapat suriin ang kundisyon ng kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay ng therapy sa gamot
- Pagkonsulta ukol sa sakit sa isip
- Pagsusuri sa laboratoryo, mga supply at mga supplement para sa outpatient
- Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na ibinibigay ng L.A. Care, maaari kang tumawag sa Beacon Health Options sa **1-877-344-2858**.
- Kung ang matutukoy sa mga resulta ng iyong screening sa kalusugan ng pag-iisip na kailangan mo ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (specialty mental health service, SMHS), ire-refer ka ng iyong PCP o espesyalista sa kalusugan ng pag-iisip sa plano ng county sa kalusugan ng pag-iisip upang sumailalim sa pagsusuri.
- **Mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip**
 - Ang mga plano ng county sa kalusugan ng pag-iisip ay nagbibigay ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (SMHS) sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga kinakailangang pamantayan. Maaaring kabilang sa SMHS ang sumusunod na serbisyo para sa inpatient at outpatient:
 - Mga serbisyo para sa outpatient:
 - Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (mga pagsusuri, pagbuo ng plano, therapy, rehabilitasyon, at collateral)
 - Mga serbisyonang suporta sa gamot
 - Mga serbisyo sa intensive na paggamot sa umaga



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Mga serbisyong rehabilitasyon sa umaga
- Mga serbisyo sa interbensyon sa krisis
- Mga serbisyo sa stabilization sa krisis
- Mga serbisyo sa naka-target na pamamahala ng kaso
- Mga therapeutic na serbisyo sa pag-uugali
- Intensive na pag-aayos ng pangangalaga (intensive care coordination, ICC)
- Mga intensive na serbisyo sa bahay (intensive home-based service, IHBS)
- Therapeutic na foster na pangangalaga (therapeutic foster care, TFC)
- Mga residensyal na serbisyo:
 - Mga serbisyong pantahanang paggamot sa nasa hustong gulang
 - Mga serbisyong pantahanang paggamot sa krisis
- Mga serbisyo para sa inpatient:
 - Mga serbisyo sa ospital para sa inpatient na may kasong acute na psychiatric
 - Mga propesyonal na serbisyo para sa inpatient na may kasong psychiatric
 - Mga serbisyo ng pasilidad na pangkalusugan ng may sakit sa isip
- Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, na ibinibigay ng county mental health plan, you can call the Los Angeles County Department of Mental Health at **1-800-854-7771**. Upang malaman ang toll-free na numero ng telepono ng lahat ng bansa online, bisitahin ang <http://dmh.lacounty.gov>.

Mga serbisyo sa problema sa paggamit ng bawal na gamot

Nasasaklawan ng L.A. Care ang screening at maikling interbensyon para sa pag-abuso sa paggamit ng bawal na gamot na isinasagawa ng mga provider ng pangunahing pangangalaga. Para sa mas intensive na serbisyo para sa problema sa paggamit ng bawal na gamot, kabilang ang mga residensyal na serbisyo, maaari kang i-refer ng iyong PCP o espesyalista sa kalusugan ng pag-iisip sa Pag-iwas at Pagkontrol sa Pag-abuso ng Bawal na gamot (Substance Abuse Prevention and Control, SAPC) ng Los Angeles County. Hindi mo kailangan ng referral upang humiling ng mga serbisyo mula sa Los Angeles County. Maaari kang tumawag sa SAPC sa **844-804-7500**.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga pediatric na serbisyo

Nasasaklawan ng L.A. Care ang:

- Mga serbisyo sa maaga at paminsan-minsang screening, diagnostic at paggamot (early and periodic screening, diagnostic and treatment, EPSDT)
 - Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga pagbisita para sa well-child. Kabilang sa mga pagbisitang ito ang pangkalusugang pag-screen, diagnosis, paggamot at bakuna para sa mga bata hanggang sa buwan ng ika-21 kaarawan ng mga bata. Kabilang sa mga serbisyong ito ang:
 - Physical therapy
 - Speech therapy
 - Occupational therapy
 - Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali (BHT)
 - Mga bakuna
 - Mga Pag-screen ng Dugo para sa Lead
 - Screening para sa Chlamydia
 - Mga Pantulong na Serbisyo sa EPSDT kapag kinakailangan
 - Mga serbisyo sa pamamahala ng kaso at pantulong na pangangalaga ng nurse
 - Mga Serbisyo sa Targeted na Pamamahala ng Kaso na nakadiseno upang matulungan ang mga bata na makakuha ng access sa kinakailangang medikal, social, pang-eduksayon, at iba pang serbisyo
 - Anumang serbisyo na kinakailangan sa paggamot o pag-ameliorate ng kundisyong natuklasan sa pagbista na EPSDT, tinukoy man o hindi ang mga serbisyo bilang benepisyo mula sa Medi-Cal
- Pangangalaga ng paningin

Mga serbisyo sa paningin

Nasasaklawan ng L.A. Care ang:

- Mga salamin sa mata para sa mga kwalipikadong miyembro na wala pang 21 taong gulang, ayon sa pagtukoy ng L.A. Care
- Mga salamin sa mata para sa mga buntis sa panahon ng postpartum
- Routine na pagsusuri sa mata isang beses sa loob ng 24 na buwan



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (NEMT)

May karapatan kang gumamit ng hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (NEMT) kapag hindi ka makakapunta sa medikal na appointment dahil sa pisikal at medikal na kundisyon, sa pamamagitan ng kotse, bus, tren o taxi, at L.A. Care ang nagbabayad para sa iyong medikal o pisikal na kundisyon. Bago kumuha ng NEMT, kailangan mo munang humiling ng serbisyo sa pamamagitan ng iyong doktor at siya ang magrerekomenda ng tamang uri ng transportasyon upang matugunan ang iyong medikal na kundisyon.

Ang NEMT ay ambulansya, litter at wheelchair van, o transportasyong panghimpapawid. Ang NEMT ay hindi kotse, bus, o taxi. Pinapayagan ng L.A. Care ang pinakamababang gastusin sa NEMT para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo na sasakyan papunta sa iyong appointment. Ang ibig sabihin, halimbawa, kung pisikal o medikal kang makakapunta sa pamamagitan ng wheelchair van, hindi magbabayad ang L.A. Care para sa ambulansya. Makakagamit ka lang ng transportasyong pamhimpapawid kung hindi ka maaaring ihatid gamit ang anumang uri ng transportasyong panlupa dahil sa iyong medikal na kundisyon.

Dapat gamitin ang NEMT kapag:

- Natukoy na pisikal o medikal itong kinakailangan sa pamamagitan ng nakasulat na pagpapahintulot ng physician; o hindi ka maaaring sumakay ng bus, taxi, kotse, o van upang pumunta sa iyong appointment dahil sa pisikal o medikal na kundisyon mo.
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver papunta at paalis sa iyong tirahan, sasakyan, o pagamutan dahil sa kapansanang pisikal o kapansanan sa pag-iisip.
- Naunang inaprubahan ito ng L.A. Care sa pamamagitan ng nakasulat na pagpapahintulot ng doktor.

Upang humiling ng mga serbisyo sa NEMT na inirekomenda ng iyong provider, mangyaring tumawag sa **L.A. Care** sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**) bago ang iyong appointment. Inirerekomendang ang mga kahilingan ay mas maaga nang pitumpu't dalawang (72) oras bago ang serbisyo. Para sa mga agarang appointment, tumawag sa lalong madaling panahon. Pakihanda ang iyong ID card ng miyembro kapag tumawag ka.

Mga limitasyon ng NEMT

Walang limitasyon para sa pagtanggap ng NEMT upang makapunta o makaalis sa mga medikal na appointment na sinasaklaw sa ilalim ng L.A. Care kapag inirekomenda ito para sa iyo ng isang provider. Kung sinasaklaw ng Medi-Cal ang uri ng appointment ngunit hindi ng iyong planong pangkalusugan, ang iyong planong pangkalusugan ang magbibigay sa iyo o tutulong na iiskedyul ang transportasyon mo.

Ano ang hindi nalalapat?

Hindi ibibigay ang transportasyon kung pinahihintulutan ka ng iyong pisikal at medikal na kundisyon na pumunta sa iyong medikal na appointment sa pamamagitan ng kotse, bus, taxi, o iba pang madaling i-access na paraan ng transportasyon. Hindi ibibigay ang transportasyon kung hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang serbisyo. Nasa Handbook ng Miyembro na ito ang listahan ng mga sinasaklaw na serbisyo.

Gastusin ng miyembro

Walang gagastusin ang miyembro kapag ang transportasyon ay awtorisado ng L.A. Care.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Hindi medikal na transportasyon (NMT)

Maaari kang gumamit ng hindi medikal na transportasyon (NMT) kapag ikaw ay:

- Naglalakbay papunta at paalis sa appointment para sa serbisyo ng Medi-Cal na pinahintulutan ng iyong provider.

Pinapayagan ka ng L.A. Care na gumamit ng kotse, bus, o iba pang pampubliko/pribadong paraan ng pagpunta sa iyong mga medikal na appointment para sa mga sinasaklaw na serbisyo ng Medi-Cal. Nagbibigay ang L.A. Care ng kabayaran para sa mileage kapag ang transportasyon ay isang pribadong sasakyang isinaayos ng benepisyaryo at hindi sa pamamagitan ng broker ng transportasyon, mga pass sa bus, voucher para sa tax, o ticket sa tren. Pinapayagan ng L.A. Care ang uri ng NMT na may pinakamababang gastos na tumutugon sa iyong mga pangangailangang medikal.

Upang humiling ng mga serbisyo ng NMT na may awtorisasyon ng provider, mangyaring tumawag sa Member Services ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**) bago ang iyong appointment. Inirerekomendang ang mga kahilingan ay mas maaga nang pitumpu't dalawang (72) oras bago ang serbisyo. Para sa mga agarang appointment, tumawag sa lalong madaling panahon. Pakihanda ang iyong ID card ng miyembro kapag tumawag ka.

Mga limitasyon ng NMT

Walang limitasyon para sa pagtanggap ng NMT upang makapunta o makaalis sa mga medikal na appointment na sinasaklaw sa ilalim ng L.A. Care kapag inirekomenda ito para sa iyo ng isang provider. Kung sinasaklaw ng Medi-Cal ang uri ng appointment ngunit hindi ng iyong planong pangkalusugan, ang iyong planong pangkalusugan ang magbibigay sa iyo o tutulong na iiskedyul ang transportasyon mo.

Ano ang hindi nalalapat?

Hindi nalalapat ang NMT kung:

- Medikal na kailangan ng ambulansya, litter van, wheelchair van, o iba pang uri ng NEMT upang makapunta sa isang nasasaklawang serbisyo..
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver papunta at paalis sa tirahan, sasakyan, o pagamutan dahil sa kundisyong pisikal o kundisyon sa pag-iisip.
- Hindi nasasaklawan ng Medi-Cal ang serbisyo.

Gastusin sa miyembro

Walang gastusin kapag awtorisado ng L.A. Care ang transportasyon.

Mga pangtagalang serbisyo at suporta (LTSS)

Nasasaklawan ng L.A. Care ang mga LTSS na benepisyong ito para sa mga kwalipikadong miyembro:

- Mga serbisyo sa pasilidad sa sanay na pangangalaga (91+ araw)
- Mga serbisyo sa personal na pangangalaga
- Mga serbisyo sa self-directed na personal na tulong
- Community First Choice Option



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Mga Serbisyong Ibinibigay sa Bahay at Komunidad (Home and Community Based Services)
- Pangmatagalang Pangangalaga sa Institusyon

Mga Serbisyo para sa Transgender

Sinasaklawan ng L.A. Care ang mga serbisyong ito kapag medikal na kinakailangan para sa mga kwalipikadong miyembro:

- Psychotherapy
- Tuluy-tuloy na hormonal therapy
- Pagsusuri sa laboratoryo upang masubaybayan ang hormone therapy
- Gender reassignment surgery na hindi lang pampaganda

Mga benepisyo mula sa Inisyatiba sa Nakaayos na Pangangalaga (CCI)

Isa itong listahan minimum na mga benepisyo mula sa Inisyatiba sa Nakaayos na Pangangalaga (Coordinated Care Initiative, CCI). Para sa mga detalye tungkol sa mga benepisyo mula sa CCI, pakitingnan ang seksyong Inisyatiba sa Nakaayos na Pangangalaga (CCI) ng handbook na ito.

Nasasaklawan ng L.A. Care ang:

- Network ng mga provider na nagtutulungan para sa iyo
- Personal na coordinator ng pangangalaga na magtitiyak na natatanggap mo ang pangangalaga at suportang kailangan mo
- Naka-customize na pagsusuri ng iyong mga pangangailangang pangkalusugan at planong pangkalusugan
- Isang insurance card para sa kalusugan
- Nurse advice line na matatawagan 24 na oras sa isang araw, 7 oras sa isang linggo

Moral na pagtanggi

May ilang provider na may moral na pagtanggi para sa ilang serbisyo. Ang ibig sabihin nito, may karapatan sila na **hindi** mag-alok ng ilang nasasaklawang serbisyo kung tinatanggihan nila ito sa moral na dahilan.

Maaaring kabilang sa mga serbisyong ito ang:

- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya
- Pagpapalaglag ng bata
- Mga serbisyo ng pangontra sa pagbubuntis, kabilang ang pang-emergency na pangontra sa pagbubuntis
- Operasyon upang hindi mabuntis o makabuntis, kabilang ang pagpapatali sa panahon ng paghilab ng tiyan at panganganak



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Mga paggamot para sa infertility

Kung tatangi ang iyong provider gawa ng moral na dahilan, tutulungan ka niyang makakita ng ibang provider para sa mga kinakailangang serbisyo. Maaari ding makipagtulungan sa iyo ang L.A. Care upang makahanap ng provider. Kung kailangan mo ng tulong sa pagkuha ng referral sa ibang provider, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Ang ilang ospital at ibang provider ay hindi nag-aalok ng isa o higit pa ng sumusunod na serbisyo na maaaring nasasaklawan ng iyong kontrata sa plano at maaaring kailanganin mo o ng iyong pamilya:

- Pagpapalano ng pamilya
- Mga serbisyo ng pangontra sa pagbubuntis, kabilang ang pang-emergency na pangontra sa pagbubuntis
- Operasyon upang hindi mabuntis o makabuntis, kabilang ang pagpapatali sa panahon ng paghilab ng tiyan at panganganak
- Pagpapalaglag ng bata

Dapat kang magkaroon ng higit pang impormasyon bago ka magpatala. Tumawag sa iyong gustong doktor, medikal na pangkat, hiwalay na samahan sa practice, o klinika, o tumawag sa Member Services ng L.A. Care **1-888-839-9909** (TTY: 711) upang matiyak na makukuha mo ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo.

Ang hindi nasasaklawan ng iyong planong pangkalusugan

Iba pang serbisyo na maaari mong matanggap sa pamamagitan ng Bayad Para Sa Serbisyo (FFS) na Medi-Cal

Kung minsan, hindi nagsasaklaw ang L.A. Care ng ilang serbisyo, ngunit matatanggap mo pa rin ang mga ito sa pamamagitan ng Bayad Para Sa Serbisyo (Fee-For-Service, FFS) ng Medi-Cal. Nakalista rito ang mga serbisyong ito. Upang matuto pa, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Mga serbisyo sa ngipin

Nagsasaklaw ang Medi-Cal ng ilang serbisyo sa ngipin para sa mga batang hanggang 21 taong gulang, kabilang ang:

- Mga Serbisyo sa Ngipin na normal na isinasagawa ng dentista, orthodontist o oral surgeon, at mga dental appliance.

Kung mayroon kang mga tanong o gustong matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tumawag sa Denti-Cal sa **1-800-322-6384** (TTY: 1-800-735-2922). Maaari mo ring bisitahin ang website ng Denti-Cal sa denti-cal.ca.gov.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga serbisyong hindi mo makukuha sa pamamagitan ng L.A. Care o Medi-Cal

May ilang serbisyo na hindi sasaklawin ng L.A. Care o Medi-Cal, kabilang ang:

- Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California (California Children's Services, CCS)

Basahin ang mga nasa ibaba upang matuto pa o tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California (CCS)

Ang CCS ay programa ng estado na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may ilang partikular na kundisyong medikal, sakit o hindi gumagaling na problemang pangkalusugan at nakakatugon sa mga panuntunan ng programang CCS. Kung naniniwala ang L.A. Care o ang iyong PCP na ang iyong anak ay may kundisyon para sa CCS, ire-refer siya sa programa na CCS.

Magpapasya ang kawani ni programa na CCS kung ang iyong anak ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng CCS. Kung kwalipikado ang iyong anak sa ganitong uri ng pangangalaga, gagamutin siya ng mga provider ng CCS sa kundisyon para sa CCS.

Patuloy na sasaklawin ng L.A. Care ang mga uri ng serbisyo na walang kaugnayan sa kundisyon para sa CCS gaya ng mga physical, bakuna at checkup ng well-child.

Hindi nasasaklawin ng L.A. Care ang mga serbisyo na ibinibigay ng programa na CCS. Para masaklaw ng CCS ang mga serbisyong ito, dapat aprubahan ng CCS ang provider, mga serbisyo at kagamitan.

Hindi sinasaklaw ng CCS ang lahat ng kundisyong pangkalusugan. Sinasaklaw ng CCS ang karamihan ng kundisyong pangkalusugan na pisikal na nakakabaldado o kailangang gamutin sa pamamagitan ng mga gamot, operasyon o rehabilitasyon (rehab). Nasasaklawin ng CCS ang mga bata na may kundisyong pangkalusugan gaya ng:

- Congenital heart disease
- Mga cancer
- Mga tumor
- Hemophilia
- Sickle cell anemia
- Mga problema sa thyroid
- Diabetes
- Mga malubhang hindi gumagaling na problema sa bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- Cleft lip/palate
- Spina bifida
- Pagkawala ng pandinig
- Mga katarata
- Cerebral palsy



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Mga seizure sa ilang partikular na sitwasyon
- Rheumatoid arthritis
- Muscular dystrophy
- AIDS
- Matinding pinsala sa ulo, utak o spinal cord
- Matinding pagkalapnos ng balat
- Matinding hindi pagkakapantay-pantay ng ngipin

Ang estado ang nagbabayad para sa mga serbisyo ng CCS. Kung hindi kwalipikado ang iyong anak para sa serbisyo ng programa ng CCS, patuloy siyang makakatanggap ng medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa L.A. Care.

Upang matuto pa tungkol sa CCS, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Iba pang programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal

May iba pang programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal, kabilang ang:

- Inisyatiba sa Nakaayos na Pangangalaga (CCI)
- Donasyon ng organ at tissue

Basahin ang bawat isang seksyon sa ibaba upang matuto pa tungkol sa iba pang programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal.

Inisyatiba sa Nakaayos na Pangangalaga (CCI)

Kumikilos ang Inisyatiba sa Nakaayos na Pangangalaga (CCI) ng California upang mapahusay ang pag-aayos ng pangangalaga para sa mga dalawa ang kwalipikasyon (mga taong kwalipikado para sa Medicaid at Medicare).

Mayroon itong dalawang pangunahing bahagi:

- Cal MediConnect: Layunin ng programa na Cal MediConnect na mapahusay ang pag-aayos ng pangangalaga para sa mga dalawa ang kwalipikasyon. Nagbibigay-daan ito na magpatala sa isang plano upang mapamahalaan ang lahat ng kanilang benepisyolt lets them enroll in a single plan to manage all of their benefits, sa halip ng pagkakaroon ng maghiwalay na plano ng Medi-Cal at Medicare. Layunin din nito ang mataas na kalidad ng pangangalaga na tumutulong sa mga tao na manatiling malusog at manatili sa kanilang mga home hangga't maaari.
- Mga pinamamahalaang pangmatagalang suporta at serbisyo ng Medi-Cal (Medi-Cal long-term supports and services, MLTSS): Ang lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal, kabilang ang mga may dalawang kwalipikasyon, ay dapat sumali sa isang pinamamahalaang planong pangkalusugan ng Medi-Cal upang matanggap ang kanilang mga benepisyos mula sa Medi-Cal, kabilang ang LTSS at mga wrap-around na benepisyos sa Medicare.

Upang matuto pa tungkol sa CCI, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Donasyon ng organ at tissue

Kahit sino ay maaaring makapagligtas ng buhay sa pamamagitan ng pagiging donor ng tissue o organ. Kung ikaw ay nasa pagitan ng 15 at 18 taong gulang, maaari kang maging donor sa pamamagitan ng nakasulat na pahintulot mula sa iyong magulang o tagapag-alaga. Maaari mong baguhin ang pasya mo tungkol sa pagiging donor ng organ anumang oras. Kung gusto mong matuto pa tungkol sa donasyon ng organ o tissue, makipag-usap sa iyong PCP. Maaari mo ring bisitahin ang website ng United States Department of Health and Human Services sa organdonor.gov.

Pag-aayos ng mga benepisyo

Nag-aalok ng mga serbisyo ang L.A. Care upang matulungan kang ayusin nang libre ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong kalusugan o sa kalusugan ng iyong anak, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Pagsusuri ng mga bago at kasalukuyang teknolohiya

Sumusunod ang L.A. Care sa mga pagbabago at pangunguna sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga bagong panggamot, gamot, pamamaraan at aparato. Tinatawag din itong “bagong teknolohiya.” Sumusunod ang L.A. Care ang bagong teknolohiya upang matiyak na ang mga miyembro ay may access sa ligtas at mabisang pangangalaga. Sinusuri ng L.A. Care ang mga bagong teknolohiya para sa medikal at pangkaisipang pamamaraang pangkalusugan, paggawa ng gamot, at aparato. Ang mga kahilingan sa pagsusuri ng bagong teknolohiya ay maaaring manggaling sa miyembro, practitioner, organisasyon, tagasuring doktor ng L.A. Care, o iba pang kawani.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: 711).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

5. Mga karapatan at responsibilidad

Bilang miyembro ng L.A. Care, mayroon kang ilang partikular na karapatan at responsibilidad. Ipapaliwanag sa kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na iyon. Kabilang din sa kabanatang ito ang mga legal na abisong may karapatan kang malaman bilang miyembro ng L.A. Care.

Iyong mga karapatan

Narito ang mga karapatan ng mga miyembro ng L.A. Care:

- Maggamot nang may respeto at pagkilala sa kanilang dignidad, habang nagbibigay ng nararapat na pagsasaalang-alang sa iyong karapatan sa pagkapribado at napapanatili ang pagkakumpidensyal ng iyong impormasyong medikal.
- Maghintay lang nang hindi lalampas sa 10 minuto upang makakausap ng kinatawan ng customer service.
- Magkapagpaikedyul ng mga appointment sa loob ng makatuwirang tagal ng panahon.
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa plano at mga serbisyo nito, kabilang ang Mga Nasasaklawang Serbisyo, practitioner at provider at karapatan at responsibilidad ng miyembro.
- Makapagrekomenda hinggil sa patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro ng organisasyon
- Makapamilya ng provider ng pangunahing pangangalaga na nasa network ng L.A. Care.
- Makasali sa pagpapasya hinggil sa iyong sariling pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang karapatan na tumanggi sa paggamot.
- Hindi magkaroon ng pananagutan sa anumang uri ng kinahinatnan kapag nagpapasya tungkol sa iyong pangangalaga.
- Magpasya kung paano mo gustong makatanggap ng pangangalaga kung sakaling magkakaroon ka ng karamdaman o pinsala na nakakamatay.
- Magkaroon ng matapat na pakikipag-usap tungkol sa naaangkop o kinakailangang medikal na paggamot para sa kanyang kundisyon, anuman ang gastusin o benepisyong saklaw.
- Makapagparating ng mga karaingan o apela, verbal man o pasulat, tungkol sa organisasyon, sa pangangalaga o mga natatanggap na serbisyo.
- Upang makatanggap ng pag-aayos ng pangangalaga.
- Upang humiling na apela sa mga pasya upang itanggi, ihinto, o limitaha ang mga serbisyo o benepisyo.
- Upang makatanggap ng libreng serbisyo sa pasalitang pagsasalin para sa iyong wika.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

5 | Mga karapatan at responsibilidad

- Upang makatanggap ng libre at nakasulat na dokumento ng plano sa iyong wika.
- Upang makapaghain ng karangan o reklamo kung hindi natutugunan ang iyong mga pangangailangan sa wika.
- Upang makatanggap ng libreng auxiliary na tulong at serbisyo.
- Upang makatanggap ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na legal na tanggapan ng tulong o iba pang pangkat.
- Upang makagawa ng mga paunang direktiba.
- Upang makaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, Pederal na Kwalipikadong Health Center, Pasilidad sa Serbisyon Pangkulusugan sa Mga Indian, serbisyo para sa sakit na naisasalin sa pakikipagtalik at serbisyo sa Emergency na nasa labas ng network ng L.A. Care alinsunod sa pederal na batas.
- Upang humiling ng Pagdinig ng Estado, kabilang ang impormasyon sa mga sitwasyon kung saan posible ang pinabilis na pagdinig.
- Upang makatanggap ng kopya ng iyong mga talaang medikal, at mahiling na amyendahan o iwasto ang mga ito, gaya ng tinukoy sa 45 CFR §164.524 at 164.526.
- Upang maalisa sa pagkakatala, kung hihilingin. Kabilang sa mga benepisyaryo na maaaring humiling ng pinabilis na pag-alis sa pagkakatala ang, ngunit hindi limitado sa, mga benepisyaryong tumatanggap ng serbisyo sa Foster na Pangangalaga, o Programa sa Tulong sa Pag-aampon; at miyembro na may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan.
- Upang maka-access sa Mga Serbisyo sa Pahintulot ng Menor de Edad.
- Upang makatanggap ng mga nakasulat na dokumento na nagbibigay ng impormasyon sa miyembro sa mga alternatibong format (kabilang ang braille, malaking print, at audio format) kung hihilingin at napapanahon sa naaangkop na format na hinihiling at alinsunod sa W & I Code Section 14182 (b)(12).
- Upang maging malaya sa anumang uri ng pamimigil o seklusyon na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, pandisiplina, convenience o pagganti.
- Upang makatanggap ng impormasyon sa mga available na opsyon sa paggamot at alternatibo, na ipinapakita sa paraang naaangkop sa iyong kundisyon at kakayahang makaunawa.
- Kalayaang magamit ang mga karapatang ito nang hindi naaapektuhan sa hindi magandang paraan ang paraan kung paano ka ginagamot ng Contractor, mga provider o ng Estado.

Iyong mga responsibilidad

Narito ang mga karapatan ng mga miyembro ng L.A. Care:

- Upang tratuhin ang iyong doktor at ang lahat ng provider at kawani nang may paggalang at respeto. Responsibilidad mong pumunta sa mga pagbisita sa tamang oras o tumawag sa tanggapan ng iyong doktor nang hindi bababa sa 24 na oras bago mo ipakansela o ipabago ang iskedyul ng iyong pagbisita.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Upang magbigay ng wastong impormasyon at lahat ng impormasyong maaari mong ibigay sa lahat ng iyong provider at sa L.A. Care. Responsibilidad mong regular na magpatingin at magsabi sa iyong doktor tungkol sa mga problema sa kalusugan bago maging malubha ang mga ito.
- Upang makipag-usap tungkol sa iyong mga pangangailangang pangkalusugan sa iyong doktor, paggawa at pagsang-ayon sa mga layunin, pag-unawa nang husto sa iyong mga problema sa kalusugan, at pagsunod sa mga plano at tagubilin sa paggamot na sasang-ayunan ninyo.
- Upang mag-ulat sa L.A. Care ng panloloko o maling gawi sa pangangalagang pangkalusugan. Magagawa mo ito nang hindi ibinibigay ang iyong pangalan sa pamamagitan ng pagtawag sa toll-free na numero ng Compliance Helpline ng L.A. Care sa **1-800-400-4889**, pagpunta sa **lacare.ethicspoint.com**, o pagtawag sa toll-free na Hotline ng Panloloko at Pag-abuso ng Medi-Cal ng Departamento ng Mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan ng California (Department of Health Care Services, DHCS) sa **1-800-822-6222**.
- Upang magamit ang emergency room sa mga sitwasyong ng emergency o gaya ng itinagubilin ng iyong doktor.

Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado

PAHAYAG NA Naglalarawan ng Patakaran at Pamamaraan ng L.A. Care para sa pagpreserba ng pagkakumpidensyal ng mga talaang medikal, available para sa iyo at ibibigay kung hihilingin.

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT IPAKITA ANG IYONG MEDIKAL NA IMPORMASYON AT KUNG PAANO KA MAGKAKAROON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. PAKISURI ITO NANG MABUTI.

Nakukuha mo ang iyong pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng L.A. Care Health Plan (L.A. Care). Ayon sa batas, kailangang pangalagaan ng L.A. Care ang iyong Protektadong Impormasyong Pangkalusugan (Protected Health Information, PHI). Kailangan ding ibigay ng L.A. Care ang abisong ito. Nakasaad sa abisong ito kung paano namin maaaring gamitin at ibahagi ang iyong PHI. Nakasaad dito ang iyong mga karapatan. Maaari kang magkaroon ng mga karagdagan o mas mahigpit na karapatan sa pagkapribado alinsunod sa batas ng estado.

Ano ang “Protektadong Impormasyong Pangkalusugan”?

Ang Pinoprotektahang Impormasyong Pangkalusugan (“PHI”) ay impormasyong pangkalusugan na naglalaman ng iyong pangalan, Social Security number, o iba pang impormasyon na magagamit ng ibang tao upang makilala ka. Halimbawa, PHI ang tala tungkol sa iyong kalusugan dahil may pangalan mo ito.

Paano Namin Pinoprotektahan ang Iyong PHI

Ang PHI ay maaaring sinabi, sinulat, o electronic (nasa computer). Ayon sa batas, kailangang protektahan ng L.A. Care ang iyong PHI at sabihin sa iyo ang tungkol sa aming mga legal na tungkulin at mga kasanayan sa pagkapribado. Kailangang sabihin sa iyo ng L.A. Care kung mayroong paglabag sa iyong hindi ligtas na PHI.

Sinanay ang kawani ng L.A. Care tungkol sa kung paano dapat gamitin o ibahagi ang PHI sa L.A. Care. Maaari lang magkaroon ang kawani ng L.A. Care sa impormasyong kailangan nila sa kanilang trabaho.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

5 | Mga karapatan at responsibilidad

Pinoprotektahan ng kawani ng L.A. Care ang sinasabi nila tungkol sa iyong PHI. Halimbawa, hindi magbanggit ang mga kawani tungkol sa iyo sa mga karaniwang lugar gaya ng mga pasilyo. Pinoprotektahan din ng mga kawani ang mga nakasulat o electronic na dokumentong naglalaman ng iyong PHI.

Pinoprotektahan ng mga computer system ng L.A. Care ang iyong PHI sa lahat ng oras. Isang paraan ang paggamit ng mga password upang magawa ito.

Hindi ibinabahagi sa iba na walang access sa iyong PHI ang mga fax machine, printer, copier, computer screen, lugar ng trabaho, at portable na media disk na naglalaman ng iyong PHI. Dapat kunin ng mga kawani ang PHI mula sa mga fax machine, printer, at copier. Dapat nilang tiyakin na natatanggap lang ito ng mga nangangailangan nito. Pinoprotektahan ng password ang mga portable media device na may PHI. Nakaka-lock ang mga computer screen at lugar ng trabaho kapag hindi ginagamit. Nakakandado rin ang mga drawer at cabinet.

Ang Iyong Impormasyon ay Personal at Pribado

Kukuha ang L.A. Care ng impormasyon tungkol sa iyo kapag sumali ka sa aming planong pangkalusugan. Ginagamit ng L.A. Care ang impormasyong ito upang maibigay sa iyo ang kailangang mong pangangalaga. Kumukuha rin ang L.A. Care ng PHI mula sa iyong mga doktor, laboratoryo, at ospital. Ginagamit ang PHI na ito upang maaprubahan at mabayaran ang iyong pangangalagang pangkalusugan.

Mga pagbabago sa Abisong ito

Dapat sumunod ang L.A. Care sa abisong ginagamit namin ngayon. May karapatan ang L.A. Care na baguhin ang mga kasanayan na ito sa pagkapribado. Ang anumang pagbabago ay malalapat sa lahat ng iyong PHI, kabilang ang impormasyong ginawa namin bago ang mga pagbabago. Ipapaalam sa iyo ng L.A. Care kapag gumawa kami ng mga pagbabago sa abisong ito.

Paano Namin Maaaring Gamitin at Ibahagi ang Impormasyon Tungkol Sa Iyo

Maaaring gamitin o ibahagi ng L.A. Care ang iyong impormasyong para lang sa mga dahilan sa pangangalagang pangkalusugan. Ilan sa impormasyong ginagamit at ibinabagi namin ang sumusunod:

- Iyong pangalan
- Tirahan
- Pangangalagang pangkalusugang ibinigay sa iyo
- Gastusin sa iyong pangangalaga
- Kasaysayan ng iyong kalusugan
- Wikang ginagamit mo
- Lahi/Etnisidad

Ayon sa batas ng estado, kinokolekta ng L.A. Care ang impormasyon tungkol sa iyong kagustuhan sa lahi/etnisidad at kagustuhan sa wika. Dapat kang makampante sa pagbibigay ng impormasyong ito dahil pinoprotektahan ng L.A. Care ang iyong pagkapribado at pinapayagan lang na ibunyag ito sa mga limitadong layunin. Hindi namin ginagamit ang naturang impormasyon sa pagsasagawa ng kasunduan, pagtatakda ng halaga, o pagtukoy ng mga benepisyo.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Narito ang ilang paraan kung paano namin maaaring gamitin at ibahagi ang PHI:

- **Paggamot:** Ang ilang pangangalaga ay dapat maaprubahan bago mo ito makuha. Ibabahagi ng L.A. Care ang PHI sa mga doktor, ospital at iba pa upang maibigay sa iyo ang pangangailangang kailangan mo.
- **Pagbabayad:** Maaaring magpadala ang L.A. Care ng mga bill sa ibang planong pangkalusugan o doctor para sa bayad.
- **Mga Operasyon sa Pangangalaga sa Kalusugan:** Maaaring gamitin ng L.A. Care ang PHI upang masuri ang kalidad ng pangangalaga sa iyo. Maaari ding gamitin ng L.A. Care ang PHI para sa mga audit, programa upang mahinto ang panloloko, pagpapalano, at pang-araw-araw na paggawa.

Iba Pang Gamit ng Iyong PHI

Ayon sa batas, maaaring ibahagi ng L.A. Care ang ilang PHI:

Maaaring gamitin ng L.A. Care ang iyong PHI upang suriin ang mga pasya sa pagbabayad o upang suriin kung gaano kahusay sa pagbibigay ng pangangalaga ang L.A. Care. Maaari ding ibahagi ng L.A. Care ang iyong PHI sa mga tao na nagbibigay ng iyong pangangalagang pangkalusugan, o sa iyong itinalaga.

Dapat ibahagi ng L.A. Care ang iyong PHI sa pamahalaan ng U.S. kapag sinusuri nito kung gaano natutugunan ng L.A. Care ang mga panuntunan sa pagkapribado.

Maaaring ibahagi ng L.A. Care ang iyong impormasyon sa ibang pangkat na tumutulong sa aming ginagawa. Hindi ito gagawin ng L.A. Care maliban kung sasang-ayon ang mga pangkat na iyon sa pamamagitan ng pagsulat na panatilihing pribado ang iyong impormasyon.

Maaaring ibigay ng L.A. Care ang iyong PHI para sa mga dahilan ng kalusugan ng publiko upang:

- Maiwasan o makontrol ang sakit, pinsala o kapansanan
- Mag-ulat ng mga kapanganakan o kamatayan
- Mag-ulat ng pang-aabuso o kapabayaang sa bata
- Mag-ulat ng mga problema sa mga gamot at iba pang mga produktong pangkalusugan
- Sabihin sa mga tao ang tungkol sa mga pagbawi ng produkto
- Ipaalam sa isang tao na maaaring manganib siya sa pagkakahawa o panghahawa ng sakit.

Maaari ding sabihin ng L.A. Care sa mga awtoridad kung sa palagay namin ay biktima ka ng pang-aabuso, kapabayaang, o karahasan sa pamilya. Gagawin ito ng L.A. Care kung sasang-ayon ka o kung iniaatas ng batas.

Ayon sa batas, maaaring magbigay ang L.A. Care ng PHI sa isang ahensyang namamahala para sa mga pag-audit, inspeksyon o pagpaparusa. Ginagamit ng pamahalaan ang mga ito upang subaybayan ang sistema sa pangangalagang pangkalusugan, mga programa ng pamahalaan, at upang suriin ang pagsunod sa mga batas tungkol sa mga karapatan ng mamamayan.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

5 | Mga karapatan at responsibilidad

Kung bahagi ka ng isang paghahabla o hindi pagkakasundo, maaaring ibigay ng L.A. Care ang iyong PHI bilang pagtugon sa utos ng hukuman. Maaari ding ibigay ng L.A. Care ang iyong PHI bilang pagtugon sa isang subpoena, kahilingan upang maghanap ng mga impormasyon, o iba pang ayon sa batas na proseso ng ibang tao sa hindi pagkakasundo.

Gagawin ito ng L.A. Care kung ang taong humihiling nito ay sinubukang sabihin sa iyo ang tungkol sa kahilingan o kung ang tanong humihingi ng iyong PHI ay gumawa ng mga makatuwirang pagsisikap upang makakuha ng isang utos na nagpoprotekta sa impormasyon.

Maaaring ibigay ng L.A. Care ang iyong PHI kung hiniling ng opisyal ng pagpapatupad ng batas:

- Bilang tugon ng utos ng hukuman, subpoena, warrant, o mga summon
- Upang hanapin ang isang suspect, fugitive, mahalagang saksi o nawawalang tao
- Tungkol sa biktima ng krimen kapag hindi namin nakuha ang pagsang-ayon ng taong iyon
- Tungkol sa pagkamatay na sa palagay namin ay gawa ng kriminal na gawain
- Tungkol sa kriminal na gawain sa aming planong pangkalusugan.

Maaaring ibigay ng L.A. Care ang PHI sa coroner o medical examiner upang makilala ang isang namatay na tao o malaman ang dahilan ng pagkamatay ng isang tao. Maaaring ibigay ng L.A. Care ang PHI sa mga funeral director nang magawa nila ang trabaho nila.

Kung donor ka ng organ, maaaring ibigay ng L.A. Care ang iyong PHI sa mga pangkat na nagtatrabaho para sa mga donasyon ng organ at tissue.

Sa ilang kaso, maaaring ibigay at gamitin ng L.A. Care ang iyong PHI para sa pananaliksik sa kalusugan. Sumasailalim ang lahat ng proyekto sa pananaliksik ng espesyal na proseso ng pag-apruba.

Maaaring ibigay at gamitin ng L.A. Care ang iyong PHI upang ihinto ang matinding banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang tao o ng publiko. Ibibigay ng lang ito ng L.A. Care sa taong makakatulong sa paghinto ng banta. Maaari din naming gamitin o ibigay ang impormasyon na kinakailangan sa nagpapatupad na batas upang makahuli ng kriminal.

Kung miyembro ka ng sandatahang lakas, maaaring ilabas ng L.A. Care ang iyong PHI sa mga awtoridad ng militar. Maaari din ilabas ng L.A. Care ang impormasyong tungkol sa kawani ng militar ng ibang bansa sa mga awtoridad ng militar ng ibang bansa.

Maaari ding ilabas ng L.A. Care ang impormasyon tungkol sa kawani ng militar ng ibang bansa patungo sa mga awtoridad ng militar ng ibang bansa. Gagamitin ito ng mga opisyal upang protektahan ang Pangulo, iba pang tao o pinuno ng estado, o upang magsagawa ng pagsisiyasat.

Maaaring ibigay ng L.A. Care ang PHI upang sumunod sa workers' compensation o iba pang batas.

Kapag Kailangan ng Nakasulat na Impormasyon

Kung gusto ng L.A. Care na gamitin ang iyong PHI sa paraang nakalista rito, dapat naming matanggap ang iyong nakasulat na pagsang-ayon. Halimbawa, paggamit o pagbabahagi ng PHI para sa mga pangangailangan sa marketing o sales sa iyong nakasulat na pagsang-ayon. Kung gagamitin o ibabahagi



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

namin ang iyong mga tala sa psychotherapy, maaari din naming kailanganin ang iyong pagsang-ayon. Kung ibibigay mo sa amin ang iyong pagsang-ayon, maaari mo itong bawiin sa amin anumang oras.

Ano Ang Iyong Mga Karapatan Sa Pagkapribado?

May karapatan kang sabihan kaming huwag gamitin o ibahagi ang iyong PHI. Magpapadala sa iyo ang L.A. Care ng form na sasagutan upang masabi mo sa amin ang gusto mo. O kaya, ang L.A. Care ang magsasagot ng form para sa iyo. Maaaring hindi pagbigyan ng L.A. Care ang iyong kahilingan. Kung hindi mapagbibigyan ng L.A. Care ang iyong kahilingan, ipapaalam namin ito sa iyo.

May karapatan kang hilingin sa amin na makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan lang ng pagsulat o sa ibang address, post office box, o sa pamamagitan ng telepono. Magpapadala sa iyo ang L.A. Care ng form na sasagutan upang masabi mo sa amin ang gusto mo. O kaya, ang L.A. Care ang magsasagot ng form para sa iyo. Pagbibigyan ng L.A. Care ang mga kahilingan kung makatuwiran ang mga ito.

May karapatan kang makita ang kopya ng iyong PHI at kumuha ng kopya nito. Magpapadala sa iyo ang L.A. Care ng form na sasagutan upang masabi mo sa amin ang gusto mo. O kaya, ang L.A. Care ang magsasagot ng form para sa iyo. Maaaring magbayad ka para sa mga gastusin para sa pagkopya at pagpapadala. Ayon sa batas, may karapatan ang L.A. Care na hindi ipakita sa iyo ang ilang bahagi ng iyong talaan.

May karapatan kang ipabago ang iyong mga talaan kung hindi tama ang mga ito. Magpapadala sa iyo ang L.A. Care ng form na sasagutan upang masabi sa amin ang gusto mong ipabago. O kaya, ang L.A. Care ang magsasagot ng form para sa iyo. Sasabihin sa iyo ng L.A. Care kung magagawa namin ang mga pagbabago. Kung hindi magagawa ng L.A. Care ang mga pagbabago, magpapadala kami ng liham sa iyo na nagsasabi kung bakit. Maaari mong hilingin sa L.A. Care na suriin ang pasya kung hindi ka sang-ayon dito. Maaari ka ring magpadala ng pahayag na nagsasabi kung bakit hindi ka sang-ayon. Papanatilihin ng L.A. Care ang iyong pahayag kasama ng iyong mga talaan.

May karapatan kang makakuha ng listahan ng kung kailan namin naipadala ang iyong PHI kasama ang:

- Kanino ibinahagi ng L.A. Care ang impormasyon
- Kailan ito ibinahagi ng L.A. Care
- Mga dahilan nito
- Ano ang ibinahaging impormasyon

Nasa listahan ang huling anim na taon maliban kung gusto mo ng mas maikling yugto ng panahon. Hindi magbabahagi ang listahan ng impormasyon bago ang Abril 14, 2003. Hindi kasama sa listahan kapag nagbahagi sa iyo ng impormasyon ang L.A. Care, sa iyong pagsang-ayon, o para sa paggamot, pagbabayad, o pagpapatakbo ng planong pangkalusugan.

May karapatan kang humingi ng papel na kopya ng abisong ito. Makikita mo ang abisong ito sa website ng L.A. Care sa lacare.org. O kaya, maaari mong tawagan ang aming Member Services Department sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

5 | Mga karapatan at responsibilidad

Paano Ka Makikipag-ugnayan sa Amin Upang Magamit ang Iyong Mga Karapatan?

Kung gusto mong gamitin ang mga karapatan sa abisong ito, mangyaring tumawag o sumulat sa amin sa:

L.A. Care Privacy Officer
L.A. Care Health Plan
1055 West 7th Street, 10th Floor
Los Angeles, CA 90017
Telepono: **1-888-839-9909**
TTY/TDD: **711**
Email: PrivacyOfficer@lacare.org

Mga reklamo

Kung sa palagay mo ay hindi naprotektahan ng L.A. Care ay iyong PHI, may karapatan kang maghain ng reklamo. Maaari kang maghain ng reklamo (o karaingan) sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa:

Member Services ng L.A. Care
1055 West 7th Street, 10th Floor
Los Angeles, CA 90017
Telepono: **1-888-839-9909**
TTY/TDD: **711**
Email: PrivacyOfficer@lacare.org

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa:

U.S. Department of Health and Human Services
Office for Civil Rights
Attention: Regional Manager
90 7th Street, Suite 4-100
San Francisco, CA 94103
Telepono: **1-800-368-1019**
Fax: **1-415-437-8329**
TTY/TDD: **1-800-537-7697**
Email: ocrmail@hhs.gov

Mga Miyembro ng Medi-Cal Lang:
California Department of Health Care Services
Office of HIPAA Compliance
Privacy Officer
1501 Capitol Avenue, MS0010
P.O. Box 997413
Sacramento, CA 95899-7413
Telepono: **1-866-866-0602**
TTY/TDD: **877-735-2929**
Fax: **916-440-7680**
E-mail address: privacyofficer@dhcs.ca.gov



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).
Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo,
kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.
O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Gamitin ang Mga Karapatan Mo Nang Hindi Natatakot

Hindi maaaring alisin ng L.A. Care ang iyong pangangalaga sa kalusugan o saktan ka sa anumang paraan kung maghahain ka ng reklamo o gagamitin ang mga karapatan sa pagkapribado sa abisong ito.

Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa

Ang mga patakaran sa pagkapribado ng L.A. Care ay may bisa mula noong Abril 14, 2003. Binago ang abisong ito at may bisa mula noong Setyembre 1, 2015.

Mga Tanong

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa abisong ito at gusto mong matuto pa, mangyaring tumawag o sumulat sa amin sa:

L.A. Care Privacy Officer
 L.A. Care Health Plan
 1055 West 7th Street, 10th Floor
 Los Angeles, CA 90017
 Telepono: **1-888-839-9909**
 TTY: **711**
 Email: PrivacyOfficer@lacare.org

Kailangan Mo Ba ang Abisong ito sa Ibang Wika o Format

Upang makuha ang abisong ito sa ibang wika (Arabic, Armenian, Chinese, Farsi, Hindi, Hmong, Japanese, Khmer, Korean, Lao, Punjabi, Russian, Spanish, Tagalog, Thai o Vietnamese), malaking print, audio, o iba pang alternatibong format (ayon sa kalihingan), tumawag sa Member Services Department ng L.A. Care sa **1-888-839-9909**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga pista opisyal. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **711**.

Maaari ka ring sumulat sa L.A. Care sa:

L.A. Care Privacy Officer
 L.A. Care Health Plan
 1055 West 7th Street, 10th Floor
 Los Angeles, CA 90017
 Email: PrivacyOfficer@lacare.org

Abiso tungkol sa mga batas

Maraming batas ang nalapat sa Handbook ng Miyembro na ito. Maaaring maapektuhan ang iyong mga karapatan at responsibilidad kahit pa ang mga batas ay hindi kabilang o hindi ipinaliwanag sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na nalalapat sa handbook na ito ay mga pang-estado at pederal na batas tungkol sa programa na Medi-Cal. Maaari ding may mga malapat na pederal at pang-estadong batas.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang huling tagabayad

Kung minsan, mayroon munang mauunang magbayad para sa mga serbisyong ibinibigay sa iyo ng L.A. Care. Halimbawa, kung naaksidente ka sa sasakyan o kung napinsala sa trabaho, insurance o Workers Compensation ang dapat maunang magbayad.

May karapatan at responsibilidad ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California na mangolekta para sa mga nasasaklawang serbisyo ng Medi-Cal kung saan ang Medi-Cal ay hindi ang unang tagabayad.

Sumusunod ang programang Medi-Cal sa mga batas at regulasyon ng estado at pederal na pamahalaan na nauugnay sa legal na pananagutan ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga benepisyaryo. Isasagawa ng L.A. Care ang lahat ng makatuwirang hakbang upang matiyak na ang programang Medi-Cal ang huling tagabayad.

Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian

Dapat humiling ng bayad ang Estado ng California mula sa ari-arian ng namatay na miyembro ng L.A. Care para sa:

- Mga serbisyong natanggap ng miyembro pagkalampas ng kanyang ika-55 miyembro.
- Anumang iba pang bayad para sa mga serbisyong natanggap ng miyembro mula sa mga provider na wala sa L.A. Care.

Upang matuto pa pagbawi ng ari-arian, tumawag sa **916-650-0590**.

Abiso ng Pagkilos

Magpapadala sa iyo ang L.A. Care ng liham ng Abiso ng Pagkilos (NOA) anumang oras na tanggihan, iantanla, tapusin o baguhin ng L.A. Care ang isang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi ka sang-ayon sa pasya ng plano, maaari kang maghain ng apela sa L.A. Care anumang oras.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema

May dalawang uri ng problema na maaaring magkaroon ka sa L.A. Care:

- Ang **reklamo** (o **karaingan**) ay kapag problema ka sa L.A. Care o provider, o sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot na natanggap mo sa provider
- Ang **apela** ay kapag hindi ka sang-ayon sa aming pasya na hindi saklawan o baguhin ang iyong mga serbisyo

Maaari mong gamitin ang proseso sa karaingan at apela ng L.A. Care upang maipalam sa amin ang tungkol sa iyong problema. Hindi nito inaalisa ang alinman sa iyong mga legal na karapatan at remedyo. Hindi ka idiskrimina o gagantihan ng L.A. Care dahil sa pagrereklamo sa L.A. Care. Kapag ipinaalam mo sa L.A. Care ang tungkol sa iyong problema, matutulungan kaming mapahusay ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Sa lahat ng oras, dapat ka munang makipag-ugnayan sa L.A. Care upang ipaalam sa L.A. Care ang tungkol sa iyong problema. Tumawag sa amin 24 na oras sa isang araw 7 araw sa isang linggo kabilang ang mga pista opisyal sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**) upang sabihin sa amin ang tungkol sa iyong problema. Hindi maaalis sa pamamagitan nito ang alinman sa iyong mga legal na karapatan. Hindi ka rin idiskrimina o gagantihan ng L.A. Care dahil sa pagrereklamo sa amin. Kapag ipinaalam sa amin ang tungkol sa iyong problema, matutulungan kaming mapahusay ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Kung ang iyong karaingan o apela ay hindi pa rin nalutas, o hindi ka masaya sa resulta, maaari kang tumawag sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (Department of Managed Health Care, DMHC) sa **1-888-HMO-2219** (TTY **1-877-688-9891**).

Makakatulong din ang Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal ng Departamento ng Mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DHCS). Makakatulong din sila kung mayroon kang mga problema sa pagsali, pagbabago, o pag-alis sa planong pangkalusugan. Makakatulong din sila kung lumipat ka at nagkakaproblema sa pagkipat ng iyong Medi-Cal sa iyong bagong county. Maaari kang tumawag sa Ombudsman, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. sa **1-888-452-8609**.

Maaari ka ring maghain ng karaingan sa tanggapan sa pagiging kwalipikado ng iyong county tungkol sa iyong pagiging kwalipikado sa Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado kung kanino mo maaaring ihain ang iyong karaingan, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**)



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Mga Reklamo

Ang reklamo (o karaingan) ay kapag may problema ka o hindi ka masaya sa mga serbisyong natatanggap mo mula sa L.A. Care o isang provider. Walang limitasyon sa oras sa paghahain ng reklamo. Maaari kang maghain ng reklamo sa L.A. Care anumang oras sa pamamagitan ng telepono, personal, liham, fax o online.

- **Sa pamamagitan ng pagtawag:** Tumawag sa L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**) 24 na oras sa isang araw 7 araw sa isang linggo kabilang ang mga pista opisyal. Ibigay ang iyong ID number sa planong pangkalusugan, pangalan, at dahilan ng iyong reklamo.
- **Sa pamamagitan ng liham:** Tumawag sa L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**) at hilinging silang magpadala ng form sa iyo. Kapag natanggap mo ang form, sagutan ito. Tiyaking maisasama mo ang iyong pangalan, ID number ng planong pangkalusugan at dahilan ng iyong reklamo. Sabihin sa amin ang nangyari at kung paano ka namin matutulungan.

Ipadala ang mga ito sa:

L.A. Care Health Plan
Member Services Department
1055 West 7th Street, 10th Floor
Los Angeles, CA 90017

- **Sa pamamagitan ng fax: 213-438-5748**

Mayroong mga form ng reklamo sa tanggapan ng iyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng L.A. Care. Pumunta sa **lacare.org**.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng iyong reklamo, matutulungan ka namin. Maaari ka naming bigyan ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Sa loob ng 5 araw mula sa pagtanggap ng iyong reklamo, magpapadala sa iyo ang L.A. Care ng liham na nagpapaalam sa iyong natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, magpapadala sa iyo ang L.A. Care ng isa pang liham na naglalahad ng paraan kung paano namin nilutas ang iyong problema.

Kung gusto mong mabilis na magpasya ang L.A. Care dahil ang tagal na gugugulin sa paglutas ng iyong reklamo ay maglalagay sa panganib sa iyong buhay, kalusugan o kakayahang makagalaw, maaari kang humiling ng pinabilis (mabilis) na pagsusuri.

Upang humiling para sa isang pinabilis na pagsusuri, tumawag sa amin sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Susuriin ng L.A. Care ang iyong kahilingan at kundisyong medikal upang makapagpasya sa loob ng 72 oras mula sa pagtanggap ng iyong reklamo.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Mga Apela

Magkaiba ang apela sa reklamo. Ang apela ay kahilingan upang suriin at baguhin ng L.A. Care ang isang pasyang ibinigay namin tungkol sa saklaw para sa isang hinihiling na serbisyo. Kung magpapadala kami sa iyo ng liham na Abiso ng Pagkilos (NOA) na nagsasabing tinatanggihan, inaantala, binabago o tinatapos namin ang isang serbisyo, hindi mo kailangang sumang-ayon sa aming pasya, maaari kang maghain ng karaingan. Maaari ding maghain ng apela para sa iyo ang iyong PCP, kung mayroon kang nasulat na pahintulot.

Dapat kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng natanggap mong NOA. Kung kasalukuyan kang nakakatanggap ng paggamot at gusto mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng paggamot, dapat kang humiling ng apela sa loob ng 10 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagpapadala sa iyo ng NOA, o bago ang petsa kung kailan sinabi ng L.A. Care na matatapos ang mga serbisyo. Kapag humiling ka ng apela, pakisabi sa aming gusto mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo.

Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono, personal, liham, fax o online:

- **Sa pamamagitan ng pagtawag:** Tumawag sa L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**) 24 na oras sa isang araw 7 araw sa isang linggo kabilang ang mga pista opisyal. Ibigay ang iyong pangalan, ID number ng planong pangkalusugan at serbisyo na inaapela mo.
- **Sa pamamagitan ng liham:** Tumawag sa L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**) at hilinging silang magpadala ng form sa iyo. Kapag natanggap mo ang form, sagutan ito. Tiyaking ibigay ang iyong pangalan, ID number ng planong pangkalusugan at ang serbisyong inaapela mo.

Ipadala ang mga ito sa:

L.A. Care Health Plan
Member Services Department
1055 West 7th Street, 10th Floor
Los Angeles, CA 90017

- **Sa pamamagitan ng fax: 213-438-5748**

Mayroong mga form ng reklamo sa tanggapan ng iyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng L.A. Care. Pumunta sa **lacare.org**.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng iyong apela, matutulungan ka namin. Maaari ka naming bigyan ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Sa loob ng 5 araw mula sa pagtanggap ng iyong apela, magpapadala sa iyo ang L.A. Care ng liham na nagpapaalam sa iyong natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin sa iyo ng L.A. Care ang aming pasya sa apela.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga karaingan

Kung gusto mo o ng iyong doktor na mabilis kaming makapagpasya dahil ang tagal na gugugulin sa paglutas ng iyong apela ay maglalagay sa panganib sa iyong buhay, kalusugan o kakayahang makagalaw, maaari kang humiling ng pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Upang humiling ng pinabilis na pagsusuri, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Susuriin ng L.A. Care ang iyong kahilingan at kundisyong medikal upang makapagpasya sa loob ng 72 oras mula sa pagtanggap ng iyong apela.

Ang gagawin kung hindi ka sang-ayon sa pasya sa apela

Kung naghain ka ng apela at nakatanggap ng liham (Abiso ng Resolusyon ng Apela (Notice of Appeal Resolution)) mula sa L.A. Care na nagsasabi sa iyo na hindi namin binago ang aming pasya, o hindi ka nakatanggap ng liham tungkol sa aming pasya, at lumipas na ang 30 araw, maaari mong gawin ang sumusunod:

- Humiling ng **Pagdinig ng Estado** mula sa DSS, at susuriin ng isang hukom ang iyong kaso.
- Humiling ng **Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (Independent Medical Review, IMR)** mula sa DMHC at isang panlabas na tagasuri na hindi bahagi ng L.A. Care ang magsusuri sa iyong kaso.

Hindi mo kailangang magbayad oara sa Pagdinig ng Estado o IMR.

Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado at IMR nang magkasabay. Maaari ding hilingin mo muna ang isa bago ang isa pa upang malaman kung malulutas nito ang iyong problema. Kung hilingin ka muna ng IMR at hindi ka sasang-ayon sa pasya, maaari ka pa ring humiling ng Pagdinig ng Estado sa ibang pagkakataon. Gayunpaman, kung hilingin ka muna ng Pagdinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig, hindi ka na maaaring humiling ng IMR. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang susundin.

Magbibigay sa iyo ang mga seksyon sa ibaba ng higit pang impormasyon sa kung paano humiling ng Pagdinig ng Estado o IMR.

Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR)

Ang IMR ay kapag susuriin ang iyong kasno ng isang panlabas na tagasuri na hindi nauugnay sa planong kalusugan. Kung gusto mo ng IMR, dapat ka munang maghain ng apela sa L.A. Care. Kung wala kang mababalitaan mula sa iyong planong pangkalusugan sa loob ng 30 araw ng kalendaryo, o kung hindi ka nasisiyahan sa pasya ng iyong planong pangkalusugan, maaari kang humiling ng IMR. Dapat kang humiling ng IMR sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa ng abiso na nagsasabi sa iyo tungkol sa pasya sa apela.

Maaari kang makakuha kaagad ng IMR nang hindi muna naghahain ng apela. Nangyayari ito kapag may nakaambang panganib sa iyong kalusugan o kapag tinanggihan ang kahilingan dahil itinuturing na pang-eksperimento o sinisiyasat pa lang ang paggamot.

Makakakita ka sa talata sa ibaba ng impormasyon tungkol sa paghiling ng IMR. Tandaang tumutukoy ang terminong “karaingan” sa mga “reklamo” at “apela.”

Responsibilidad ng Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California na pangasiwaan ang mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung ikaw ay may karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, dapat ka munang tumawag sa iyong planong pangkalusugan



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**) at gamitin ang proseso sa karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa departamento. Hindi makakahadlang ang paggamit sa pamamaraang ito ng karaingan sa anumang potensyal na legal na karapatan o remedyong available sa iyo. Kung kailangan mo ng tulong sa karaingan na may kaugnayan sa isang emergency, isang karaingan na hindi pa kasiya-siyang nalutas ng iyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na 30 araw nang hindi pa nalulutas, maaari mong tawagan ang kagawaran para sa tulong. Maaari ka ring maging kwalipikado para sa isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR). Kung karapat-dapat ka para sa IMR, magsasagawa ang proseso ng IMR ng isang walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na pasya na ginawa ng pangangalagang pangkalusugan na nauugnay sa medikal na pangangailangan ng isang iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga pasya tungkol sa saklaw para sa mga paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lang, at mga hindi pagkakaunawaan sa pagbabayad para sa mga serbisyong medikal na pang-emergency o kinakailangan kaagad. Ang departamento ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono (**1-888-HMO-2219**) at linya ng TDD (**1-877-688-9891**) para sa mga may problema sa pandinig at pagsasalita. Ang Internet Web site ng departamento na <http://www.hmohelp.ca.gov> ay may mga form ng reklamo, form ng aplikasyon sa IMR at tagubilin online.

Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pulong sa mga tao mula sa Departamento ng Social Services (Department of Social Services, DSS). Tutulong ang isang hukom sa paglutas ng iyong problema. Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado kung naghain ka na ng apela sa L.A. Care at hindi ka pa rin nasisiyahan sa pasya, o kung hindi ka pa rin nakatanggap ng pasya tungkol sa iyong apela pagkalipas ng 30 araw.

Dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsa ng abiso na nagsasabi sa iyo tungkol sa pasya sa apela. Maaaring humiling ng iyong PCP ng Pagdinig ng Estado para sa iyo, kung mayroon kang nakasulat na pahintulot, at kung nakakuha siya ng pag-apruba mula sa DSS. Maaari ka ring tumawag sa DSS upang hilingin sa Estado na aprubahan ang kahilingan ng iyong PCP para sa isang Pagdinig ng Estado.

Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o pagpapadala ng liham.

- **Sa pamamagitan ng pagtawag:** Tumawag sa DSS Public Response Unit sa **1-800-952-5253** (TDD **1-800-952-8349**).
- **Sa pamamagitan ng liham:** Sagutan ang ibinigay na form na kalakip ng iyong abiso sa resolusyon ng mga apela. Ipadala ito sa:

California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, MS 09-17-37
Sacramento, CA 94244-2430

If you need help asking for a State Hearing, we can help you. Maaari ka naming bigyan ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga karaingan

Sa pagdinig, ipaparating mo o ng iyong kinatawan ang iyong panig. Ipaparating naming ang aming panig. Maaari itong tumagal ng 90 araw upang makapagpasya ang hukom tungkol sa iyong kaso. Dapat sundin ng L.A. Care ang mapagpapasyahan ng hukom.

Kung gusto mong mabilis na magpasya ang DSS dahil ang tagal na gugugulin sa paglutas ng iyong reklamo ay maglalagay sa ganap na panganib sa iyong buhay, kalusugan o kakayahang makagalaw, ikaw o ang iyong PCP ay maaaring makipag-ugnayan sa DSS at humiling ng pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Ang DSS ay dapat magpasya nang hindi lalampas sa 3 araw ng negosyo pagkatapos nitong matanggap ang iyong kahilingan.

Panloloko, pagkasayang at pag-abuso

Kung naghihinala lang ang isang provider o tao na nakakatanggap ng Medi-Cal ay nagsagawa ng panloloko, pagsasayang o pag-abuso, karapatan mong iulat ito.

Kabilang sa panloloko, pagsayang, at pag-abuso ng provider ang:

- Pagpapalsipika ng mga talaan
- Pagresetang mas maraming gamot kaysa pangangailangang medikal
- Pagbibigay ng labis na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa medikal na pangangailangan
- Paniningil para sa mga serbisyo na hindi ibinigay
- Pagsingil para sa mga propesyonal na serbisyo na hindi naman isinagawa ng propesyonal ang serbisyo

Kabilang sa panloloko, pagsayang at pag-abuso ng isang taong nakakatanggap ang mga benepisyo ang:

- Pagpapahiram, pagbebenta or pagbibigay ng ID card ng planong pangkalusugan o Identification Card para sa Mga Benepisyo (BIC) ng Medi-Cal sa ibang tao
- Pagkuha ng katulad o parehong paggamot o gamot mula sa higit na isang provider
- Pagpunta sa emergency room kahit walang emergency
- Paggamit ng Social Security number o ID number ng planong pangkalusugan ng ibang tao

Upang mag-ulat ng panloloko, pagsayang at pag-abuso, isulat ang pangalan, address at ID number ng tao na nagsagawa ng panloloko, pagsayang o pag-abuso. Ibigay ang lahat ng kaya mong ibigay na impormasyon tungkol sa tao, gaya ng numero ng telepono o espesyalidad, kung isa siyang provider. Ibigay ang mga petsa ng mga kaganapan at buod ng eksaktong nangyari.

Ipadala ang iyong ulat sa:

L.A. Care Health Plan
Special Investigations Unit
1055 West 7th Street, 10th Floor
Los Angeles, CA 90017



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

O sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 Compliance Helpline sa **800-400-4889**.

O sa pamamagitan ng pagpapadala ng email ng impormasyon sa ReportingFraud@lacare.org

O sa pamamagitan ng pag-uulat ng impormasyon online sa lacare.ethicspoint.com.

Maaaring gawin sa anonymous na paraan ang lahat ng pag-uulat.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

7. Mahahalagang numero at mga katagang dapat malaman

Mahahalagang numero ng telepono

- Mga member services ng L.A. Care
L.A. Care member services **1-888-839-9909** (TTY: 711)
- 24 na Oras na Nurse Advice Line ng L.A. Care
L.A. Care's 24-Hour Nurse Advice Line **1-800-249-3619** (TTY: 711)
- Compliance Helpline ng L.A. Care
L.A. Care Compliance Helpline **1-800-400-4889**
- Mga Family Resource Center ng L.A. Care
L.A. Care Family Resource Centers – **1-877-287-6290**
- Family Resource Center ng L.A. Care – Boyle Heights
L.A. Care Family Resource Center – Boyle Heights **1-213-294-2840**
- Family Resource Center ng L.A. Care – Inglewood
L.A. Care Family Resource Center – Inglewood **1-310-330-3130**
- Family Resource Center ng L.A. Care – Lynwood
L.A. Care Family Resource Center – Lynwood **1-310-661-3000**
- Family Resource Center ng L.A. Care – Pacoima
L.A. Care Family Resource Center – Pacoima **1-213-438-5497**
- Family Resource Center ng L.A. Care – Palmdale
L.A. Care Family Resource Center – Palmdale **1-213-438-5580**
- Mga Serbisyo para sa May Kapansanan
 - Serbisyo sa Relay ng California
California Relay Service (CRS) — (TTY: 711)
 - Sprint **1-888-877-5379**
 - MCI **1-800-735-2922**
 - Impormasyon sa Americans with Disabilities Act
Americans with Disabilities Act (ADA) Information **1-800-514-0301**
(TTY: **1-800-514-0383**)



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).
Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo,
kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.
O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Mag Serbisyo sa Mga Bata
 - Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California
California Children's Services (CCS) **1-800-288-4584**
 - Kalusugan at Pag-iwas sa Kapansanan para sa Bata
Child Health and Disability Prevention (CHDP) **1-800-993-2437 (1-800-993-CHDP)**
- Mga Serbisyo ng Estado ng California
 - Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Estado ng California
California State Department of Health Services (DHCS) **1-916-445-4171**
 - Tanggapan ng Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal
Medi-Cal Managed Care Office of the Ombudsman **1-888-452-8609**
 - Benepisyaryo ng Denti-Cal
Denti-Cal Beneficiary **1-800-322-6384 (TTY: 1-800-735-2922)**
 - Departamento ng Social Services ng California
California Department of Social Services (CDSS) **1-800-952-5253**
 - Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan
Department of Managed Health Care (DMHC) **1-888-466-2219 (1-888-HMO-2219)**
(TDD **1-877-688-9891**)
- Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan:
 - Arabic **1-800-576-6881**
 - Armenian **1-800-840-5032**
 - Cambodian/Khmer **1-800-430-5005**
 - Cantonese **1-800-430-6006**
 - English **1-800-430-4263**
 - Farsi **1-800-840-5034**
 - Hmong **1-800-430-2022**
 - Korean **1-800-576-6883**
 - Laotian **1-800-430-4091**
 - Mandarin **1-800-576-6885**
 - Russian **1-800-430-7007**
 - Spanish **1-800-430-3003**
 - Tagalog **1-800-576-6890**
 - Vietnamese **1-800-430-8008**
 - TTY: **1-800-430-7077**



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

7 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

- Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng U.S.
U.S. Office for Civil Rights **1-866-627-7748**
- Pantulong na Social Income ng Social Security Administration
Social Security Administration Supplemental Social Income (SSI) **1-800-772-1213**
- Los Angeles County - Departamento ng Mga Pampublikong Social Service: Customer Service Center
Los Angeles County - Department of Public Social Services (DPSS): Customer Service Center
1-866-613-3777 (TTY: 1-800-660-4026)
- Mga Numero ng Impormasyon na Pampubliko ng DPSS
 - Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Los Angeles County
Los Angeles County Department of Health Services **1-213-250-8055**
 - Departamento ng Kalusugan na Pag-iisip ng Los Angeles County
Los Angeles County Department of Mental Health **1-800-854-7771**
 - Programa sa Kababaihan, Sanggol, at Mga Bata
Women, Infant and Children Program (WIC) **1-888-942-9675**



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).
Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo,
kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.
O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Mga salitang dapat malaman

Active labor: Yugto ng panahon kapag ang isang babae ay nasa tatlong yugto ng pagsilang ng sanggol at maaaring hindi ligtas na mailipat sa oras sa ibang ospital bago ang panganganak o ang paglipat ay maaaring maglagay sa panganib sa kalusugan at kaligtasan ng babae o hindi pa naisisilang na sanggol.

Acute: Isang kundisyong medikal na biglaan, nangangailangan ng mabilis na atensyong medikal at hindi tumatagal.

Agarang pangangalaga (o agarang serbisyo): Mga serbisyong ibinibigay upang gumamot ng mga karamdaman, pinsala o kundisyon na hindi pang-emergency na nangangailangan ng pangangalagang medikal. Maaari kang makatanggap ng agarang pangangalaga mula sa provider na wala sa network kung ang mga provider ay pansamantalang hindi available o accessible.

Apela: Kahilingan ng miyembro upang suriin at baguhin ng L.A. Care ang ginawang pasya tungkol sa saklaw para sa hinihiling na serbisyo.

Copayment: Ang ibinabayad mo, karaniwan sa oras ng serbisyo, bukod pa sa bayad ng insurer.

DHCS: Ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ito ang tanggapan ng Estado na nagsusubaybay sa progama na Medi-Cal.

Direktoryo ng Provider: Listahan nga mga provider na nasa network ng L.A. Care.

DMHC: Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ito ang tanggapan ng Estado na sumusubaybay sa mga pinamamahalaang plano sa pangangalagang pangkalusugan.

Emergency na medikal na kundisyon: Medical o psychiatric (mental) na kundisyon na may mga malubhang sintomas, gaya ng aktibong labor (tingnan ang kahulugan sa itaas) o matinding pananakit, na masasabi ng taong may makatuwiran at karaniwang kaalaman sa medisina bilang maaaring humantong sa sumusunod kung hindi mabibigyan kaagad ng medikal na pangangalaga:

- Pagkakalagay sa iyong kalusugan o kalusugan ng hindi pa naisisilang na sanggol sa matinding kapahamakan
- Dahilan ng panghihina ng paggana ng katawan
- Dahilan ng hindi wastong paggana ng bahagi o organ ng katawan

Espesyalista (o may espesyalidad na doktor): Doktor na gumagamot ng ilang partikular na uri ng problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ginagamot ng orthopedic surgeon ang mga nabaling buto; gumagamot ang isang allergist ng mga allergy; at gumagamot ng mga problema sa puso ang isang cardiologist. Sa karamihan ng mga kaso, kakailanganin mo ng referral mula sa iyong PCP, bago makapagpatingin sa espesyalista.

Follow-up na pangangalaga: Regular na pangangalaga ng doktor upang suriin ang progreso ng pasyente pagkatapos ng pagpapaospital o sa panahon ng paggamot.

Formulary: Listahan ng mga gamot o item na nakakatugon sa mga partikular na pamantayan at aprubado para sa mga miyembro.

Gamot na wala sa formulary: Gamot na hindi nakalista sa formulary ng gamot.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

7 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

Hindi gumagaling na kundisyon: Sakit o iba pang problemang medikal na hindi ganap na nagagamot o lumulubha sa paglipas ng panahon at dapat gamutin upang hindi lumubha ang iyong kundisyon.

Hindi kalahok na provider: Provider na wala sa network ng L.A. Care.

Hindi medikal na transportasyon: Transportasyon sa pagbiyahe papunta sa at pabalik mula sa appointment para sa serbisyong nasasaklawan ng Medi-Cal na awtorisado ng iyong provider.

Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (non-emergency medical transportation, NEMT): Transportasyon kapag hindi ka makapunta sa nasasaklawang medikal na appointment sa pamamagitan ng kotsa, bus, tren o taxi. Binabayaran ng L.A. Care ang pinakamababang gastusin sa NEMT para sa iyong mga medikal na pangangalaga kapag kailangan mo ng masasakyan patungo sa iyong appointment.

Hospice: Pangangalaga upang mabawasan ang pisikal, emosyonal, social at ispiritwal na kawalan ng ginhawa para sa miyembro na may hindi na gagaling na karamdaman (hindi na inaasahang mabuhay nang mahigit sa 6 na buwan).

Insurance sa kalusugan: Saklaw sa insurance na nagbabayad para sa medikal at pang-operasyong gastusin sa pamamagitan ng pagbabayad sa may insurance ng mga gastusin mula sa mga karamdaman o pinsala o pagbabayad sa pangangalaga nang direkta sa provider.

Kaingan: Verbal o nakasulat na paglalahad ng miyembro ng pagkadismaya tungkol sa L.A. Care, provider, o kalidad ng pangangalaga o ibinibigay na serbisyo. lisa lang ang reklamo at karaingan.

Kalahok na ospital: Lisensyadong ospital na may kontrata sa L.A. Care upang magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro sa panahong tumatanggap ang miyembro ng pangangalaga. Ang mga nasasaklawang serbisyo na maaaring iniaalok ng ilang kalahok na ospital ay maaaring nalilimitahan ng mga patakaran sa pagsusuri sa paggamit at pagtiyak ng kalidad ng L.A. Care o ng kontra ng L.A. Care sa ospital.

Kalahok na provider (o kalahok na doktor): Doktor, ospital o iba pang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensyadong pasilidad sa kalusugan, kabilang ang mga sub-acute na pasilidad na may kontrata sa L.A. Care na mag-alok ng mga nasasaklawang serbisyo sa mga miyembro sa panahon na tumatanggap ang miyembro ng pangangalaga.

Klinika: Ang klinika ay isang pasilidad na maaaring piliin ng mga miyembro bilang pangunahing provider ng pangangalaga (PCP). Maaari itong maging Pederal na Kwalipikadong Health Center (Federally Qualified Health Center, FQHC), klinika ng komunidad, Pangkalusugang Klinika sa Rural na Lugar (Rural Health Clinic, RHC), Pangkalusugang Klinika para sa American Indian o iba pang pasilidad sa pangunahing pangangalaga.

Kwalipikadong provider: Doktor na kwalipikado sa larangan ng practice na naaangkop sa paggamot ng iyong kundisyon.

Listahan ng pinipiling gamot (preferred drug list, PDL): Listahan ng piniling gamot na aprubado ng planong pangkalusugan mula sa iyong doktor na maaaring ma-order para sa iyo. Tinatawag ding formulary.

Lugar ng serbisyo: Ang heograpikong lugar na pinaglilingkuran ng L.A. Care. Kabilang dito ang Los Angeles County.

Maaga at paminsan-minsang screening, diagnosis at paggamot (early and periodic screening, diagnosis and treatment, EPSDT): Pederal na programa upang makatulong sa paghahanap at pag-iwas sa mga problemang pangkalusugan ng mga bata sa Medi-Cal na mula sa kanilang pagkasilang hanggang 21 taong gulang. Sa California, tinatawag ang programang ito na programa na Kalusugan ng Bata at Pag-iwas sa



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Kapansanan (Child Health and Disability Prevention, CHDP).

Malubhang karamdaman: Sakit o kundisyon na dapat magamot at maaaring magresulta sa pagkamatay.

Matibay ng kagamitang medikal (durable medical equipment, DME): Kagamitang medikal na kinakailangan at na-order ng iyong doktor o iba pang provider. Ang L.A. Care ang nagpapasy kung bibili o rerenta ka ng DME. Ang halaga ng pagrenta ay hindi maaaring mas malaki sa halaga ng pagbili. Nasasaklawan ang pagkukumpuni ng kagamitang medikal.

Medical home: Modelo ng pangangalaga na magbibigay ng mas mahusay na kalidad ng pangangalaga, magpapahusay ng pamamahala ng sarili ng mga miyembro sa sarili nilang pangangalaga at makakabawas sa maiiwasang gastos sa paglipas ng panahon.

Medicare: Pederal na programa sa insurance sa kalusugan para sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda, ilang mas batang indibidwal na may kapansanan, at mga may end-stage renal disease (permanenteng pagpalya ng bato na nangangailangan ng dialysis o transplant, kung minsan ay tinatawag na ESRD).

Medikal na kinakailangan (o pangangailangang medikal): Makatuwiran at kinakailangang uri ng serbisyo upang maprotektahan ang buhay; makaiwas ang pasyente sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman o pagkakabaldado; o mabawasan ang matinding pananakit sa pamamagitan ng diagnosis o paggamot ng sakit, karamdaman o pinsala.

Mga benepisy: Mga serbsiyo sa pangangalagang pangkalusugan at gamot na nasasaklawan ng planong pangkalusugan na ito.

Mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip:

- Mga serbisyo para sa outpatient:
 - Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (mga pagsusuri, pagbuo ng plano, therapy, rehabilitasyon, collateral)
 - Serbisyong suporta sa gamot
 - Mga serbisyo sa intensive na paggamot sa umaga
 - Mga serbisyong rehabilitasyon sa umaga
 - Mga serbisyo sa interbensyon sa krisis
 - Mga serbisyo sa stabilization sa krisis
 - Mga serbisyo sa naka-target na pamamahala ng kaso
 - Mga therapeutic na serbisyo sa pag-uugali
 - Intensive na pag-aayos ng pangangalaga (intensive care coordination, ICC)
 - Mga intensive na serbisyo sa bahay (intensive home-based service, IHBS)
 - Therapeutic na foster na pangangalaga (therapeutic foster care, TFC)
- Mga residensyal na serbisyo:
 - Mga serbisyong pantahanang paggamot sa nasa hustong gulang
 - Mga serbisyong pantahanang paggamot sa krisis



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

7 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

- Mga serbisyo para sa inpatient:
 - Mga serbisyo sa ospital para sa inpatient na may kasong acute na psychiatric
 - Mga propesyonal na serbisyo para sa inpatient na may kasong psychiatric
 - Mga serbisyo ng pasilidad na pangkalusugan ng may sakit sa isip

Mga hindi kasamang serbisyo: Mga serbisyong hindi nasasaklawan ng L.A. Care; mga hindi nasasaklawang serbisyo.

Mga hindi sinasaklaw na serbisyo: Serbisyo na hindi sinasaklaw ng L.A. Care.

Mga inireresetang gamot: Gamot na legal na nangangailangan ng order na ibibigay mula sa lisensyadong provider, hindi katulad ng gamot na mabibili nang walang reseta (over-the-counter, OTC) na hindi nangangailangan ng reseta.

Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Options, HCO): Program na maaari kang itala o alisin sa pagkakatala mula sa planong pangkalusugan.

Mga Pagbabayad na Singil para sa Serbisyo (Fee-For-Service, FFS): Ang ibig sabihin nito, hindi ka nakatala sa pinamamahalaang plano sa pangangalagang pangkalusugan. Sa ilalim ng FFS, dapat tanggapin ng iyong doktor ang “diretsong” bill ng Medi-Cal at direktang pagsingil sa Medi-Cal para sa mga natatanggap mong serbisyo.

Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan: Mga doktor at espesyalista gaya ng mga surgeon, doktor na gumagamot ng cancer, o doktor na gumagamot ng mga espesyal na bahagi ng katawan at nakikipagtulungan sa L.A. Care o nasa network ng L.A. Care. Ang mga provider na nasa network ng L.A. Care ay dapat may lisensya sa paggamot sa California at magbigyan ka ng serbisyo na nasasaklawan ng L.A. Care.

Hindi mo kailangan ng referral para sa ilang uri ng serbisyo gaya ng pagpapalano ng pamilya, pang-emergency na pangangalaga, pangangalaga ng Ob/Gyn o mga sensitibong serbisyo.

Mga uri ng provider ng pangangalagang pangkalusugan:

- Ang audiologist ay provider na nagsusuri ng pandinig.
- Ang certified nurse-midwife ay nurse na nangangalaga sa iyo sa panahon ng pagbubuntis at pagsilang ng sanggol.
- Ang family practitioner ay doktor na gumagamot sa mga karaniwang medikal na isyu para sa mga tao sa lahat ng edad.
- Ang general practitioner ay doktor na gumagamot ng mga karaniwang medikal na isyu.
- Ang internist ay doktor na may espesyal na pagsasanay sa internal medicine, kabilang ang mga sakit.
- Ang licensed vocational nurse ay lisensyadong nurse na nakikipagtulungan sa iyong doktor.
- Ang counselor ay tao na tumutulong sa iyo sa mga problemang pampamilya.
- Ang medical assistant o certified medical assistant ay hindi lisensyadong indibidwal na tumutulong sa iyong mga doktor na magbigay sa iyo ng medikal na pangangalaga.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- Ang mid-level practitioner ay pangalang ginagamit para sa mga provider sa pangangalagang pangkalusugan, gaya ng mga nurse-midwife, assistant physician o nurse practitioner.
- Ang nurse anesthetist ay nurse na nagbibigay ng anesthesia.
- Ang nurse practitioner o physician's assistant ay indibidwal na nagtatrabaho sa klinika o tanggapan ng doktor na nagda-diagnose, gumagamot at nangangalaga sa iyo, sa loob ng mga limitasyo.
- Ang obstetrician/gynecologist (Ob/Gyn) ay doktor na nangangalaga sa kalusugan ng kababaihan, kabilang na ang panahon ng pagbubuntis at panganganak.
- Ang occupational therapist ay provider na tumutulong sa iyo na mabalik ang iyong mga pang-araw-araw na kasanayan at aktibidad pagkatapos ng karamdaman o pinsala.
- Ang pediatrician ay doktor na gumagamot sa mga bata mula sa pagkapanganak hanggang sa mga taon ng pagiging teenager.
- Ang physical therapist ay provider na tumutulong na mabalik ang lakas ng iyong katawan pagkatapos ng karamdaman o pinsala.
- Ang podiatrist ay doktor na nangangalaga sa iyong paa.
- Ang psychologist ay gumagamot sa mga isyu sa kalusugan ng pag-iisip ngunit hindi nagrereseta ng mga gamot.
- Ang registered nurse ay nurse na may mas mahigit na pagsasanay sa lisensyadong vocational nurse at may lisensya sa paggawa ng ilang partikular na gawain kasama ng iyong doktor.
- Ang respiratory therapist ay provider na tumutulong sa iyong paghinga.
- Ang speech pathologist ay provider na tumutulong sa iyong pagsasalita.

Mga provider ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa bahay: Mga provider na nagbibigay ng sanay na pangangalaga at iba pang serbisyo sa bahay.

Mga sensitibong serbisyo: Mga medikal na kinakailangang serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, mga impeksyon naililipat sa pagkikipagtalik (sexually transmitted infection, STI), HIV/AIDS, sekswal na pag-atake at pagpapalaglag ng bata.

Mga serbisyo at device sa habilitasyon: Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa iyo na mapanatili, matuto o mapahusay ang mga kasanayan at pagganap sa arawang pamumuhay.

Mga serbisyo ng doktor: Mga serbisyong ibinibigay sa taong lisensyado sa ilalim ng batas ng estado na magsagawa ng paggamot o osteopathy, hindi kabilang ang mga serbisyong iniaalok ng mga doktor habang ikaw ay nasa ospital na sinisingil sa bill sa ospital.

Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng outpatient: Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga miyembro na may mahina o katamtamang kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip kabilang ang:

- Indibidwal o pampangkat na pagsusuri at paggamot (psychotherapy) sa kalusugan ng pag-iisip
- Psychological na pagsusuri kapag klinikal na natukoy na dapat suriin ang kundisyon ng kalusugan ng pag-iisip



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

7 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

- Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay ng therapy sa gamot
- Pagkonsulta ukol sa sakit sa isip
- Pagsusuri sa laboratoryo, mga supply at mga supplement para sa outpatient

Mga Serbisyo sa Mga Bata ng California (California Children's Services, CCS) Programa na nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga bata hanggang sa 21 taong gulang na may partikular na sakit at problemang pangkalusugan.

Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya: Mga serbisyo upang maiwasan o maantala ang pagbubuntis.

Mga serbisyo sa pampublikong kalusugan: Mga serbisyonang pangkalusugan na naka-target sa kalakhang populasyon. Bukod sa iba pa, kabilang dito ang pagsusuri ng sitwasyong ng kalusugan, pagsubaybay sa kalusugan, promosyon ng kalusugan, mga pang-iwas na serbisyo, pagkontrol ng nakakahawang sakit, pagprotekta at paglilinis ng kapaligiran, paghahanda at pagtugon sa sakuna, at occupational health.

Mga serbisyonang wala sa lugar ng serbisyo: Mga serbisyo habang ang miyembro ay nasa labas ng lugar ng serbisyo.

Mga serbisyo sa post-stabilization: Mga serbisyonang natanggap mo pagkatapos maging stable ng pang-emergency na medikal na kundisyon.

Mga walang lunas na karamdaman: Isang kundisyong medikal na hindi na maibabalik sa dati at posibleng magdulot ng pagkamatay sa loob ng isang taon o mas mabilis pa kung masusunod ng sakit ang natural na progreso nito.

Miyembro: Sinumang kwalipikadong benepisyaryo ng Medi-Cal na nakatala sa L.A. Care at karapat-dapat na makatanggap ng Mga Nasasaklawang Serbisyo.

Nagpapatala: Miyembro ng planong pangkalusugan at tumatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.

Nakabase sa komunidad na mga serbisyo sa nasa hustong gulang (community-based adult services, CBAS): Mga serbisyo sa outpatient at nakabatay sa pasilidad para sa mga sanay na pangangalaga, social service, therapy, personal na pangangalaga, pagsasanay at pagsuporta ng pamilya at caregiver, serbisyo sa nutrisyon, transportasyon, at iba pang serbisyo para sa mga kwalipikadong miyembro.

Network: Pangkat ng mga doktor, klinika, ospital at iba pang provider na may kontrata sa L.A. Care sa pagbibigay ng pangangalaga.

Orthotic device: Device na ginagamit bilang suporta o brace na nakakabit sa katawan upang masuportahan o maiwasto ang acute na napinsala o may sakit na bahagi ng katawan at ito ay medikal na kinakailangan para sa medikal na paggaling ng miyembro.

Ospital: Lugar kung saan nakatanggap ng inpatient at outpatient na pangangalaga mula sa mga doktor at nurse.

Pag-alis sa pagkakatala: Upang ihinto ang paggamit ng planong pangkalusugan na ito dahil hindi ka na kwalipikado o magpapalit ka na ng bagong planong pangkalusugan. Dapat kang lumagda ng form na nagsasabing hindi mo na gusto ang planong pangkalusugang ito o tumawag sa HCO at hilingin na maalis sa



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

pagkakatala sa pamamagitan ng telepono.

Pag-iwas sa Mga Problema sa Kalusugan at Kapansanan ng California (California Health and Disability Prevention, CHDP): Programa sa pampublikong kalusugan na nagbibigay ng reimbursement sa pampubliko at pribadong provider sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga maagang pagsusuri ng kalusugan upang matukoy o mapigilan ang sakit ang mga kapansanan sa mga bata at kabataan. Tumutulong ang programa sa mga bata at kabataan na kwalipikado sa pagkakaroon ng access sa regular na pangangalagang pangkalusugan. Maaaring magbigay ang iyong PCP ng mga serbisyo ng CHDP.

Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali (Behavioral Health Treatment, BHT): Kabilang sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali (BHT) ang mga programa sa serbisyo at paggamot, gaya ng mga programa sa applied na pagsusuri sa pag-uugali at interbensyon na batay sa patunay sa pag-uugali ng gawi ng isang indibidwal na nagpapaunlad o nagbabalik sa dati, hanggang sa pinakamahusay na antas nito.

Pagpapaospital: Pagtanggap sa ospital para sa paggamot bilang inpatient.

Pagpapatuloy ng pangangalaga: Kakayahan ng miyembro ng plano na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa dati nilang provider nang hanggang sa 12 buwan nang walang paghinto ng serbisyo, kung sasang-ayon ang provider at L.A. Care.

Palliative na pangangalaga: Pangangalaga upang mabawasan ang pisikal, emosyonal, social at ispirituwal na kawalan ng ginhawa para sa miyembro ng matinding karamadaman.

Pandaraya: Sinasadyang pagkilos upang manloko ang isang tao na nakakaalam na maaaring magresulta ang panloloko sa hindi awtorisadong benepisyo para sa tao o sa ibang tao.

Pangangalaga para sa outpatient: Kapag hindi mo kailangang magpalipas ng magdamag sa ospital o iba pang lugar para sa medikal na pangangalagang kailangan mo.

Pangangalaga sa inpatient: Kapag kailangan mong magpalipas ng magdamag sa ospital o iba pang lugar para sa kailangan mong medikal na pangangalaga.

Pangangalaga sa ospital para sa outpatient: Medikal o pang-operasyong pangangalaga na isinasagawa sa ospital nang hindi tinatanggap bilang inpatient.

Pangangalagang pangkalusugan sa bahay: Sanay na pangangalaga at iba pang serbisyong ibinibigay sa bahay.

Pangangalaga sa emergency room: Pagsusuring isinasagawa ng doktor (o kawani sa tagubilin ng doktor na pinapahintulutan ng batas) upang malaman kung ang umiiral ang isang pang-emergency na kundisyong medikal. Medikal na kinakailangang serbisyo na kinakailangan upang gawin kang klinikal na stable sa pamamagitan ng kakayahan ng pasilidad.

Pang-emergency na medikal na transportasyon: Transportasyon sa ambulansya o sasakyang pang-emergency patungo sa emergency room upang makatanggap ng pang-emergency na medikal na pangangalaga.

Pangkalusugang Klinika sa Rural na Lugar (Rural Health Clinic , RHC): Health center sa lugar na hindi marami ang mga provider sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang makakuha ng pangunahin at pang-iwas na pangangalaga sa isang RHC.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

7 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

Pangmatagalang pangangalaga: Pangangalaga sa pasilidad sa loob ng mas mahaba sa isang buwan na pananatili.

Pangunahing pangangalaga: Tingnan ang routine na pangangalaga.

Pasilidad ng sanay na pag-aalaga: Lugar na nagbibigay ng 24 na oras sa isang araw na pangangalaga na maaari lang ibigay ng mga sanay na propesyonal sa pangangalaga.

Paunang awtorisasyon (paunang pag-apruba): Pormal na proseso na nag-aatas sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na kumuha ng paunang pag-apruba upang makapagbigay ng mga partikular na serbisyo o pamamaraan.

Paunang pag-apruba (o paunang awtorisasyon): Dapat makakuha ang iyong PCP ng pag-apruba mula sa L.A. Care bago ka makakuha ng partikular na serbisyo. Aaprubahan lang ng L.A. Care ang mga serbisyong kailangan mo. Hindi aaprubahan ng L.A. Care ang mga serbisyo ng hindi kalahok na provider kung naniniwala ang L.A. Care na makakatanggap ka ng katulad o higit na naaangkop na serbisyo sa pamamagitan ng mga provider ng L.A. Care. Ang referral ay hindi pag-apruba. Dapat kang makakuha ng pag-apruba mula sa L.A. Care.

Pederal na Kwalipikadong Health Center (Federally Qualified Health Center, FQHC): Health center sa lugar na hindi marami ang mga provider sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang makakuha ng pangunahin at pang-iwas na pangangalaga sa isang FQHC.

Plano sa pinamamahalaang pangangalaga: Medi-Cal plan na gumagamit ng partikular na doktor, espesyalista, klinika, parmasya at ospital para sa mga tumatanggap ng Medi-Cal na nakatala sa planong iyon. Ang L.A. Care ay plano sa pinamamahalaang pangangalaga.

Plano: Tingnan ang plano sa pinamamahalaang pangangalaga.

Premium: Halagang ibinabayad para sa saklaw; gastos para sa saklaw.

Prosthetic device: Artipisyal na device na nakakabit sa katawan upang mapalitan ang nawalang bahagi ng katawan.

Provider na nasa network (o nasa network na provider): Tingnan ang “Kalahok na provider” sa ibaba.

Provider na wala sa network: Provider na hindi bahagi ng network ng L.A. Care.

Provider ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip: Mga lisensyadong indibidwal na nagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at kalusugan ng pag-uugali sa mga pasyente.

Provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP): Lisensyadong provider na pinuputahan mo para sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Tumutulong ang iyong PCP na matanggap ang kailangan mong pangangalaga. Kailangang maaprubahan muna ang ilang pangangalaga, maliban kung:

- Nakakaranas ka ng emergency.
- Kailangan mo ng pangangalaga ng Ob/Gyn.
- Kailangan mo ng mga sensitibong serbisyo.
- Kailangan mo ng pangangalaga sa pagpapalano ng pamilya.

Ang iyong PCP ay maaaring isang:



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

- General practitioner
- Internist
- Pediatrician
- Family practitioner
- Ob/Gyn
- FQHC o RHC
- Nurse practitioner
- Physician assistant
- Klinika

Psychiatric na emergency na medikal na kundisyon: Problema sa pag-iisip kung saan ang mga sintomas ay matindi o malubha upang magdulot ng agarang panganib sa iyong sarili o sa iba o hindi ka kaagad makakapagbigay o makakakonsumo ng pagkain, tirahan o pananamit dahil sa problema sa pag-iisip.

Maaaring kabilang sa psychiatric na serbisyo sa emergency ang paglipat sa miyembro sa psychiatric unit sa loob ng general hospital o sa isang acute na psychiatric na ospital. Ang paglipat na ito ay upang maiwasan o mabawasan ang psychiatric na emergency na medikal na kundisyon. Bukod pa rito, naniniwala ang gumagamot na provider na ang paglipat ay hindi magresulta sa pagpapalubha ng kundisyon ng miyembro.

Reconstructive na operasyon: Operasyon kapag may problema sa bahagi ng iyong katawan. Ang problemang iyo ay maaaring dulot ng depekto sa pagsilang, sakit o pinsala. Medikal itong kinakailangan upang maging maayos ang paggana at maging maganda ang hitsura ng bahaging iyon.

Referral: Kapag sinabi ng iyong PCP na maaari kang makatanggap ng pangangalaga mula sa ibang provider. Ang ilang nasasaklawang serbisyo ay nangangailangan ng referral at paunang pag-apruba. Hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP para sa mga serbisyong ito:

- Pang-emergency na pangangalaga
- Pangangalaga ng Ob/Gyn mula sa mga provider sa network ng L.A. Care
 - Pag-iwas o paggamot sa pagbubuntis, kabilang ang pagkontrol sa pagbubuntis, mga serbisyo sa emergency contraceptive, pagsusuri sa pagbubuntis, pangangalaga bago ang panganganak, aborsyon at pamamaraang nauugnaya sa pagpapalaglag ng bata.
- Mga sensitibong serbisyo
 - Screening, pag-iwas, pagsusuri, diagnosis, at paggamot ng mga impeksyon na naililipat sa pakikipagtalik at sakit na naililipat sa pakikipagtalik.
 - Diagnosis at paggamot ng sekswal na pag-atake o panggagahasa, kabilang ang pagkuha ng medikal na patunay hinggil sa di-umano'y panggagahasa o sekswal na pag-atake.
 - Screening, pag-iwas, pagsusuri, diagnosis, at paggamot ng human immunodeficiency virus (HIV).
- Pangangalaga sa pagpapalano ng pamilya



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

7 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

- Mga propesyonal na serbisyo para sa outpatient sa kalusugan ng pag-uugali

Reklamo: Verbal o nakasulat na paglalahad ng miyembro ng pagkadismaya tungkol sa L.A. Care, provider, o kalidad ng pangangalaga o kalidad ng mga ibinibigay na serbisyo. Iisa lang ang reklamo at karaingan.

Routine na pangangalaga: Mga medikal na kinakailangang serbisyo at pang-iwas na pangangalaga, mga pagbisita ng well child, o pangangalaga gaya ng routine na follow-up na pangangalaga. Layunin ng routine na pangangalagang maiwasan ang mga problema sa kalusugan.

Saklaw (mga nasasaklawang serbisyo): Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay sa mga miyembro ng L.A. Care, na napapailim sa mga tuntunin, kundisyon, limitasyon at pagbubukod ng kontrata ng Medi-Cal at alinsunod sa nakalista sa EOC na ito at anumang pag-amyenda.

Saklaw para sa inireresetang gamot: Saklaw para sa mga gamot na inirereseta ng provider.

Sanay na pangangalaga: Mga nasasaklawang serbisyo na ibinibigay ng mga lisensyadong nurse, technician at/o therapist sa pamamalagi sa Pasilidad ng Sanay na Pangangalaga o sa bahay ng miyembro.

Tagapamahala ng kaso: Mga registered nurse o social worker na makakatulong sa iyo na maunawaan ang mga matinding problemang pangkalusugan at mag-ayos ng pangangalaga sa iyong mga provider.

Triage (o screening): Ang pagsusuri ng iyong kalusugan ng doktor o nurse na sanay sa pag-screen para sa layunin ng pagtukoy ng pagiging agaran ng kailangan mong pangangalaga.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

8. Mga tip para sa mga miyembro ng L.A. Care

Paano Kunin ang Iyong Mga Inireresetang Gamot

Maaari kang bigyan ng iyong doktor ng reseta kapag ikaw ay may sakit o may problema sa kalusugan tulad ng mataas na presyon ng dugo o diabetes. Nakabatay ang reseta sa kalagayan ng iyong kalusugan.

Para sa Mga Bagong Reseta:

Kung plano mong kumuha ng reseta sa unang pagkakataon, dapat kang pumunta sa isang parmasya na nakikipagsosyo sa L.A. Care.

Nasa direktoryo ng tagabigay ng L.A. Care ang isang listahan ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa iyong planong pangkalusugan. Upang makakita ng parmasya na malapit sa iyo, bisitahin ang aming website sa **lacare.org** o tumawag sa **Member Services na toll-free sa 1-888-839-9909 sa karaniwang oras ng trabaho, Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m.** Kung nakakaranas ka ng emergency o isyu na kailangan ng agarangan pansin, may kawani kami na makakatulong sa iyo 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga pista opisyal. Maaari kang tumawag sa **1-888-839-9909**. Sa ilang sitwasyon, maaari ka ring kumuha ng supply para sa emergency mula sa isang parmasya.

Mga Muling Pagkuha ng Mga Gamot na Inireseta:

Kung muli kang kukuha ng dati nang reseta, dapat kang pumunta sa isang parmasya na nakikipagsosyo sa L.A. Care. Maaari ka na rin ngayong makakuha ng hanggang sa 90 araw na supply ng pangmentinang gamot sa ilang partikular na lokal na parmasya o sa pamamagitan ng mail order. Upang makakuha ng supply para sa 90 araw, mangyaring hilingin sa iyong doktor na sumulat ng reseta para sa supply para sa 90 araw, nang may mga muling pagkuha, para sa iyong pangmentinang gamot. Nakikipagsosyo ang L.A. Care sa mga parmasya sa buong Los Angeles County upang ialok ang serbisyong ito.

Mail Order na Parmasya:

Upang makatanggap ng hanggang 90 araw na supply ng iyong mga pangmentinang gamot na ipinapadala sa iyong bahay o trabaho, dapat mong gamitin ang serbisyo ng L.A. Care Health Plan sa mail order na parmasya. Pakitawagan ang Member Services nang toll-free sa **1-888-839-9909** upang makapagdala sa bahay mo ng form ng aplikasyon para sa mail order na parmasya. Makakakuha ka rin ng form ng aplikasyon para sa mail order na parmasya sa Internet sa **lacare.org**.

- Pumunta sa "For Members" (Para sa Mga Miyembro)
- Sa ilalim ng "Member Services" sa kaliwa, mag-click sa "Pharmacy Services" (Mga Serbisyo ng Parmasya)
- Mag-scroll pababa sa page na "Pharmacy Services" hanggang sa makita mo ang seksyong, "An online option to order prescriptions" (Online na opysin sa pag-order ng mga inireresetang gamot)
- Mag-click sa "Mail Order Pharmacy Form" (Form para sa Mail Order na Parmasya) at sundin ang mga tagubilin



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

8 | Mga tip para sa mga miyembro ng L.A. Care

Ang mail order ay opsyonal na serbisyo kung gusto mong gamitin ito.

May Espesyalidad na Parmasya:

Maaaring atasan ka ng L.A. Care Health Plan na kumuha ng ilang espesyal na gamot sa pamamagitan ng aming mga nakakontratang may espesyalidad na parmasya sa sanay sa pangangasiwa ng mga espesyal na gamot.

- Ang mga may espesyalidad na parmasya ay may mga clinician at kawani na sumailalim sa mahusay na pagsasanay upang makapagbigay sa mga miyembro ng naka-personalize na suporta para sa kanilang mga karamdaman na hindi gumagaling at kumplikadong sakit.
- Available lang ang mga espesyal na gamot hanggang sa isang buwan na supply dahil sa mataas na presyo at demand ng mga ito.
- Ipapadala ng mga may espesyalidad na parmasya ang mga gamot sa iyong bahay.
- Ilang mga espesyal na gamot na dapat i-supply ng partikular na may espesyalidad na parmasya ay nasa listahan ng mga nasasaklawang gamot, na tinatawag na pormularyo.
- Makikita mo ang aming pormularyo sa **lacare.org**.
 - Pumunta sa "For Members" (Para sa Mga Miyembro)
 - Sa ilalim ng "Member Services" sa kaliwa, mag-click sa "Pharmacy Services" (Mga Serbisyo ng Parmasya)
 - Ang aming Medi-Cal Formulary (Pormularyo ng Medi-Cal) ay nakalista sa ilalim ng "Mga Mapagkukunan"

Paano Kumuha ng Inireresetang Gamot sa Parmasya:

1. Pumili ng kakontratang parmasyang malapit sa iyo.
2. Dalhin ang iyong reseta sa parmasya.
3. Ibigay ang reseta sa kawani ng parmasya kasama ang iyong ID card ng miyembro ng L.A. Care. Makakatulong ito sa parmasya na malagyan ang iyong inireresetang gamot.
4. Tiyaking ibigay sa parmasya ang iyong tamang address at numero ng telepono.
5. Tiyaking alam ng parmasya ang tungkol sa lahat ng gamot na ginagamit mo at anumang allergy na maaaring mayroon ka sa anumang gamot.
6. Kung may mga tanong ka tungkol sa iyong (mga) reseta, tiyaking tanungin ang pharmacist.

Hindi dapat hingan ng bayad ang Mga Miyembro ng Medi-Cal para sa mga inireresetang gamot. Kung isa kang miyembro ng Medi-Cal at hiniling na magbayad para sa inireresetang gamot, tumawag sa L.A. Care sa 1-888-839-9909 (TTY: 711).

Kung mayroon kang emergency o isyung nangangailangan ng agarang pansin, mayroon kaming kawaning makakatulong sa iyo 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo kabilang ang mga pista opisyal. Maaari kang tumawag sa **1-888-839-9909 (TTY: 711)**.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909 (TTY: 711)**.

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Ano ang isang formulary?

Gumagamit ang L.A. Care ng isang listahan ng mga naaprubahang gamot na tinatawag na "formulary." Sinusuri ng isang committee ng mga doktor at pharmacist ng L.A. Care ang mga gamot na idadagdag o inaalis sa pormularyo kada tatlong (3) buwan. Ang mga gamot ay maaaring idagdag sa formulary kapag ang lahat ng mga ito ay ang mga sumusunod:

- Inaprubahan ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA)
- Tinatanggap na ligtas at mabisa.

Kadalasan, inirereseta ng iyong PCP ang mga gamot mula sa pormularyo ng L.A. Care. Magreseta lang ang iyong PCP ng gamot batay sa kalagayan ng iyong kalusugan, at kung kailangan ng gamot upang mapabuti ang iyong kalusugan. Maaari kang tumawag sa L.A. Care upang humingi ng isang kopya ng formulary sa iyong wika, malalaking letra, audio, o ibang alternatibong format. Maaari mo ring tawagan ang L.A. Care para sa isang listahan na naghahambing ng lahat ng formulary sa planong pangkalusugan.

Mga Branded na Gamot / Generic na Gamot

Ang generic na gamot ay may parehong aktibong sangkap katulad ng sa may tatak na bersyon ng gamot. Ang mga generic na gamot ay naaprubahan ng Food and Drug Administration (FDA) at kadalasang mas mababa ang halaga kaysa sa mga gamot na may pangalang tatak. Ibinibigay ang mga generic na gamot, maliban na lang kung may dokumentadong medikal na dahilan na nagbabawal sa paggamit ng generic na bersyon o kung walang generic na gamot para sa branded na gamot. Dapat makipag-ugnayan ang iyong doktor sa L.A. Care upang makakuha ng pahintulot na magbigay ng gamot na may tatak.

Mga gamot na wala sa pormularyo

Kung minsan, maaaring kailanganin ng iyong doktor na magreseta ng isang gamot na wala sa pormularyo. Dapat makipag-ugnayan ang iyong doktor sa L.A. Care at humiling ng paunang pahintulot upang makakuha ng pahintulot. Upang magpasya kung ang gamot na ito ay sasakupin, ang L.A. Care ay maaaring humingi sa iyong doktor na PCP o sa pharmacist (o pareho) ng karagdagang impormasyon. Sa loob ng 24 na oras pagkatapos makuha ang kahilingan para sa paunang pahintulot, sasabihan ng L.A. Care ang iyong tagabigay at parmasya kung awtorisado ang gamot. Pagkatapos, ipapaalam sa iyo ng L.A. Care at/o ng iyong tagabigay o parmasya kung sinasaklaw ang iyong gamot o hindi. Kung ang gamot ay inaprubahan, makukuha mo ang gamot sa isang parmasya na nakikipagtulungan sa L.A. Care. Kung ang gamot ay hindi inaprubahan, may karapatan kang iapela ang desisyon. Ang isang "apela" ay kapag gusto mong mapag-aralan ang isang desisyon. Maaari kang matuto nang higit pa tungkol dito sa seksyong "Mga reklamo: Ano ang dapat kong gawin kung hindi ako nasisiyahan?" ng handbook na ito.

Anu-anong gamot ang sinasaklaw?

Makukuha mo ang mga sumusunod na gamot at ibang item kapag ang mga ito ay inireseta ng iyong doktor at kapag medikal na kinakailangan:

- Mga gamot na kailangan ng reseta na nakalista sa formulary ng L.A. Care
- Mga gamot na hindi kailangan ng reseta o nabibili nang walang reseta (tulad ng mga syrup para sa ubo, mga cough drop o aspirin) na nakalista sa formulary ng L.A. Care



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

8 | Mga tip para sa mga miyembro ng L.A. Care

- Mga bagay pangdiyabetiko: insulin, mga karayom para sa insulin, mga strip sa pagsusuri ng glucose, mga lancet at mga kagamitan sa pagtusok ng lancet, mga sistema ng pagbibigay sa pamamagitan ng pen, mga pangsubaybay sa asukal sa dugo kabilang ang mga pansubaybay ng may kapansanan sa paningin, at mga ketone na testing strip para sa ihi
- Mga inaprubahan ng FDA na pangkontrol ng pagbubuntis, pildoras sa pagkontrol ng pagbubuntis, diaphragm, condom at jelly na pangkontrol sa pagbubuntis na nasa formulary ng L.A. Care
- Pang-emergency na pangontra sa pagbubuntis
- Mga EpiPen, peak flow meter at spacer

Anong mga gamot ang hindi nasasaklawan?

- Mga gamot mula sa parmasyang wala sa network, maliban sa mga gamot na kailangan dahil sa isang emergency
- Mga gamot na wala sa formulary, maliban na lang kung may pahintulot mula sa L.A. Care sa pamamagitan ng paunang pahintulot
- Mga gamot na may katangiang pang-eksperimento o pansiyasat, maliban sa mga partikular na kaso ng karamdamang hindi na gagaling. Kung ikaw ay pinagkaitan ng isang pang-eksperimento o pansiyasat na gamot, may karapatan kang humiling ng isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR). Maaari kang matuto nang higit pa tungkol dito sa seksyong “Mga reklamo: Ano ang dapat kong gawin kung hindi ako nasisiyahan?” ng handbook na ito
- Mga pampagandang gamot, maliban kung inireseta para sa mga kondisyong pangangailangang medikal
- Mga produkto para sa pagdidiyeta o nutrisyon, maliban kapag pangangailangang medikal o para sa paggamot ng Phenylketonuria
- Anumang iniiniksyong gamot na hindi pangangailangang medikal at hindi inireseta ng isang doktor
- Mga pampabawas ng ganang kumain, maliban kung pangangailangang medikal para sa labis na katabaan
- Mga pamalit sa mga nawala o nasirang gamot na hindi hihigit sa dalawang (2) beses sa bawat taon sa kalendaryo (mula Enero hanggang Disyembre)
- Mga gamot sa pagkabaog

Emergency na kontrasepsyon (“Plan B”)

Maaari kang makakuha ng mga pang-emergency na contraceptive na gamot mula sa:

- Ang iyong PCP
- Isang parmasya na may reseta mula sa iyong doktor, kung ikaw ay mas bata kaysa 17 taong gulang
- Isang parmasya nang walang reseta kung ikaw ay 17 taong gulang o mas matanda
- Isang parmasyang wala sa network ng L.A. Care. Kung ganito ang iyong kalagayan, maaari kang pagbayarin para sa serbisyo. Ibabalik ng L.A. Care ang ibinayad mo.
- Local na klinika sa pagpapalano ng pamilya



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Tawagan ang L.A. Care para sa listahan ng mga parmasya na nagbibigay ng mga pang-emergency na gamot na pangontra sa pagbubuntis.

Paano ka makakakuha ng mga gamot kapag may emergency, pagkatapos ng mga oras ng trabaho at kapag may mga pista opisyal?

Mga gamot na wala sa formulary, maliban na lang kung may pahintulot mula sa L.A. Care sa pamamagitan ng paunang pahintulot

- May access ang mga miyembro ng L.A. Care sa mga parmasyang bukas nang “24 na Oras” na nakikipagtulungan sa L.A. Care at bukas nang 24 na oras, 7 araw sa isang linggo.
- Mahahanap mo ang parmasyang bukas nang “24 na Oras” na pinakamalapit sa iyo sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa lacare.org.
- Maaaring ibigay ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa L.A. Care ang iyong mga gamot anumang oras at kapag may emergency.
- Kapag may emergency, awtorisado ring ang iyong pharmacist na magbigay ng gamot para sa tatlong (3) araw o 72 oras upang maiwasan ang pagkaantala ng kasalukuyan mong therapy ng gamot.

Medicare Part D: Saklaw sa inireresetang gamot para sa mga benepisyaryo na may Medicare at Medi-Cal.

Ang Medicare ay nangangasiwa ng pederal na programa sa gamot na kailangan ng reseta na tinatawag na Medicare Part D. Kung ikaw ay isang benepisyaryo ng Medi-Cal na may Medicare, makukuha mo ang karamihan ng iyong mga gamot na kailangan ng reseta mula sa Medicare. May ilang gamot na kailangan ng reseta na hindi nasasaklawan ng Medicare, ngunit nasasaklawan ng Medi-Cal, na maaari mong makuha sa pamamagitan ng Medi-Cal. Gayunpaman, kung mayroon kang Medi-Cal na may L.A. Care at Medicare Part D na saklaw kasama ang isa pang planong pangkalusugan, hindi mabibigay ng iyong parmasya ang iyong mga reseta sa Medicare Part D sa iyong saklaw sa L.A. Care Medi-Cal. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong Medicare Part D Plan. Pakitawagan ang L.A. Care para sa karagdagang impormasyon. Upang matuto pa tungkol sa Medicare Part D at upang pumili ng isang Medicare Prescription Drug Plan, tumawag sa Medicare sa 1-800-633-4227 o pumunta sa medicare.gov.

Tulong sa ibang wika at para sa mga taong may kapansanan: Paano ako makakakuha ng tulong?

Mga nakasulat na dokumento sa iyong wika at format

May karapatan kang makakuha ng nakasulat na impormasyon mula sa L.A. Care sa alinman sa mga wikang ito: Spanish, Armenian, Chinese, Farsi, Khmer, Korean, Tagalog, Russian, Vietnamese at Ingles. Maaari ka ring makakuha ng nakasulat na impormasyon sa malaking print, audio at iba pang format.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Libreng tulong sa pagsasalin

May karapatan kang makatanggap ng libreng tulong sa pagsasalin sa tuwing tumatanggap ka ng pangangalagang pangkalusugan. Nag-aalok ang L.A. Care ng mga libreng tulong sa pagsasalin sa wikang ginagamit mo, at sa American Sign Language. Libre ang tulong na ito 24 na oras sa isang araw, pitong (7) araw sa isang linggo. Dapat kang gumamit ng sanay na interpreter sa mga pagbisita mo sa iyong doktor. Ang isang interpreter ay indbidwal na nagsasalin ng sinasabi o sign language sa ibang wika o sign language. Mauunawaan ka ng iyong doktor, at mauunawaan mo ang iyong kalusugan at mas mapapangalagaan mo ang iyong sarili. Ang mga interpreter ay mga sanay na propesyunal. May kaalaman sila sa mga salitang ginagamit sa pangangalagang pangkalusugan. Isasalin nila ang lahat ng napag-uusapan ninyo ng iyong doktor sa tamang paraan. Papanatilihin nilang pribado ang pag-uusap ninyo ng iyong doktor. Hindi ka dapat gumamit ng mga kaibigan, kapamilya, o lalo na ng mga bata upang magsalin para sa iyo.

Tumawag sa Member Services ng L.A. Care kung kailangan mo ng tulong sa pagsasalin. Matutulungan ka namin sa telepono sa ginagamit mong wika at matitiyak naming mayroon kang tagasalin para sa susunod mong pagbisita:

Hakbang 1 Magpaikedyul ng appointment upang makapagpatingin sa iyong doktor

Hakbang 2 Tumawag sa L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**) nang hindi bababa sa sampung araw ng negosyo bago ang appointment.

Ihanda ang impormasyong ito:

- Iyong pangalan
- Iyong plan ID number
- Petsa at oras ng iyong appointment
- Pangalan ng doktor
- Address at numero ng telepono ng doktor

Kung magbabago o makakansela ang iyong appointment sa iyong doktor, tumawag sa L.A. Care sa lalong madaling panahon.

TTY

Ang mga miyembro na bingi at may problema sa pandinig ay maaaring tumawag sa **711** gamit ang TTY device. Makakaugnayan mo sa numerong ito ang California Relay Service (CRS). Tutulungan ka ng mga sanay na operator sa CRS na makipag-ugnayan sa L.A. Care o sa iyong doktor. Upang gamitin ang mga serbisyo sa boses, tumawag sa **1-888-877-5379** (Sprint) o **1-800-735-2922** (MCI).

Pag-access ng impormasyon para sa mga taong may kapansanan

Maraming tanggapan at klinika ng doktor ang nag-aalok ng tulong na nagpapasimple ng mga medikal na pagbisita. Nag-aalok sila ng accessible na mga paradahan, rampa, malaking exam room, at timbangang magagamitan ng wheelchair. Makakahanap ka ng mga doktor na nag-aalok ng mga naturang tulong sa Direktoryo ng Provider. Matutulungan ka rin ng Member Services ng L.A. Care na maghanap ng doktor na makakatugon sa mga espesyal mong pangangailangan.



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.

Hindi maaaring ipagkait sa iyo ng tanggapan ng doktor, klinika o ospital ang mga tulong dahil ikaw ay may kapansanan. Tumawag kaagad sa Member Services ng L.A. Care kung hindi mo makuha ang kailangan mong tulong o nahihirapan kang makuha ang mga ito.

Huwag kalimutan na: Sabihan ang tanggapan ng iyong doktor kung maaaring mangailangan ka ng karagdagang oras o tulong sa iyong pagbisita.

Mga Reklamo

Maaari kang maghain ng reklamo kung:

- Pakiramdam mo ay pinagkaitan ka ng tulong dahil sa isang kapansanan o dahil hindi ka nagsasalita ng Ingles
- Hindi ka makakuha ng tagasaling-wika
- Mayroon kang reklamo tungkol sa tagasaling-wika
- Hindi ka makakuha ng impormasyon sa iyong wika
- Hindi natugunan ang iyong mga pangkulturang pangangailangan


Matuto pa tungkol sa kung paano maghain ng reklamo. Pumunta sa seksyong “Pag-uulat at paglutas ng mga problema” ng handbook na ito



Tawagan ang Member Services sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**).

Handang tumulong ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal. Toll free ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **lacare.org**.



L.A. Care
HEALTH PLAN®



Walang Bayad: **1.888.839.9909** | TTY: 711



lacare.org

